

MATEO

# INTRODUKSYON

Sino ba si Mateo? Mababasa natin sa Ebanghelyo na maniningil ng buwis si Mateo na tinatawag ding Levi. Tinawag siya ni Jesus na maging isa sa labindalawang apostol (Mt 9:9 at Mc 2:13). Layunin ng Ebanghelyo ni Mateo na mailahad nang maayos ang aral ni Jesus. Hindi niya binanggit ang maraming detalye tungkol sa mga gawa ni Jesus na kanyang isinasalaysay, sa halip ay mga salita ni Jesus ang binigyang-pansin niya.

Bilang introduksyon, ilang istorya tungkol sa kamusmusan ni Jesus ang inilagay ni Mateo sa simula ng kanyang Ebanghelyo. Mahahati naman sa limang bahagi ang kabuuan ng Ebanghelyo; nagsisimula sa mga gawa ni Jesus ang bawat isa, at nagwawakas naman sa kanyang pananalita. Narito ang lima niyang diskursong ito:

Ang Bagong Batas: 5-7.
Mga tagubilin sa mga misyonero: 10.
Mga talinhaga ng Kaharian: 13
Mga salita tungkol sa pamayanang Kristiyano: 18.
Ang Kinabukasan ng Iglesya: 23-25.

Isinulat ang Ebanghelyo ni Mateo para gamitin ng mga pamayanang Kristiyano na mga Judio ang nakararami. Kaya ipinakikita nito na si Jesus ang Mesiyas na hinihintay ng mga Judio. Binigyang-diin nito na binigyang-kaganapan ni Jesus ang maraming propesiya ng Matandang Tipan tungkol sa Mesiyas at sa kanyang mga daan: Mt 4:14; 8:17; 12:17...

Maraming beses nitong inuulit ang mensaheng ito: dapat munang ipangaral sa mga Judio ang kaharian ng Diyos, pero alam ni Jesus na tatanggihan nila ito, kaya mga bansang pagano ang pagpapahayagan ng Iglesya.

Para sa Ebanghelyo ni Mateo, si Jesus ang Guro ng sangkatauhan. Isang daan ng kaganapan ang itinuturo sa atin ng kanyang aral at mga talinhaga, at ibinibigay ang mga panuntunan para sa sama-sama nating pamumuhay sa isang dukhang Iglesyang kung saan pantay-pantay ang lahat.

Sa edisyong ito, walang ibinibigay na mga paliwanag sa mga talatang halos kapareho ng nasa Ebanghelyo ni Marcos, at doon ipinapaliwanag.

**Ang mga ninuno ni Jesus**
*(Lc 3:23)*

**1** • 1 Ito ang libro ng pinagmulan ni
Jesucristo, anak ni David at anak ni
Abraham.
2 Si Abraham ang ama ni Isaac, si Isaac
ang ama ni Jacob, si Jacob ang ama ni
Juda at ng kanyang mga kapatid.
3 Si Juda ang ama nina Parez at Zerah (si
Tamar ang kanilang ina), si Parez ang ama
ni Esron, at si Esron ni Aram. 4 Si Aram
naman ang ama ni Aminadab, si Ami-
nadab ni Naason, si Naason ni Salmon.
5 Si Salmon ang ama ni Boaz, at si
Rahab naman ang kanyang ina. Si Boaz
ang ama ni Obed, si Ruth ang kanyang
ina. Si Obed naman ang ama ni Jese.
6 Si Jese ang ama ni David na hari. Si
David ang ama ni Solomon, at ang naging
maybahay ni Urias ang kanyang ina.
7 Si Solomon ang ama ni Rehoboam na
ama ni Abias, at sumunod naman ang
mga haring sina Asa, 8 Yosafat, Yoram,
Ocias, 9 Yoatan, Ahaz, Ezekias, 10 Mana-
ses, Amon at Yosias.
11 Si Yosias ang ama ni Yekonias at ng
kanyang mga kapatid, sa panahon ng
pagkatapon sa Babilonia.
12 Pagkatapos naman ng pagkatapon
sa Babilonia – si Yekonias ang ama ni
Salatiel na ama ni Zorobabel.
13 Si Zorobabel ang ama ni Abiud, si
Abiud ni Eliakim, at si Eliakim ni Azor.
14 Si Azor ang ama ni Sadok, si Sadok ni
Akim, at si Akim ni Eliud. 15 Si Eliud ang
ama ni Eleazar, si Eleazar ni Matan at si
Matan ni Jacob.
16 Si Jacob ang ama ni Jose – ang
asawa ni Maria na siyang pinagmulan ni
Jesus na tinawag na Kristo.
17 Kaya may labing-apat na salinlahi
mula kay Abraham hanggang kay David
at labing-apat mula kay David hanggang
sa pagkatapon sa Babilonia at labing-apat
din hanggang sa Kristo.

**Ipinanganak si Jesus ng Birheng Ina**
*(Lc 1:27)*

• 18 Ganito ipinanganak si Jesucristo.

---

• **1.1** Umusbong ang Tagapagligtas mula sa ating lupa at mula sa piling lahi ng Israel (Is 45:8). May 42 pangalan sa listahang ito na nahahati sa tatlong tigla-*labing-apat* na pangalan. Makahulugan ang bilang na ito para sa mga Judio. At malinaw na hindi kumpleto ang listahan.

*Anak ni Abraham* si Jesus. Si Abraham ang ama ng mga sumasampalataya. Ipinangako ng Diyos dito na pagbubuklurin niya sa lahi nito ang lahat ng bansa. Nasa Rut 4:18 ang unang pangkat ng mga pangalan.

*Anak* din *ni David* si Jesus gaya ng sinabi ng mga propeta tungkol sa Tagapagligtas. May papel sa Banal na Kasaysayan ang mga hari na mga anak ni David. Nag-iwan ng magandang alaala ang ilan sa kanila at ang iba nama'y napakasasama. Pero walang sinasabi ang Biblia tungkol sa mga inapo ni *Zorobabel* (Esdras 3 at 4).

Umabot ang listahan kay Jose na ama sa turing ni Jesus (b.16). Para sa mga Judio, sapat na ang pag-aampong ito para ituring si Jesus na anak ni David gaya ni Jose.

Kabilang sa talaan ang apat na babae, na binabanggit na lahat sa Biblia: si *Tamar* (Gen 38) na ibinigay ang lahat upang hindi mawala ang pagpapala ng Diyos; si *Rahab* na isang babaeng bayaran na pinararangalan ng Biblia (Josue 2). Si *Ruth* na isa pang dayuhang huwaran ang pamumuhay. Ang *biyuda ni Urias*, ang magandang si *Betsabe* na kabahagi sa kasalanan ni David.

Maingat na ibinabalita ng lahat ng ito ang dumating para iligtas ang mga makasalanan at buksan ang Kaharian ng Israel sa maraming taong galing sa ibang bayan.

Inilalarawan ng listahang ito ang pamanang isinalin ni Jose kay Jesus. Ipapasa naman ni Jesus sa sarili niyang bayan, sa Iglesya, ang espirituwal na pamanang ito mula sa Israel. Marami tayong tinanggap sa mga Judio, ang Matandang Tipan na lamang, halimbawa, na siyang Biblia ng mga Judio.

Nakaugat si Jesus sa sangkatauhan. Siya ang bunga ng daan-dantaong kasaysayang batbat ng pagdurusa at kasalanan, at pati ng pag-asa at pagpapala. Ang pag-dating ng Tagapagligtas ang sukdulan ng mahaba at mabagal na pagsulong ng bayang Judio. Dapat nating malaman na kaisa tayong lahat ni Kristo, una sa lahat sa dugo at saka lamang sa pananampalataya. Ang kasaysayan ng ating panahon, pati na ang sa ating mga pamilya, ay paghahanda sa muling pagdating ni Kristo.

*Ito ang libro ng pinagmulan ni Jesucristo*... Ipina-liliwanag ng solemneng pananalitang ito na inspirado ng Gen 2:4 at 5:1 na binubuksan ni Jesus ang isang bagong panahon sa kasaysayan: ang Bagong Tipan.

• 18. Hindi pinangangahasang ipahayag ng pabulong at halos di naririnig na mga pangungusap na ito ang misteryo ni Mariang Birhen. Sa pamamagitan niya pumapaitaas sa Diyos ang buhay sa lupa para ialay

Ipinagkasundo na kay Jose ang kanyang
inang si Maria pero bago sila nagsama
bilang mag-asawa, nagdadalantao na
siya gawa ng Espiritu Santo.
19 Kaya binalak ni Jose na hiwalayan
nang lihim ang kanyang asawa. Matuwid
nga siya at ayaw niya itong mapahiya.
20 Habang iniisip-isip niya ito, napakita
sa kanya sa panaginip ang Anghel ng
Panginoon at sinabi: "Jose, anak ni David,
huwag kang matakot na tanggapin si
Maria bilang iyong asawa. Gawa ng Espi-
ritu Santo kaya siya naglihi, 21 at manga-
nganak siya ng isang sanggol na lalaki, na
pangangalanan mong *Jesus* sapagkat
siya ang magliligtas sa kanyang samba-
yanan mula sa kanilang mga kasalanan."
22 Nangyari ang lahat ng ito para matu-
pad ang sinabi ng Panginoon sa pamama-
gitan ng Propeta: 23 *"Maglilihi ang birhen
at magsisilang ng isang sanggol na lalaki
at tatawagin nila siyang Emmanuel na
ibig sabihi'y Nasa-atin-ang-Diyos."* 24 Ka-
ya pagkagising ni Jose, ginawa niya ang
sinabi ng Anghel ng Panginoon at tinang-
gap niya ang kanyang asawa. 25 Ngunit
hindi sila nagtalik bago isilang ang sang-
gol. At pinangalanan niya itong Jesus.

---

bilang isang handog. Isang sugo ang lumitaw sa gitna ng gabi at nangungusap ng mga tahimik na salita: pahiwatig ng isang mundong bukas sa buhay na presensya ng Diyos.

Tungkol sa pagkabirhen ni Maria, tingnan ang paliwanag sa Lc 1:26.

*Ipinagkasundo... si Maria.* Sa bayang Judio, halos ibinibigay na rin ng kalagayang ito ang mga karapatan ng pag-aasawa, lalo na ang mga karapatang pangmag-asawa. Lamang ay patuloy pa ring nakatira ang babae sa bahay ng kanyang ama at sa ilalim ng kapangyarihan nito. Napakalaki ng pagpapahalaga ng lipunang Judio sa lalaki. Ang babae ay dapat na maging pag-aari ng isang lalaki – ng kanyang ama, asawa o anak na lalaki. *Asawa* na ni Jose si Maria, pero hindi pa sakop nito hangga't hindi pa niya ito *tinatanggap* sa kanyang bahay (b. 20 at 24).

Bunga ng pagninilay sa saloobin ni Maria, batay sa Ebanghelyo at sa pananampalataya't karanasan ng Iglesya, marami ang nagsasabing inialay na ni Maria ang kanyang sarili sa Diyos. Pambihira ang ganitong desisyon sa lipunang Judio. Ngunit kung binigyang-inspirasyon ng Diyos si Maria, kailangan siyang makakita ng lalaking rerespeto sa pagkabirhen niya sa kabila ng pagiging tunay nilang mag-asawa ayon sa batas.

Kung pambihira ang pagkabirhen ni Maria, hindi naman magiging gayon kapambihira para kay Jose na pumasok sa buhay ng kadalisayan. Sapagkat alam natin na noong panahong iyo'y may mga grupo ng mga Judio na tinatawag na mga Esenio ang nabubuhay sa kadalisayan at di nag-aasawa na parang mga monghe, habang hinihintay nila ang pagdating ng Tagapagligtas. Kaya hindi magiging hadlang si Jose kay Maria kundi magiging alalay pa ito sa kanya.

*Binalak ni Jose na hiwalayan nang lihim ang kanyang asawa.* Sinasabi sa atin ng Ebanghelyo na ganito ang balak niyang gawin ayon sa Batas (Dt 24:1) para hindi mapahiya si Maria, ngunit hindi nito nililinaw ang mga dahilan kung bakit gusto niyang hiwalayan si Maria:

– Dahil siguro nalaman niyang buntis si Maria pero wala naman itong anumang sinasabi sa kanya, kaya naghinala siya na may kung anong misteryong nangyayari at wala na siyang iba pang solusyon kundi hiwalayan ito.

– Maaari rin namang nalaman niya kay Maria ang nangyari kayat ayaw niyang maging pampagulo lamang sa napakagandang nangyayari.

Sa unang dahilan, mahirap ipalagay na pinagdududahan ni Jose ang katapatan ni Maria: hindi sila ang klase ng taong maaaring magtaksil, at alam ito ni Jose.

Sa pangalawang dahilan naman, sinasabi ng ilang biblista na dapat isalin nang ganito ang pangungusap: *Sa Espiritu Santo nga galing ang kanyang ipinaglihi, ngunit ikaw ang magpapangalan ng Jesus sa sanggol na kanyang isisilang.*

Maliwanag na ang pagbabalita ng anghel ay hindi talaga para ipaliwanag ang pagdadalantao ni Maria sa pagsasabing: "Naglihi siya dahil sa Espiritu Santo," kundi para sabihin kay Jose ang papel nito sa plano ng Diyos: "Ikaw ang magpapangalan sa kanya ng Jesus" o "Tatanggapin mo siya bilang sarili mong anak."

*Inapo ni David* si Jose. Ipinahayag ng mga propeta na magiging inapo ni Haring David mula sa tribu ng Juda ang Tagapagligtas. Malamang na hindi kabilang si Maria sa tribung iyon kundi sa isang angkan ng mga pari o sa tribu ng Levi gaya ng kanyang pinsang si Elizabeth (Lc 1:5). Niloob ng Diyos na magkatotoo ang mga propesiya (Isaias 7:14) sa pamamagitan ni Jose na inapo ni David at ama sa turing ng bata.

*Pangangalanan mong Jesus.* Jesus ang katumbas sa ating wika ng Yeshua (malapit sa Josue) na isang pangkaraniwang pangalang Judio na *Tagapagligtas* ang ibig sabihin.

Sagisag ng malalim na pananampalataya at pagsasadiyos ang pagkaama sa turing ni Jose. Gaano karaming lalaki ang nagdududa matapos basahin ang pahinang ito! Iniisip nilang hindi pupuwede kahit na ang Diyos kung wala sila! Ngunit ito nga mismo ang problema. Hindi puwedeng magkaroon ng dalawang ama. Sapagkat si Jesus na sa panaho'y ipinanganak ni Maria ang siyang Bugtong na Anak ng Ama, na sa kawalang-hangga'y isinilang ng Diyos.

Ipinakikita sa atin ng tekstong ito kung hanggang saan tinanggap ng Anak ng Diyos sa kanyang pagkakatawang-tao ang lahat ng panganib ng pagiging tao, liban sa kasalanan. Hindi niya iniligtas si

**Ang mga pantas na galing sa Silangan**

**2** • 1 Pagkapanganak kay Jesus sa Betlehem sa Judea, sa panahon ni Haring Herodes, dumating sa Jerusalem ang ilang pantas mula sa Silangan. 2 Nagtanong sila: "Nasaan ang bagong silang na hari ng mga Judio? Nakita namin ang pagsikat ng kanyang tala sa Silangan at naparito kami para sambahin siya."

3 Nang marinig ito ni Herodes, naligalig siya at ang buong Jerusalem. 4 Ipinatawag niya kaagad ang buong kaparian at ang mga dalubhasa sa Batas, at itinanong sa kanila kung saan ipanganganak ang Mesiyas.

5 At sinabi nila: "Sa Betlehem ng Juda sapagkat ito ang isinulat ng Propeta: 6 *"At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, hindi ikaw ang pinakaaba sa mga angkan ng Juda, sapagkat sa iyo magmumula ang isang pinuno: siya ang magiging pastol ng aking bayang Israel."*

7 Kaya lihim na tinawag ni Herodes ang mga pantas at hiningi sa kanila ang mga impormasyon tungkol sa sumikat na tala. 8 At saka niya sila pinapunta sa Betlehem at sinabi: "Pumunta kayo at alamin ang tungkol sa bata. Pagkakita ninyo sa kanya, bumalik kayo sa akin para makapunta rin ako sa kanya at makasamba."

9 Umalis sila pagkarinig nila sa hari. Nagpauna sa kanila ang tala na nakita nila sa Silangan, at tumigil ito sa itaas ng lugar na kinaroroonan ng sanggol. 10 Labis na natuwa ang mga pantas nang makita nilang muli ang tala! 11 Pumasok sila sa bahay at nakita nila ang sanggol kasama ni Mariang kanyang ina. Lumuhod sila at sumamba, at binuksan ang kanilang mga mamahaling dala at hinandugan siya ng mga regalong ginto, kamanyang at mira.

12 At nag-iba sila ng daan pag-uwi nila sa kanilang lupain dahil binilinan sila sa panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes.

**Ang pagtakas pa-Ehipto**

• 13 Pagkaalis ng mga pantas, napakita kay Jose ang Anghel ng Panginoon sa panaginip at sinabi: "Bumangon ka, dalhin ang sanggol at ang kanyang ina at tumakas pa-Ehipto. Manatili ka roon hanggang sa tawagin ko kayo. Hahanapin nga ni Herodes ang sanggol para patayin."

14 Bumangon si Jose, at nang gabi ring iyo'y dinala ang sanggol at ang ina nito pa-Ehipto. 15 Doon sila nanirahan hanggang mamatay si Herodes. Sa ganito natupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng Propeta: *"Tinawag ko ang aking anak mula sa Ehipto."*

---

Jose sa pagkalito, o si Maria sa posibleng kahihiyan sa maselang pangyayaring ito.

• **2.**1 *Para mas maintindihan ang ikalawang kabanatang ito ni Mateo, dapat nating malaman na kabilang ito sa isang tipo ng panitikan na usung-uso sa mga Judio nang panahong iyon: dito pinaghahalo ang kasaysayan at kathang-isip taglay ang pangunahing layuning turuan tayo sa pamamagitan ng mga larawan.*

Hindi mga hari at hindi rin tatlo lamang ang mga *Mago* o *Pantas,* kundi mga manghuhula at mga pari ng isang paganong relihiyon. Samantalang walang balitang tinatanggap tungkol sa kapanganakan ni Jesus ang mga pari ng mga Judio na mga pinuno ng bayan ng Diyos, ipinagbibigay-alam naman ito ng Diyos sa ilan niyang kaibigang malayo pa rin sa tunay na pananampalataya. Para sa lahat ng panahon ang aral na ito: si Jesus ang Tagapagligtas ng lahat ng tao at hindi lamang ng mga nasa kanyang Iglesya.

Paalala sa atin ang bituin (o *tala*) na tinatawag ng Diyos ang bawat isa ayon sa kanyang pagkatao. Tinawag ni Jesus ang mga mangingisda ng Galilea kasunod ng mahimalang huli ng isda; sa mga bituin naman tumitingin ang mga pagano kaya sa pamamagitan ng bituin sila tinawag ng Diyos. Alam ng Diyos kung paano makikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng mga pangyayari at ng sarili nating mga mithiin na parang mga bituing gumagabay sa atin. Ngunit paano naman kaya madidiskubre si Kristo ng mga hindi naghahanap sa katotohanan, katarungan at kapatawaran?

• 13. Sa pagsasalaysay sa pagpatay sa mga "niños inocentes" at sa pagtakas sa Ehipto, dalawang salita nina Propeta Oseas at Jeremias ang binabanggit ni Mateo. Tungkol ito sa mga pagsubok na tiniis ng bayan ng Diyos sa nagdaang panahon. Kailangang mabuhay si Jesus sa pagkatapon at pighati gaya ng kanyang mga ninuno. Nagsimula na ang pag-usig sa

16 Nagalit naman si Herodes nang ma-
laman nito na napaglalangan siya ng mga
pantas. Kaya iniutos niyang patayin ang
lahat ng batang lalaki sa Betlehem at mga
karatig nito, mga batang may dalawang
taong gulang pababa, batay sa panahon
ng pagsikat ng tala ayon sa mga pantas.
17 Kaya nagkatotoo ang sinabi ni Prope-
ta Jeremias: 18 *"Narinig sa Rama ang pag-
tangis, iyakan at malakas na panag-
huyan: iniiyakan ni Raquel ang kanyang
mga anak at ayaw paaliw pagkat wala
na sila."*

**Nagbalik sa Nazaret sina Jose at Maria**

• 19 Pagkamatay ni Herodes, napakita
sa panaginip ang Anghel ng Panginoon
kay Jose at sinabi: 20 "Bumangon ka't dal-
hin ang bata at ang kanyang ina at umuwi
sa lupain ng Israel, sapagkat patay na ang
mga nagtangkang pumatay sa bata."
21 Kaya bumangon si Jose, kinuha ang
bata at ang ina nito at pumunta sa lupain
ng Israel.
22 Ngunit nang malaman ni Jose na si
Arkelao ang hari ng Judea, na kahalili ng
kanyang amang si Herodes, natakot
siyang pumaroon. Kaya ayon sa ibinilin sa
kanya sa panaginip, sa Galilea siya nag-
punta.

• 23 Nanirahan sila sa bayang tinata-
wag na Nazaret. Kaya natupad ang salita
ng mga propeta: *"Tatawagin siyang
Nazoreo."*

---

pagsilang pa lamang niya at sasamahan siya nito hanggang kamatayan.

Gaano karaming walang malay ang pinatay sa kabuuan ng kasaysayan! Hindi dahil nilimot sila ng Diyos, kundi isang nakapakong Tagapagligtas ang ipinadala sa kanila ng Diyos para buksan nito sa kanila ang mga pinto ng Paraiso.

Nalalaman din natin mula rito na mula sa simula'y kaisa na si Maria (at maging si Jose, kahit hindi gaano) sa mga pagdurusa ni Jesus at sa kanyang misyong pagliligtas.

Si Herodes ang larawan ng maraming gobyerno na kanilang kapangyarihan ang tunay na pinangangangatawanan kaysa paglilingkod. Ngunit gaano man padanakin ng mga kaaway ng Ebanghelyo ang dugo ng mga walang malay, hinding-hindi nila mapaglalaho ang Iglesya ni mahahadlangan ang mga plano ng Diyos.

• 19. Dalawang taon siguro si Jesus nang iuwi ni Jose ang kanyang pamilya sa Nazaret. Sa maliit na nayong iyon tatlumpung taong mabubuhay si Jesus sa pagtatrabaho bilang *karpintero* (Mc 6:1) habang hinihintay ng daigdig ang kaligtasan. Ngunit sa simple niyang buhay na inialay namang ganap sa Ama, noon pa ma'y inililigtas na ni Jesus ang mundo.

• 23. *Tatawagin siyang Nazoreo.* Pinaglalaruan ni Mateo ang salitang *Nazareno* (taga-Nazaret) para ipaalala ang mga salitang *nezer* o usbong (Is 11:11) at *nasireo* (Blg 6). Nang panahong iyon, may mga relihiyosong grupo na nangangaral at nagbibinyag gaya ni Juan, at itinuturing silang mga nasireo. Kapwa *nezer, nasireo* (Jn 3:22-26) at *Nazareno* si Jesus.

Sa una pa ma'y inilalarawan na ng lahat ng kasaysayang ito ang malungkot na kapalaran ni Kristo: ang Tagapagligtas na di kinilala ng mga pinuno sa relihiyon ng mga Judio (ang mga pari sa Jerusalem), inusig ng nasa kapangyarihan. Isang probinsiyang medyo banyaga at pagano ang tingin ng mga Judio sa *Galilea*, 4:15: inihiwatig dito ang mga bansang paganong haharapin ng Iglesya para ibigay sa kanila ang Ebanghelyo.

Marami ang nagtatanong kung ano ang ginawa ni Jesus mula labindalawang taon nang maiwan siya sa Templo (Lc 2:41-51) hanggang tatlumpung taong gulang na humigit-kumulang ay siyang edad ni Jesus nang simulan niya ang kanyang ministeryo. Sinasamantala ng ilang mga dalubhasa kuno ang katahimikang ito ng Ebanghelyo para ipalagay na nagpunta raw si Jesus sa India para matuto ng madyik at mga milagro sa mga guro roon, o kaya'y nakipagkita siya sa kung anong E.T. o taga-ibang-planeta. Napakadali lang namang umimbento ng mga istorya!

Una sa lahat, importante na alalahanin nating hindi "Talambuhay ni Jesus" ang Ebanghelyo, o salaysay ng kanyang buhay mula sa kanyang pagsilang hanggang kamatayan. Walang ibang hangad ang Ebanghelyo kundi ibahagi sa atin ang pinakatampok na mga gawa at salita ni Jesus na ginamit ng Iglesya sa pagbibigay ng mensahe sa daigdig. Hindi nito sinasabi sa atin kung ano nga ba ang itsura ni Jesus, kung matangkad ba siya o mataba, maputi o kayumanggi, kung paano siya lumaki, at marami pang ibang mga bagay na hindi naman pinroblema ng mga unang Kristiyano. Nagsisimula ang mga Ebanghelyo nina Marcos at Juan sa pagbibinyag ni Juan kay Jesus na siyang simula ng pangangaral ni Jesus (Mc 1:1 at Jn 1:18). Saka na lamang nagsulat nang kaunti sina Mateo at Lucas tungkol sa kamusmusan ni Jesus para tulungan tayong maintindihan ang kanyang mensahe at ang lihim ng kanyang pagkatao.

Ikalawa, basahin natin ang Mateo 13:54-56 kung gusto nating mapatunayan na sa Nazaret nga lumaki si Jesus. Namangha ang mga taga-Nazaret sa kanyang mga gawa, pero hindi nila sinabing: "Tiyak na galing siya sa ibang planeta" o "Natutuhan niya ang mga ito sa pagpapakadalubhasa niya sa ibang bansa." Sa halip

**Ibinalita ni Juan Bautista ang pagdating ni Jesus**
*(Mc 1:1; Lc 3:1; Jn 1:19)*

**3** • 1 Nang panahon ding iyon, duma-
ting sa disyerto ng Judea si Juan
Bautista at nagsimulang magpahayag:
2 "Magbagong-buhay kayo, lumapit na
ang paghahari ng Langit!" 3 Siya ang ti-
nutukoy ni Propeta Isaias nang sabihin
niyang: *"Naririnig ang sigaw sa disyerto:*
*Ihanda ang daan para sa Panginoon,*
*ituwid ang kanyang landas."*

4 Balahibo ng kamelyo ang suot ni
Juan; at may sinturong katad sa bay-
wang, at balang at pulot-pukyutang-gu-
bat ang kinakain. 5 May mga taga-Jerusa-
lem, taga-Judea at mula sa buong rehiyon
ng Jordan na pumunta sa kanya. 6 Inaa-
min nila ang kanilang mga kasalanan at
binibinyagan sila ni Juan sa Ilog Jordan.

7 Nang makita niya na lumalapit sa
kanya ang ilang Pariseo at Sadduseo para
magpabinyag, sinabi niya: "Lahi ng mga
ulupong! Sino ang nagsabi sa inyong ma-
tatakasan ninyo ang darating na pag-
hatol? 8 Patunayan ninyo ang inyong pag-
babagong-buhay, 9 at huwag ipagyabang
na 'si Abraham ang ama namin.' Sinasabi
ko sa inyo na kahit sa mga batong ito'y
makagagawa ng mga anak ang Diyos
para kay Abraham! 10 Nakaamba na ang
palakol sa tabi ng ugat ng mga puno –
para sibakin ang alinmang punong hindi
namumunga ng mabuti, at itatapon ito sa
apoy.

11 Sa tubig ko kayo binibinyagan para
sa pagbabagong-buhay pero kasunod
kong darating ang isang makapangya-
rihan pa sa akin. Hindi nga ako karapat-
dapat magdala sa kanyang sandalyas.
Bibinyagan niya kayo sa Espiritu Santo at
sa apoy. 12 Siya ang nakahandang mag-
tahip sa lahat ng butil ng trigo. Lipunin
niya ang lahat ng butil sa kanyang ka-
malig ngunit susunugin ang mga ipa sa
apoy na walang hanggan."

**Bininyagan ni Juan si Jesus**
*(Mc 1:9; Lc 3:21; Jn 1:29)*

13 Dumating noon si Jesus mula sa
Galilea at lumapit kay Juan sa Ilog Jordan
para magpabinyag. 14 Pero tumanggi si
Juan at sinabi: "Ako ang dapat na mag-
pabinyag sa iyo, bakit ikaw ang lumapit
sa akin?"
15 Ngunit sumagot sa kanya si Jesus:
"Hayaan mo. Ganito natin tutuparin ang
tanang makatwiran." Kaya sumang-ayon
si Juan.
16 Matapos mabinyagan, umahon si
Jesus mula sa tubig. At agad na nabuksan
ang langit at nakita niya ang Espiritu ng
Diyos na bumababang parang kalapati,
papunta sa kanya. 17 At may boses mula
sa langit na nagsabi: "Ito ang aking Anak,
ang Minamahal, siya ang aking Hinirang."

**Tinukso si Jesus sa disyerto**
*(Lc 4:1; Mc 1:12)*

**4** • 1 At dinala ng Espiritu si Jesus
sa disyerto upang tuksuhin siya ng

---

ay nagtataka sila: "Ano itong nangyayari ngayon sa anak ng karpintero? Matagal na natin siyang kilala… pero ano ang nangyayari sa kanya!"

Ikatlo, masasabi nating ang salita ng Diyos ay lagi ring salita ng tao. Ipinahahayag ng mga propeta ang mga salita ng Diyos hindi bilang "tape recorder" kundi bilang mga taong may nadarama at talagang nararanasan na gusto nilang sabihin. Hindi masasabi ni Jesus ang mga salita ng Diyos kung hindi ito bunga ng natatanging pagkaalam niya bilang tao sa *nasa loob ng tao* (Jn 2:25). Walang nasayang na panahon sa mga taon ni Jesus sa Nazaret. Isinaloob ni Jesus ang kultura ng kanyang bayan at ang mga pangyayaring may kinalaman sa kanyang bansa. Naranasan niya ang pagtatrabaho, ang pakikipagkapwa-tao, ang pagdurusa, paghihirap, kaapihan… Kailangang madama at maranasan ni Jesus ang lahat ng ito upang maging tagapagligtas natin siya at upang maging totoo, mabigat at mahalaga sa lahat ng panahon ang kanyang mga salita.

• **3.**1 Tingnan ang mga paliwanag sa Marcos 1:1 at Lucas 3.

• **4.**1 Tingnan din ang paliwanag sa Lucas 4:1-13 para sa pangyayaring ito.

Bago sinimulan ni Jesus ang kanyang misyon, nang hindi pa siya kilala ng mga tao, nilupig niya ang ma-

diyablo. 2 Pagkatapos ng apatnapung
araw at apatnapung gabing di kumakain,
nagutom si Jesus.
3 Kaya lumapit sa kanya ang demonyo
at sinabi: "Kung ikaw nga ang Anak ng
Diyos, utusan mo ang mga batong ito na
maging tinapay." 4 Ngunit sumagot si
Jesus: "Sinasabi ng Kasulatan: *Hindi sa
tinapay lamang nabubuhay ang tao kun-
di sa bawat namumutawi sa bibig ng
Diyos."*
5 Dinala naman siya ng diyablo sa Ba-
nal na Lunsod, inilagay siya sa nakausling
pader ng Templo, 6 at sinabi: "Kung ikaw
ang Anak ng Diyos, tumalon ka paibaba
pagkat sinasabi ng Kasulatan: *Uutusan
ng Diyos ang kanyang mga anghel para
sa iyo. Bubuhatin ka nila upang hindi
matisod ang iyong paa sa bato."* 7 Suma-
got si Jesus: "Ngunit sinasabi rin ng Kasu-
latan: *Huwag mong hamunin ang Pangi-
noon mong Diyos."*
8 At agad na dinala ng diyablo si Jesus
sa isang napakataas na bundok at ipi-
nakita sa kanya ang lahat ng bansa ng
daigdig sampu ng kayamanan at kada-
kilaan ng mga ito. 9 At sinabi sa kanya:
"Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito kung
luluhod ka at sasamba sa akin." 10 Kaya
sumagot si Jesus: "Lumayo ka, Satanas!
Sinasabi nga ng Kasulatan: *Sambahin mo
ang Panginoon mong Diyos; siya lamang
ang iyong paglilingkuran."*
11 Kaya iniwan siya ng diyablo at luma-
pit naman ang mga anghel at naglingkod
sa kanya.

*(Mc 1:14; Lc 4:14)*

12 Nang marinig ni Jesus na dinakip si
Juan, lumayo siya pa-Galilea. 13 Hindi
siya tumigil sa Nazaret, kundi sa Caper-
naum nanirahan, sa may baybayin ng
lawa ng Galilea, sa teritoryo ng Zabulon at
Neftali.
14 Kaya natupad ang salita ni Propeta
Isaias: 15 *"Makinig kayo, mga lupain ng
Zabulon at Neftali, mga daang patungo sa
Dagat, kabilang ibayo ng Jordan; pa-
kinggan ako, Galileang lupain ng mga
pagano.*
16 *Nakakita na ng malaking liwanag
ang mga lugmok sa kadiliman. Sumikat
na ang liwanag sa mga nasa anino ng
kamatayan."*

---

samang espiritu. Sinikap siyang kumbinsihin ng demonyo na kahangalan ang hangaring iligtas ang mundo sa pamamagitan ng mga pamamaraang ipinapanukala ng Diyos.

*Utusan mo ang mga batong ito na maging tinapay.* Magagawang puspusin ni Jesus ng sigasig ang mga tao kung gugustuhin niya sa pagbibigay sa kanila ng libreng pagkain at paglutas sa lahat nilang problemang pangkabuhayan nang walang hinihinging personal na pagbabago.

*Tumalon ka paibaba.* Magagawa rin ni Jesus na umakit ng mga tagahanga sa pamamagitan ng kagila-gilalas na mga milagro. Ngunit hindi dumating si Jesus para gumawa ng mas maraming himala kaysa kinakailangan para sa mga handang sumampalataya. Hindi siya dumating para hangaan kundi para ipakilala sa atin ang Ama at baguhin ang puso't kalooban ng tao.

*Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito kung luluhod ka sa harap ko.* Dahil ayaw magbago ng mga tao, masasabi sana ni Jesus na "pinakamabuti" na sa lahat ng kasamaan ang tanggapin na lamang basta ang kasalukuyang kalakaran ng daigdig at makipagkasundo sa demonyo. Kung ganito ang kanyang ginawa, maililingid niya sa daigdig ang ayaw nitong tanggapin kayat gagamitin niya ang parehong mga pamamaraang naghahatid ng tagumpay sa mga di-makatarungang pinuno at gobyerno, sa mga sindikato at lahat ng mapagsamantala.

Lumalabas na panalo si Jesus. Ngunit ang mga tukso ring ito ang haharapin ng Iglesya pagkatapos niya. Maaaring matukso ang Iglesya na ibigay sa mga tao ang kanilang gusto at hindi ang tunay na kaligtasan. Tinuturuan tayo ni Jesus kung paano magiging malakas laban sa mga bitag ng demonyo; at tulad ni Jesus, kailangan muna tayong magkaroon ng tunay na pagkaunawa sa salita ng Diyos.

Ipinaaalaala sa atin ng tatlong tuksong ito ang tatlo ring tuksong dinanas ng bayan ng Israel sa disyerto (tingnan Ex 15:22; 17:1; 32). Nagsimula silang magreklamo dahil dinala sila ng Diyos sa mahirap na daan: "Ano ba ang nagawa ko para ganituhin ako ng Diyos?" At pagkatapos ay nagduda sila: "May magagawa kaya ang Diyos para sa atin?" At sa wakas ay lumayo sila sa Diyos para igawa ang kanilang sarili ng isang diyos na mas makatao – na guya pala.

*Apatnapung araw at apatnapung gabi* siyang *di kumain:* Ex 24:18 at 1 H 19:8.

*Lumapit* sa kanya *ang mga anghel*... Matapos tanggihan ang mga tukso, nakatagpo ng kapanatagа't kapayapaan si Jesus. Nabuksan sa kanyang malinis na puso ang espirituwal na daigdig na lingid sa mata ng tao

• 17 At magmula noon, sinimulang ipa-
hayag ni Jesus ang kanyang mensahe:
"Magbagong-buhay; lumapit na nga ang
Kaharian ng Langit."

18 Sa paglalakad ni Jesus sa pampang ng
lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapa-
tid na Simon na tinawag na Pedro at Andres
na naghahagis ng mga lambat dahil mga
mangingisda sila. 19 Sinabi niya sa kanila:
"Halikayo, sumunod kayo sa akin, at
gagawin ko kayong mangingisda ng tao."

20 Agad nilang iniwan ang kanilang mga
lambat at sumunod sa kanya.

21 Nagpatuloy siya sa paglakad at na-
kita naman niya ang magkapatid na
Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo.
Nasa bangka sila kasama ng kanilang
amang si Zebedeo at nagsusursi ng kani-
lang lambat. Tinawag sila ni Jesus.
22 Agad nilang iniwan ang bangka nila at
ang kanilang ama, at nagsimulang sumu-
nod sa kanya.

23 Nagsimulang maglibot si Jesus sa
buong Galilea. Nagturo siya sa kanilang
mga sinagoga, ipinahayag ang Mabuting
Balita ng Kaharian at pinagaling ang kung
anu-anong klase ng sakit at kapansanan
ng mga tao.

24 Lumaganap sa buong Siria ang balita
tungkol sa kanya. Kaya dinala sa kanya
ang mga may karamdaman, ang lahat ng
naghihirap dahil sa sakit, ang mga ina-
alihan ng demonyo, ang mga nasisiraan
ng bait, ang mga paralitiko, at pinagaling
niya silang lahat. 25 Sinundan siya ng ma-
raming taong galing sa Galilea, sa Sam-
pung Lunsod, sa Jerusalem, sa Judea at
sa kabilang ibayo ng Jordan.

**Ang Mapapalad**
*(Lc 6)*

**5** • 1 Nang makita ni Jesus ang maka-
pal na tao, umahon siya sa bundok.
Naupo siya roon at lumapit sa kanya ang
kanyang mga alagad. 2 At nagsimula
siyang magturo sa kanila:

3 "Mapapalad ang mga may diwa ng
dukha sapagkat sa kanila ang Kaharian
ng Langit.

4 Mapapalad ang mga nagluluksa sa-
pagkat pagiginhawahin sila.

5 Mapapalad ang mga di-marahas sa-
pagkat mapapasakanila ang lupain.

6 Mapapalad ang mga nagugutom at
nauuhaw sa katarungan sapagkat bubu-
sugin sila.

---

ngunit kasintotoo ng mga materyal na bagay at ng mga maybuhay sa ating paligid. At sa daigdig na iyon, siya bilang Anak ng Diyos ang hari sa mga espiritung lingkod ng kanyang Ama (Heb 1).

• 17. *Magbagong-buhay*. Ginagamit natin ang mga salitang ito para sa nakagawian na nating pagsasalin ng *magbalik-loob*. Sa Biblia nangangahulugan ang salitang *pagbabalik-loob* ng *pagkuha ng ibang daan* o *pag-iiba ng daan* (tingnan ang paliwanag sa Mc 1:14). Ngunit maaaring intindihin sa iba't ibang paraan ang salitang ito. Sa bibig ni Juan Bautista, nangangahulugan ang "Magbalik-loob" ng "paglayo sa mga bisyo at kasalanan". Para naman kay Jesus, nangangahulugan ito ng buong buhay na pagbabago mula sa pagbabago ng kalooban. Ipakikita sa atin ng Ebanghelyo na bunga ng pagkadiskubre sa habag ng Diyos ang pagbabagong ito at gawa ng kanyang Espiritu sa atin.

Nakapaloob sa pagbabalik-loob ng Kristiyano ang dalawang bagay na ito: pagbabago ng puso sa Espiritu ng Diyos at pagbabago ng mga gawa at pamumuhay, bagay na higit kaysa mabubuting hangarin lamang at pangangarap.

• **5.**1 Mga dantaon nang ibinigay ng Diyos ang kanyang Batas sa pamamagitan ni Moises sa Bundok Sinai (Ex 20). Ngayon nama'y sa isa pang *bundok* ibinibigay ng Anak ng Diyos ang Bagong Batas. Sa unang pananalitang ito ni Jesus sa kanyang misyon, isang buod ng panuntunan ng buhay ang ibinibigay niya sa kanyang mga alagad. Ipinakikilala niya ang kanyang paninindigan sa Batas ni Moises.

Kapwa nasa Ebanghelyo nina Mateo at Lucas ang Mapapalad, pero may kanyang paraan ng paglalahad sa mga ito ang bawat isa (tingnan Lc 6:20-26). Alam natin na apat na pagpapala ang inilalahad ni Lucas (ang mga dukha, mga nagugutom, mga umiiyak at mga pinag-uusig) samantalang walo naman ang ibinibigay ni Mateo. Ngunit sa totoo'y iisang paksa lamang ang lahat ng ito, kaya hindi importante ang bilang. Mas kailangan nating pag-ukulan ng pansin na hindi parehong grupo ng mga tao ang kinakausap nina Mateo at Lucas para sa Mapapalad. At narito ang malaking pagkakaiba ng dalawa.

Ibinibigay sa atin ni Lucas ang Mapapalad ayon sa pagkakahayag ni Jesus sa mga ito. Mga ordinaryong tao ang kanyang kinakausap, at kaisa rin ng bayang nagdurusa ang nagsasalita sa kanila. Kinakausap niya

7 Mapapalad ang mga maawain sa-
pagkat kaaawaan sila.
8 Mapapalad ang mga may busilak na
puso sapagkat makikita nila ang Diyos.
9 Mapapalad ang mga nagpupunyagi
para sa kapayapaan sapagkat tatawagin
silang mga anak ng Diyos.
10 Mapapalad ang mga pinag-uusig
dahil sa katarungan sapagkat kanila ang
Kaharian ng Langit.
11 Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo
at pinag-uusig at sinisiraang-puri dahil sa
akin. 12 Magsaya kayo at magalak sa-
pagkat malaki ang gantimpalang nasa
Diyos para sa inyo. Ganito rin pinag-usig
ang mga propetang nauna sa inyo.

---

sila gaya ng ginawa ng mga propeta, na hindi binigyang-pansin ang partikular na kalagayan ng bawat isa: kayong mga dukha ang unang makikinabang sa mga pangako ng Diyos. Kayo ang mapapalad dahil ipinagkakatiwala sa inyo ngayon ng Diyos ang kanyang mensahe at kayo ang makapagpapahayag sa mundo ng mga hiwaga ng awa ng Diyos. Kayong mga patuloy na nabubuhay na umaasa sa iba at sa mga pagkakataon ang higit na makadarama at makararanas sa kalinga ng Diyos.

Ibinabagay naman ni Mateo ang mga salita ni Jesus para sa klase ng mga mananampalatayang Kristiyanong kanyang tagapakinig. Lumaganap na noon ang Iglesya at lahat na ng klase ng tao ay nasa mga pamayanang Kristiyano: mga alipin, mga ordinaryong tao at mga mayayaman. Kaya ipinakikita niya sa kanila na may kabuluhan para sa kanilang lahat ang Ebanghelyo. Hindi lamang sa pagdurusa o pagiging dukha tayo magiging kalugud-lugod sa Diyos kundi sa pagsasaloob at pamumuhay. Kaya sinasabi niyang "*Mapapalad ang mga may diwa ng dukha*, at ibinibilang sa mapapalad ang mga *may busilak na puso, ang mga nagpupunyagi para sa kapayapaan, ang mga di-marahas*...

Sa kabuuan, sinasabi ni Lucas kung sino ang binibigyan ng pangunang pansin ng Ebanghelyo: ang sambayanan ng mga dukha, mga trabahador at mga isinasaisantabi ng lipunan. Ang Mapapalad ni Lucas ay panawagan sa mga hindi pa pumapasok sa Ebanghelyo at sa Iglesya. At para naman kay Mateo, tinuturuan niya ang mga nasa Iglesya kung paano sila magiging marapat sa Diyos na tumawag sa kanila. Parang isang bagong *batas* o relihiyon ang kanyang Mapapalad na nangangailangan ng pagiging handa ng kalooban kaysa mga panlabas na kilos.

*Mapapalad*... Iniaalok ni Jesus sa lahat ang regalo ng tunay na kaligayahan. Ipinagkakamali ng mga tao ang "kaligayahan" sa "kasiyahan" o ang "pagiging maligaya" sa "pagkadama ng sarap at kasiyahan". Tunay na espirituwal ang kaligayahan, kaganapan mismo ito ng tao. Ngunit kasiyahan ang hinahanap ng marami at hindi kaligayahan kaya naman napakalaki ang kinalaman ng Mapapalad sa buhay ng tao. Kasabay ng yaman ng Kaharian ng Langit ang kaligayahang ito, gaya ng nalalahad sa Mapapalad, isang Kahariang kalahok tayo ngayon at dito sa ating daigdig. Ngunit magiging ganap lamang at buo sa kabilang-buhay pagkamatay natin. Kaya kapwa pag-asa sa kasalukuyan at kapuspusan sa hinaharap ang iniaalok ng Mapapalad.

*Mapapalad... sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit.* Dapat nating intindihin ang ibig sabihin ng *langit* ayon sa paraan ng pagsasalita ng mga Judio sa panahon ni Jesus. Dahil sa labis na pitagan sa Diyos, ayaw bigkasin ng mga Judio ang kanyang pangalan kundi mas gusto nilang tukuyin siya sa paggamit ng ibang mga salita gaya ng *Langit, Luwalhati, Kapangyarihan*... *Kaharian ng Diyos* ang eksaktong kahulugan ng *Kaharian ng Langit,* tulad ng ang Amang *sumasalangit* o *nasa langit* ay nangangahulugan ng *Diyos* Ama. Sa pagbasa natin sa salitang *Langit,* alalahanin natin hindi ang gantimpalang makakamtan natin *sa langit* pagkamatay natin kundi ang Kaharian ng Diyos na dumarating dito sa atin sa lupa kasama ni Jesus.

*Mapapalad... sapagkat mapapasakanila ang lupain.* Materyal na gantimpala kaya ang ipinangangako ni Jesus sa mga dukha o *daigdig* na espirituwal at""makalangit"? Hindi sinasabi ng Ebanghelyo na magkasalungat ang espirituwal at materyal. Sa katunayan nga'y ni hindi nababanggit sa buong Ebanghelyo ang salitang "espirituwal". Nang magsalita ang Diyos sa pamamagitan ng mga propeta, isang masayang daigdig ang ipinangako niya sa kanyang bayan kung saan bibigyang-kasiyahan ang lahat ng kanilang gusto: mga bangketeng may masasarap na ulam, mahabang buhay, kapanatagan at katiwasayan, ulan para diligin ang lupa, paglaya mula sa pamatok ng maniniil, paghahari ng katarungan. Ngunit sa pagbibigay ng lahat ng ito, maliwanag na mabubuhay ang Diyos sa piling ng mga tao at ibibigay sa kanila ang kanyang Espiritu: *Magiging bayan ko sila at ako naman ang magiging Diyos nila.*

Kaya ipinahahayag ni Jesus ang Mapapalad na parang isang letaniya ng mga pangako na iisa lamang ang tinutukoy: ang *Kaharian ng Langit* (o *ng Diyos*) ay kapwa *ang lupa* o *lupain* ng Palestina na ipinangako sa mga anak ni Abraham at ang panatag at payapang *daigdig* na pinananahanan ng Diyos. Parehong tatanggapin ng *mga nagugutom sa katarungan* ang tinapay at kabanalan ng Diyos, dahil nangangahulugan din ng "pagiging ganap sa paningin ng Diyos" ang *katarungan* sa Biblia.

*Mapapalad... sapagkat pagiginhawahin sila.* Gumagaan ang loob natin sa pagkaalam na mahal tayo ng Diyos at kanyang pinagmamalasakitan. Gumagaan din ang loob natin sa pagkaalam na kahit na hindi niya pinauunlakan ang ating mga panalangin, may kabuluhan at halaga ang ating krus. Gumagaan ang loob natin sa pagkakitang may ginagawang mga hakbang sa daigdig para sa paghahari ng katarungan at para kilalanin ang dignidad ng lahat ng dating hinahamak. Gumagaan din ang loob natin sa pagkaalam na higit pa sa maaari nating asahan at

**Asin at liwanag ng mundo**

*(Mc 4:21; Lc 14:34; 8:16; 11:33)*

• 13 Kayo ang asin ng lupa. Ngunit kung tumabang ang asin, ano pa ang makapagpapaalat dito? Wala na itong silbi. Itatapon na lamang at tatapakan ng mga tao.

• 14 Kayo ang ilaw ng mundo. Hindi maitatago ang lunsod na itinayo sa tuktok ng bundok.
15 Hindi rin sinisindihan ang ilaw para takpan ng kahon, sa halip ay inilalagay ito sa isang lampara at tumatanglaw sa lahat ng nasa bahay.
16 Gayundin naman ang inyong liwanag sa

---

marapat sa atin ang ibibigay sa atin ng Diyos sa kabilambuhay.

*Mapapalad... ang mga nagluluksa.* Hindi mga taong bigo at naaawa sa sarili at sariling ginhawa lamang ang hinahanap ang tinutukoy ni Jesus. Sa Biblia, *ang mga nagluluksa* (Is 61:1), *ang mga pasensyoso* (Slm 37:11) ang mga taong naghihintay sa isang lunsod ng katarungan para sa lahat. Sapagkat hindi layunin ng Diyos na paunlakan ang mga panalanging makasarili, kundi ibigay ang mga pagpapala at kaligtasan sa sangkatauhan gaya ng ipinangako niya kay Abraham mula sa simula.

*Mapapalad... ang mga pinag-uusig.* At gaya ni Lucas, isa pang Mapapalad ang idinadagdag ni Mateo: *Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo at pinag-uusig at sinisiraang-puri dahil sa akin.* Alam nina Lucas at Mateo mula sa karanasan na imposibleng ipahayag ang Ebanghelyo nang hindi dumaranas ng pag-uusig. Sinasabi ng marami na tinatanggap nila ang mga salita ng Diyos sa Ebanghelyo. Ngunit sa oras na may magpaliwanag sa mga salita ring iyon ng Diyos para baguhin ang buhay ng tao at ang daigdig, agad siyang pinag-uusig o tinitira nang pailalim. Nangyayari ito sa pulitika at sa iba pang larangan ng pakikipagkapwa-tao, kahit na sa mga kumbento.

*Mapapalad* ang sabi ni Jesus. Dumating siya sa mundong ito hindi tulad ng ibang lider ng relihiyon para ipaalaala sa mga tao ang matatandang kautusan o magdagdag kaya ng mga bagong utos. Ang una niyang misyon ay ipahayag ang wakas ng isang yugto sa kasaysayan at simulan ang bagong panahon ng Kaharian ng Diyos.

Iyon ang wakas ng panahon ng halos walang katapusang paghihintay ng mga tao habang pinalalakas ng Diyos ang kanilang loob sa kanyang pangako ng mas mabuting daigdig at inaanyayahan silang magtrabaho para sa katarungan at mabuhay ayon sa katotohanan. Ito ang panahon ng mga propeta. Sila ang magigiting na mga tao na tinuligsa ang kasamaan at nagtrabaho na taglay ang pag-asa sa mas magandang kinabukasan.

Pinapasinayaan naman ni Jesus ang panahon ng Kaharian ng Diyos, at *mapapalad* tayo... sapagkat dumating na sa atin ang Diyos. Ipinahahayag ni Jesus at ng Iglesya pagkatapos niya ang isang Kahariang narito na at gumagawa sa piling natin (Mt 12:28). Nagiging personal na karanasan at pamumuhay ang pakikipagkasundo sa Diyos at ganap na paglaya. Ganito ang nasasaad sa mga Mapapalad: *pagiginhawahin* tayo, *kaaawaan, makikita* natin *ang Diyos*... Hindi tayo nagiging bulag sa kahirapan at sa tunay na kalagayan: atin at ng iba. At hindi na magiging Iglesya ang Iglesya kung hindi na bibigkasin at maririnig sa kanya ang salitang *katarungan,* gaya sa kabuuan ng Biblia. Ngunit nakahihigit tayo sa mga propeta ng unang panahon, sapagkat dumating na ang Diyos at ipinakipagkasundo niya tayo. Sinasabi ni Jesus: *Makikita nila ang Diyos.* Naiintindihan natin ngayon ang pasensya ng Diyos dahil may pagbabago at kapanatagan tayong nararanasan na hindi natin maipahayag sa salita, nadarama natin ang pinakapresensya at katamisan ng Diyos. Talaga ngang *makapagpupunyagi* tayo *para sa kapayapaan* sapagkat nasa atin na ito. At hindi tayo nababagabag sa ating kaliitan sa harap ng mga puwersa ng kasamaan sapagkat balewala ang lahat ng puwede nating gawin kung ikukumpara sa ginagawa mismo ng Diyos sa atin.

*Tatawagin silang mga anak ng Diyos* sapagkat talaga naman tayong mga anak ng Diyos: 1 Jn 3:1.

• 13. Tinatawag tayo ni Jesus para baguhin ang mundo. Hindi ito nangangahulugan na magiging Katoliko ang lahat ng tao, kundi kailangang maging *asin* at *ilaw* ang Iglesya para sa buong mundo.

Para sa mga Judio, hindi gaanong pampalasa ang *asin* kundi para huwag mapanis o masira ang pagkain. Ang *tipan ng asin* ang pakikipagtipan ng Diyos sa Israel, panghabampanahon ito at tinitiyak ang pamamalagi ng bayang pinili ng Diyos; ito ang pakikipagtipan sa mga maglilingkod sa kanya magpakailanman (Blg 18:19). At inaasinan din ang mga handog para alalahanin ang panghabampanahong pakikipagtipang ito. Kaya naman tinatawag na *asin ng mundo* ang mga alagad ni Jesus sapagkat sa pamamagitan nila nakikinabang ang daigdig mula sa Pakikipagtipan sa Diyos. Kailangan nilang panatiliing naglalagablab sa daigdig ang apoy ng pakikibaka para sa tunay na katarungan at kaganapan.

• 14. Dapat maging *lunsod na itinayo sa tuktok ng bundok* ang Iglesya sa kabuuan nito (tingnan Is 2:2 at 4:2) na puwedeng makita ng lahat: isang lugar ng kapatiran at bahay na pinanunuluyan ng katotohanan. Ang makita ang Iglesya at lahat ng Kristiyano bilang liwanag, bilang mga saksi sa pananampalataya, pag-asa at pag-ibig sa gitna ng daigdig ay pagtatampok sa pinakabuod ng pagkakristiyano at sa tunay na halaga ng Ebanghelyong kanilang pinagsasaluhan. Hindi ito mababawasan o mababantuan o maipagkakamali sa anumang kultura, ideolohiya o organisasyong panlipunan. *Liwanag sa mga bansa* ang Kristiyanismo dahil ito ang kapuspusan ng presensya ng Diyos na Tagapagligtas at ng kanyang pakikipagniig sa sangkatauhan.

*Mga anak ng liwanag:* Ef 5:8; 1 P 2:12; 2 Tes 5:4.

paningin ng mga tao; at makikita nila ang
inyong mabubuting gawain at pupurihin
nila ang inyong Amang nasa langit.

**Isang batas na buo at ganap**

• 17 Huwag ninyong akalain na naparito
ako para pawalang-bisa ang Batas at
Mga Propeta. Naparito ako hindi para
magpawalang-bisa kundi upang mag-
bigay-kaganapan. 18 At talagang sinasabi
ko sa inyo: habang hindi nababago ang
langit at lupa, hindi mababago ni isang
kudlit o kuwit ng Batas: lahat ay matu-
tupad.
19 Kung may lumabag sa pinakamaliit
na ipinag-uutos ng Batas at magturo ng
ganoon sa mga tao, ituturing din siyang
pinakamaliit sa Kaharian ng Langit. Ngu-
nit kung may magsagawa at magturo ng
mga ito sa mga tao, magiging dakila siya
sa Kaharian ng Langit.
20 Sinasabi ko sa inyo na kung hindi
mas ganap ang inyong kabanalan kaysa
sa mga guro ng Batas at mga Pariseo,
hinding-hindi kayo makapapasok sa
Kaharian ng Langit.

• 21 Narinig na ninyo na sinabi sa in-
yong mga ninuno: *Huwag kang papatay;*
hahatulan ang sinumang pumatay. 22 Si-

---

• 17. Mababago muna *ang langit at lupa… lahat ay matutupad.* Iba't iba ang ibig sabihin ng *Batas* sa panahon ni Jesus:

– Una sa lahat, ito ang kabuuan ng mga utos at kaugaliang batay sa aral ni Moises at itinatadhana ng relihiyon ng mga Judio.

– Ginagamit din ang *Batas* o *Ang Batas at Mga Propeta* para sa Biblia.

– Maraming lugar sa Biblia na ang kabuuan ng relihiyon ng mga Judio na batay sa Banal na Kasulatan ang tinutukoy ng *Batas.*

Kayat mas maiintindihan natin kung bakit parang magkakasalungat ang mga sinasabi ni Jesus tungkol sa Batas.

*Lahat ay matutupad* (5:18). Hindi ang mga utos ang tinutukoy ni Jesus kundi sinasabi niyang pansamantala lamang ang relihiyong itinatag sa Kasulatan ng Matandang Tipan, ngunit kinakailangang yugto sa kasaysayan ng pagliligtas. Kailangang magkatotoo ang mga propesiya, at ang mga seremonya at mga paghahain ng relihiyong iyon ay nag-silbi namang pagtuturo sa mga tao tungkol sa misteryo ng kasalanan at habag na matutupad kay Jesus at sa kanyang gawa. Sa kanya nagkakatotoo ang *ganap at walang hanggang* pakikipagbuklod ng Diyos sa tao.

Sa 5:19, ang mga kautusan naman ang tinutukoy ni Jesus.

Sa 5:20, *kung hindi mas ganap ang inyong kabanalan…* ang espiritu ng Batas ang tinutukoy ni Jesus.

*ANG ESPIRITU NG BATAS*

Sinulat, iniakma at binuo ang mga batas ng Israel sa loob ng maraming dantaon. Nasa Biblia ang mga batas na iyon at hindi madaling pagtugmain ang napakaraming alituntunin na hindi naman laging pareho ang sinasabi. Kaya kahit na bago pa man dumating si Jesus, marami nang paliwanag ang sinimulang ituro at isulat ng mga guro ng Batas, at ibinagay ang mga kautusang iyon para gamitin ng mga Judio na may iba nang sitwasyon sa buhay.

Kapaki-pakinabang ang ginawang ito ng mga guro ng Batas, pero may mas maganda pang magagawa. Sa pagbanggit ni Jesus ng *mas ganap na batas,* hindi niya hangad na baguhin ang mga batas sa relihiyon o magbigay pa ng dagdag na mga kautusan gaya ng mga guro ng Batas. Sa halip ay nananawagan siya sa atin na tanggapin at isaloob *ang espiritu ng Batas.*

*Gaya ng Ama* (5:48). Ito ang espiritu ng Batas. Mas mahalaga na awa ng Diyos ang laging pagtuunan ng pansin kaysa patuloy na pagnilayan ang kanyang mga utos. Ang naghahangad mabuhay bilang anak ng Diyos ay nagiging mas ganap at lubos kaysa mga Pariseong walang inaatupag kundi ang pagtupad sa mga panlabas na tungkulin. Ipinapakita sa atin ni Jesus ang Ama at kung paano mabuhay sa kanyang paningin, at kasabay nito'y ibinibigay rin niya sa atin ang ganap na Batas.

Sa totoo'y marami ang maaaring magkamali ng interpretasyon sa mga salita ni Jesus para sabihing: "Mas mabuti nga kung walang gaanong hinihingi ang relihiyon at mas madaling isabuhay!" Kaya naman nililiwanag ni Jesus: *Hindi makapapasok sa Kaharian ang sinumang ayaw tumupad hanggang sa kaliit-liitang bahagi ng Batas.* Hindi makapapasok ang lagi nang may handang katwiran para sa kanilang katamaran: "Hindi naman talagang napakahalaga ang mga utos na ito!" Ngunit para naman sa mga sumusunod sa Batas, ipinakikita sa kanila ni Jesus na hindi ang Batas ang pinakamahalaga kundi ang espiritu nito. Hindi maalwang daan ang Ebanghelyo para sa mga taong ito, kundi pagtawag sa *mas ganap* na buhay.

*PANANAGUTAN – PURGATORYO*

• 21. Pananagutan natin sa harap ng Diyos ang ating buhay. Siya ang Katotohanan. Kaya huwag lamang ang mga bagay na kasalanan sa mata ng tao at sa kanilang paghuhusga ang tawagin nating kasalanan. Kasalanan ko ang lahat ng sama ng loob at masamang kaisipan na kinikimkim ko at nagbubunga ng masama pagdating ng pagkakataon: *Ang sinumang manuya sa kanyang kapatid…* (22).

Itinuturo sa atin ng paghahambing sa dalawang magkaaway na magkasabay na naglalakad na hindi

nasabi ko naman sa inyo: hahatulan ang
nagagalit sa kanyang kapatid. Hahatulan
sa Sanggunian ang sinumang magsabi ng
"Tanga" sa kanyang kapatid; hahatulan
sa apoy ng impiyerno ang sinumang
magsabi ng "Tanga." 23 Kaya sa paglala-
gay mo sa altar ng iyong hain at naalaala
mong may reklamo sa iyo ang kapatid
mo, 24 iwan mo muna ang iyong hain sa
harap ng altar at puntahan mo ang iyong
kapatid para makipagkasundo sa kanya.
At saka ka bumalik at ialay ang iyong hain
sa Diyos.

25 Makipagkasundo na sa iyong kaaway
habang papunta pa kayo sa hukuman, at
baka ipaubaya ka niya sa hukom na
magpapaubaya naman sa iyo sa pulisya
na magkukulong sa iyo. 26 Talagang sina-
sabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas
hangga't di mo nababayaran ang kahuli-
hulihang sentimo.

• 27 Narinig na ninyo na sinabing:
*Huwag kang makiapid.* 28 Ngunit sinasabi
ko naman sa inyo: ang sinumang tu-
mingin nang may pagnanasa sa isang
babae ay nakiapid na rin sa kanyang
puso.

29 Kaya kung ang iyong kanang mata
ang nagbubuyo sa iyo sa kasalanan, alisin
mo ito at itapon! Makabubuti pa sa iyo na
mawalan ng isang bahagi ng iyong
katawan kaysa matapon ang buo mong
katawan sa impiyerno. 30 Kung ang iyong
kanang kamay naman ang nagbubuyo sa
iyo sa kasalanan, putulin mo ito at itapon!
Mas makabubuti sa iyo ang mawalan ng
isang bahagi ng iyong katawan kaysa

---

natin dapat laging ipagpabukas ang pakikipag-areglo at ang pagtutuwid sa ating buhay. Mabuti nang ngayon kaysa bukas. Ang problema ay hindi lamang pagsisisi kundi pati na ang pagtutuwid sa pinsalang ating ginawa. At hindi lamang pagsasauli ng pera o gamit na ating kinuha sa kapwa ang ibig sabihin ng pagtutuwid sa pinsala. Kailangan ko ring tingnan ang aking sarili kung bakit napakahina ko at madali akong madala ng anumang pagnanasa. Kaya kailangan kong palakasin ang mahina kong kalooban sa pamamagitan ng panalangin at pagkontrol sa sarili.

Kadalasa'y nakikita natin na malamig ang pagmamahal natin sa Diyos at napakahina ng pagtitiyaga natin sa daan ng kabutihan. Ito ang bunga ng maraming taon ng pagkakasala at pagpapakasama. Nagagawa nating limutin ang mga maling ginawa natin pero hindi naman natin naitutuwid ang mga pinsalang nagawa natin sa buo nating pagkatao. Nagagawa man nating ngumiti at huwag mamroblema, dala-dala pa rin natin ang mga utang at pananagutang ito na hindi pa natin naaareglo na parang mga bangkay na nakatago sa ating sarili.

*Hindi ka makalalabas hangga't di mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo.* Bawat masamang gawa at kabulaanang itinago natin sa ating konsiyensya ay ilalantad muna sa liwanag bago natin tamasahin ang kaligayahan at kawalang-hanggan ng Diyos. Kung hindi sa buhay na ito tayo dinalisay, sa ating kamatayan o pagkamatay natin tayo dadalisayin. At *Purgatoryo* ang tawag ng Iglesya sa masakit na pagdalisay na ito, na para bang *pagpurga* para alisin ang anumang masama.

Huwag nating isipin na parang "hintayan" ang Purgatoryo bago pumasok sa langit o kaya'y mga parusa sa atin ng Diyos bago niya tayo patuluyin sa kanyang presensya. Tinatawag na Purgatoryo ang panahon na dinadalisay ng pag-ibig ng Diyos ang tao sa lahat ng bakas ng kasamaan na nagiging hadlang para tamasahin ang kapuspusan ng pag-ibig at kaligayahang matatagpuan sa Diyos. Kung paanong dapat munang "dalisayin" ng apoy ang isang kahoy mula sa pagkabasa nito bago ito mismo mag-apoy, gayon din naman tayo kailangang dalisayin ng pag-ibig ng Diyos.

• 27. *Kung ang iyong kanang mata...* Hindi dapat mabuhay nang hiwalay sa iba ang Kristiyano. Kailangan siyang makilahok sa makabagong lipunan, magkaroon ng pakialam sa mga problemang panlipunan, mabuhay sa piling ng mga makasalanan. Subalit kung malaman niyang ilalayo siya sa Diyos ng isang pakikipagkaibigan o kaugalian o ambisyon, dapat siyang makipagkalas agad at huwag umasa sa sarili niyang lakas, o kaya'y isiping gagawa ng mga milagro ang Diyos para tulungan siya nang wala naman siyang ginagawa: "Bakit di mo putulin ang iyong kamay?"

May kinalaman din ito sa pagkaunawa ng Kristiyano sa pagkakait sa sarili o asetismo. May mga pagkakataong kailangan nating talikuran ang ilang mga bagay, mga tao at relasyon.

Una sa lahat, tinatawag tayong talikuran ang mga bagay kung masama ang mga ito (halimbawa'y imoral na trabaho tulad ng pagbebenta ng "drugs") kayat hindi nababagay sa ating pagkakristiyano. Sa ganitong mga kaso, kailangang maging ganap ang pagtalikod na ito.

Ikalawa, dapat nating talikuran ang mga bagay na kahit na sadyang mabuti ngunit sagabal naman sa pagmamahal at kalayaan ng kalooban natin dahil madali tayong maging makasarili. Depende ang pagwawaksing ito: bilang pangkalahatang pamantayan, hindi natin dapat masamain ang mabubuting bagay. Mabuti ang sangnilikha (Gen 1:31) at ibinigay sa atin ng Diyos para sa paglago natin at kaligayahan bilang mga tao. Ngunit kailangan nating matutuhang kon-

matapon ang buo mong katawan sa impiyerno.

• 31 Sinabi rin namang: *Kung may makikipagdiborsiyo sa kanyang maybahay, bigyan niya ito ng katibayan.* 32 Ngunit sinasabi ko sa iyo: kung may magpaalis sa kanyang maybahay sa ibang dahilan maliban sa kawalang-katapatan, pinapakiapid niya ito. At nakikiapid din ang nagpapakasal sa babaeng diborsiyada.

**Panunumpa**

• 33 Narinig na rin ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno: *Huwag kang sisira sa iyong sinumpaan. Tuparin mo ang sinumpaang pangako sa Panginoon.* 34 Ngunit sinasabi ko naman sa inyo: huwag kayong manumpa sa ngalan ng Langit pagkat *naroon ang trono ng Diyos,* 35 ni sa ngalan ng lupa pagkat *ito ang tuntungan ng kanyang mga paa,* ni sa ngalan ng Jerusalem pagkat *ito ang lunsod ng Dakilang Hari.* 36 Huwag kang manumpa ni sa ngalan ng iyong ulo pagkat ni hindi mo kayang paputiin o paitimin ni isang hibla ng iyong buhok. 37 Sabihin mong *oo* kung oo at *hindi* kung hindi. Ano pa mang sasabihin mo'y sa demonyo na galing.

**Pagmamahal sa kaaway**

*(Lc 6:29)*

• 38 Narinig na ninyo na sinabi: *Mata sa mata at ngipin sa ngipin.* 39 Ngunit sina-

---

trolin ito at iwasang paalipin dito. Kaya kailangan lamang na iwaksi natin ang mga tao, mga sitwasyon, mga pagpapahalagang panlipunan, pangkultura at pampulitika kung kinakailangan para muli tayong maging malayang gamitin ang mga ito. Ito ang tinatawag na asetismong Kristiyano ng mga manunulat sa buhay-espirituwal.

Subalit may isa pang bagay na tinutukoy si Jesus sa tekstong ito, na kailangan tayong makipagkalas sa mabubuting bagay o pagpapahalaga (*ang mata* natin, *ang kamay* natin, ang mabubuting bagay natin). Ito ang pagkakataong masyado tayong dumidikit at napaaalipin sa anumang pinahahalagahan natin, kayat magiging diyus-diyusan na ito o ipinapalit natin ito sa Diyos, at wala tayong anumang magawa. Sa ganitong mga pangyayari na paminsan-minsan namang nangyayari sa ating buhay, dapat tayong maging handa na ganap na makipagkalas.

• 31. *Kung may makikipagdiborsiyo sa kanyang maybahay...* Tingnan ang paliwanag sa Mc 10:1 at Mt 19:2.

Ibinibigay ang pananalitang ito ni Jesus bilang halimbawa ng mabigat na desisyong maaaring kailanganing gawin ng isang Kristiyano. Kung minsa'y humihingi ng pagpapakabayani at pagsasakripisyo ang Diyos, kayat hindi nagiging buo ang Ebanghelyo para sa mga ayaw pumili sa mahirap na daan.

*Maliban dahil sa kawalang-katapatan.* Itinuturo ng pinakamatatandang panitikang Kristiyano na madidiborsyo ng lalaki ang kanyang asawa pero hindi muling makapag-aasawa.

*Maliban dahil sa kawalang-katapatan.* Totoong hindi laging malinaw ang tekstong Griyego ng Ebanghelyo. Maisasalin din ang mga salitang ito bilang *maliban dahil sa pagsasamang di ayon sa batas.* Sa ganito'y ang problema ng maraming Kristiyano sa panahon ni Mateo ang tinutukoy niya. Sila ang mga dating pagano na naging Kristiyano, at sa pagpasok nila sa Iglesya ay kailangan nilang pawalang-bisa ang pagsasama nilang di ayon sa batas at paalisin ang kanilang mga asa-asawa (tingnan 1 Cor 7:12-16).

• 33. Marami ang bumabanggit sa pangalan ng Diyos sa kahit anong pagkakataon. Dahil kaya talagang kilala nila siya at siya mismo ang laman ng kanilang isip? Nanunumpa ang mga Judio para sa kung anu-anong dahilan, at ang panunumpa ay lagi nang isang paraan ng pagtawag sa Pangalan ng Diyos. Sinasabi sa atin ni Jesus na kung basta na lamang natin ginagamit ang Pangalan ng Diyos para sa napakababaw na dahilan, dahil ito sa hindi natin talagang nadama ang bigat ng kanyang presensya. Napakawalang-galang ang manumpa sa Ngalan ng Diyos at gawin siyang saksi sa ating katapatan samantalang ni hindi natin kilala ang ating sarili at hindi pa rin dalisay ang ating konsiyensya!

*Sa demonyo na galing* ang iba. Humihingi tayo ng paumanhin o nangangatwiran tayo dahil pinoproblema natin ang mamabuti tayo at pakisamahan ng iba. Ipinapaubaya sa Ama ng mga anak ng Diyos ang pag-aalaga sa kanila, lalo na ang pangangalaga sa kanilang reputasyon at pagkatao. Lalabas at lalabas ang katotohanan; at kung kuntento na tayo sa pagbibigay lamang ng ating patotoo, lubos nating dinarakila ang Ama. Tingnan din ang Mateo 23:16 at Jaime 5:12.

• 38. *Kung may pumilit sa iyong...* Mga magsasakang inaapi at pinagmamalupitan ng mga dayuhang hukbo ang kinakausap ni Jesus. Walang-imik na pagiging sunud-sunuran ang kinagawian nilang reaksyon, ngunit nagtatanim naman ng sama ng loob at naghihintay na makapaghiganti.

*Huwag ninyong labanan ng masama ang masama.* Kung tayo lamang ang pinagmamalupitan o napipinsala, mas makabubuting magpatawad tayo at ipasa-Diyos ang ating kapakanan sa halip na makipaglaban. Sapagkat gaano man ito makatwiran o ayon sa batas, lalo lamang nating poproblemahin ang sarili nating

sabi ko sa inyo: Huwag ninyong labanan
ng masama ang masama. Kung sampalin
ka sa kanang pisngi, ibaling ang mukha at
iharap ang kabilang pisngi. 40 Kung may
magdemanda sa iyo para kunin ang iyong
sando, ibigay mo pati ang iyong kami-
seta. 41 Kung may pumilit sa iyong
sumama sa kanya nang isang kilometro,
dalawang kilometro ang lakarin mong
kasama niya. 42 Bigyan ang nanghihingi at
huwag talikuran ang may hinihiram sa
iyo.

• 43 Narinig na ninyo na sinabi: *Mahalin
mo ang iyong kapwa at kamuhian ang
iyong kaaway.* 44 Ngunit sinasabi ko sa
inyo: Mahalin ninyo ang inyong kaaway,
at ipagdasal ang mga umuusig sa inyo.
45 Sa ganito kayo magiging mga anak ng
inyong Amang nasa langit. Sapagkat pi-
nasisikat niya ang araw sa kapwa ma-
sama at mabuti, at pinapapatak niya ang
ulan sa kapwa makatarungan at di-maka-
tarungan.

46 Kung mahal ninyo ang nagmamahal
sa inyo, anong gantimpala meron kayo?
Di ba't ginagawa rin ito ng mga kolektor
ng buwis? 47 At kung ang mga kapatid
ninyo lamang ang inyong binabati, ano
ang naiiba rito? Di ba't ginagawa rin ito ng
mga pagano?

48 Kaya maging ganap kayo gaya ng
pagiging ganap ng inyong Amang nasa
langit.

---

kapakanan at karapatan. Nakikita ng Diyos ang lahat at higit pa sa magagawa ng sarili nating katarungan ang kanyang gagawin.

Ngunit maraming pagkakataon na dapat nating tutulan ang maniniil sapagkat ito lamang ang paraan para turuan siya at obligahing kumilos nang mas makatarungan at mas makatao. Kung lagi ko na lamang pagpapasensyahan ang pang-aabuso ng iba, kinukunsinti ko siyang gawin din ang gayon sa aking kapwa at nagiging kasabwat ako sa kawalang-katarungan sa lipunan.

*Huwag ninyong labanan ng masama ang masama.* Ibinibigay ni Jesus ang payong ito sa mga malakas ang loob na makakaunawang kung minsa'y sa pagbibigay ng higit sa hinihingi ng kalaban ay saka sila nakapaghahatid ng pagbabago sa kanya. Ngunit para naman sa mga taong nangingimi at mahina ang loob, pakikipagkapit-bisig ang unang hakbang na dapat nilang matutuhan tungo sa katarungan at kaligtasan. Kailangan nilang makipag-isa at makipag-organisa sa iba pang api upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan sa inspirasyon ng katarungan at pagmamahalan at hindi paghihiganti at pagkamuhi. Alam natin na pakikibaka ang unang itinuro ng Biblia sa bayan ng Diyos, at saka lamang ang pagpapatawad.

*Ibaling ang mukha at iharap ang kabilang pisngi.* Sa nakagugulat na payong ito ni Jesus, binubuksan niya ang ating isipan para maintindihan ang karahasan at itinuturo sa atin ang lihim ng kawalang-karahasan. Hindi lamang gawa ng iisa ang karahasan. Tulad ng pagnanasa at kasakiman, napupukaw sa atin ang karahasan sa pagkakita natin sa karahasan, pagnanasa at kasakiman ng iba. Maraming bagay tayong hindi pinagnasahan sa loob ng mga taon, pero sa oras na pahalagahan ng iba ang mga ito at magkaroon sila, halos ikamatay natin kung hindi rin tayo magkakaroon ng mga ito. Gayundin naman, sa pagkakita nating kapaki-pakinabang na gumagamit ng dahas ang iba, gusto nating ganoon din ang gawin. Ngunit hindingi makapagbubunga ng katarungan ang dahas sa dahas sapagkat sa pagtatagumpay sa maniniil, ang mga dating biktima ng paniniil ang siya namang nagiging mga bagong maniniil.

Nangungusap si Jesus hindi para sa mga naghahanap ng dagliang solusyon na lagi namang mapanlinlang, kundi para sa mga handang makibahagi sa mahaba at matrabahong pagtatayo ng Kaharian. Ang mga taong ito ang makakatagpo ng iba pang mga paraan kaysa "banal na digmaan" na pinapangarap ng napakaraming rebolusyonaryo.

Tinuturuan ang mga nag-aaral ng judo na patumbahin ang kanilang kalaban: "Kapag itinulak ka niya, hilahin mo siya sa halip na itulak mo rin siya; at kung gusto ka naman niyang hilahin, huwag mo siyang hilahin din kundi itulak mo siya, para siya tumumba." Ganito rin ang sinasabi rito sa atin ni Jesus. May paraan ng pagbibigay nang doble sa hinihingi ng ating kalaban para lituhin ang lahat niyang pananggalang upang sa wakas ay makilala niyang nagkamali pala siya.

• 43. Minsan lamang binanggit ni Jesus ang *maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Ama,* at may kinalaman ito sa hindi pag-iiba sa mga kaibigan at mga kaaway. Mahal ng Diyos ang bawat isa at kailangan natin siyang tularan. (Tingnan ang paliwanag sa Lc 6:32). Para magawa ito, hindi lamang pusong puno ng pag-ibig ang ating kailangan kundi ang kakayahang unawain ang iba. Sapagkat habang hinuhusgahan natin ang ating kapwa, naaapektuhan din ang pagmamahal natin sa kanila. Sa oras na malaman natin na may lugar pala sa daigdig na ito para sa bawat isa at pinapatnubayan ng Diyos ang lahat para sa kapakanan ng lahat, nararating natin ang pamantayan ng Diyos at *ganap na tayong gaya ng Ama.*

*Mahalin mo ang iyong kapwa* (Lev 19:18). Sa Matandang Tipan, kababayan o kapwa-Judio ang ibig

**Paggawa ng mabuti para sa Diyos lamang**

**6** • 1 Ingatang huwag maging pakitang-
tao lamang ang inyong mabubuting
gawa. Kung ganito ang gagawin ninyo,
wala na kayong gantimpala sa inyong
Amang nasa langit. 2 Kaya pag nagbi
bigay ka ng limos, huwag pahipan ang
trumpeta sa unahan gaya ng ginagawa ng
mga mapagkunwari sa sinagoga at sa
mga daan; gusto nilang mapuri ng mga
tao. Sinisiguro ko sa inyo na nagan-
timpalaan na sila nang husto.
3 Kaya kung ikaw naman ang magbi-
bigay ng limos, huwag ipaalam sa iyong
kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong
kanang kamay; 4 at mananatiling lihim
ang iyong paglilimos at ang iyong Amang
nakakakita sa mga lihim ang siyang ga-
gantimpala sa iyo.
5 Kung mananalangin kayo, huwag nin-
yong tularan ang mga mapagkunwari.
Gustung-gusto nilang tumayo sa mga
sinagoga o sa mga daan para manalangin
nang nakikita ng marami. Sinisiguro ko sa
inyo na nagantimpalaan na sila nang
husto. 6 At kung ikaw naman ang mana-
nalangin, pumasok sa iyong silid, isara
ang pinto at manalangin sa iyong Ama na
kasama mo nang lihim; at ang iyong Ama
na nakakakita sa ipinaglilihim ang gagan-
timpala sa iyo.

• **Ama Namin...**

*(Lc 11:1; Mc 11:25)*

7 Pag mananalangin kayo, huwag ka-
yong magsalita nang magsalita gaya ng
ginagawa ng mga pagano; naniniwala nga
sila na mas pakikinggan sila kung marami
silang sinasabi. 8 Huwag kayong tumulad
sa kanila. Alam ng inyong Ama ang mga
pangangailangan ninyo bago pa man
kayo humingi.

9 Kaya, ganito kayo manalangin:

---

sabihin ng *kapwa*. Itinataguyod ng mga batas ng mga Judio ang pagkakabuklod ng bayang Israel pero hindi nila naisip ang tungkol sa pagkakapatiran ng lahat.

*Kamuhian ang iyong kaaway*. Mababasa sa Dt 7:2-3 ang katulad na anyo nito. Sa pagtukoy sa mga kaaway ng bansa (at hindi mga personal na kaaway), sinasabihan silang huwag magtiwala sa kanila at mabuhay nang malayo sa kanila para huwag makibahagi sa kanilang mga pagkakamali.

*Mahalin ninyo ang inyong kaaway:* Mc 12:31; Lc 10:27; Rom 13:9; Gal 5:14; Jaime 2:8; Rom 12:20; Lc 23:34; Gawa 7:60; Rom 12:14; 1 Cor 4:12; Ef 15:1.

• **6.**1 Hindi tayo magagantimpalaan ng Diyos habang sarili nating interes at pakikisama ng kapwa ang ating hinahanap. Sisimulan niyang makinig sa atin at magpakilala kung siya lamang ang gagawin nating saksi ng ating buhay. Ang nananampalataya ang nakakakita sa di-nakikita, at kuntento na siyang malaman na nakikita siya at kilala ng Diyos.

Nasa lahat ng dako ang Diyos pero wala siyang mga tainga para pakinggan ang ating mga "dasal". Balewala ang pagbubukas ng bibig hanggang hindi natin isinasaisantabi ang lahat para mapag-isa sa kanyang presensya. Bakit paulit-ulit at napakabilis nating dinarasal ang ating mga panalangin gayong ni hindi natin naiintindihan ang ating sinasabi?

*ANG LANGIT; ANG AMANG NASA LANGIT*

• 7. Wala sa dami ng salita o pag-uulit ng mga dasal ang halaga ng panalangin, na para bang trabahong dapat tapusin. Nakasalalay sa ating pananampalataya at pag-ibig sa Diyos ang halaga ng panalangin. Kailangan nating ituon ang ating puso at isipan sa Diyos bilang Ama at kaibigan, bilang Diyos na nagmamahal sa atin at laging naghihintay sa atin para magkaroon ng ilang sandali ng katahimikan sa kanya. Hindi pagsasalita nang pagsasalita ang panalangin kundi pagpapaubaya ng ating buhay sa mga mapagmahal na kamay ng Diyos.

Ibinigay ni Jesus sa kanyang mga alagad ang *Ama Namin* bilang pinakaganap na panalanging sadyang bumubukal sa puso ng mga anak ng Diyos, sapagkat dito nila ipinahahayag ang lahat nilang ninanais sa tamang ayos at anyo. Tulad ng mga guro ng panahong iyon, maingat na binuo ni Jesus ang *Ama Namin* para mas madali itong masaulo. Kapag pinagsama-sama ang mga unang letra ng mga unang berso ng panalangin sa lengguwaheng ginamit ni Jesus, nabubuo ang salitang *dumating* (o *mapasaamin*) na siyang pinakasusi ng panalanging ito: *Dumating ang Kaharian mo!*

Nabanggit na natin na ang Diyos mismo ang tinutukoy ng mga kapanahon ni Jesus sa pagsasabi nila ng *Langit* dahil sa malaki nilang pitagan sa Diyos kayat hindi nila mabigkas ang kanyang pangalan. Kaya naman sinasabi rin ni Jesus: *Kaharian ng Langit* para sabihing Kaharian ng Diyos, at *Amang nasa Langit* na ibig sabihi'y Amang-Diyos.

Kabilang daigdig ang ibig sabihin ng *Langit* para sa atin, isang daigdig na di materyal kung saan ibinabahagi ng Diyos ang kanyang kaligayahan sa gusto niyang bahaginan. Kayat sa pagsasabi nating *Amang nasa Langit*, hindi ito nangangahulugan na malapit o

Ama naming nasa Langit,
sambahin ang Ngalan mo,
10 dumating ang Kaharian mo,
sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa Langit.
11 Bigyan mo kami ngayon ng aming
kakanin sa araw-araw,
12 patawarin mo ang aming mga
pagkakautang
gaya ng pagpapatawad namin sa
mga nagkakautang sa amin.
13 Huwag mo kaming dalhin sa tukso,
at iligtas mo kami sa Masama.
14 Kung patatawarin ninyo ang mga

---

malayo siya, nasa itaas o nasa ilalim o nasa loob. Hangad lamang nating itaas sa kanya ang ating espiritu. Alam natin na hindi marapat sa kanya ang ating mga salita, at makasarili't limitado ang ating mga pinagkakaabalahan kung ikukumpara sa kadakilaan ng kanyang mga pag-iisip at kabutihang-loob ng kanyang pag-ibig. Hindi ordinaryo at natural ang makipag-usap sa Diyos at matawag siyang Ama, kundi isang napakalaking pribilehiyo. Sinasabi ni Jesus: "Aking Ama" at "Inyong Ama". Dahil siya ang kaisa-isa, at tayo'y mga anak na ampon dahil sa awa ng Diyos na nagkaloob na *isilang* tayong *muli* Jn 3:1).

Sinasabi rin ng Biblia ang salitang Diyos at pati ang *Pangalan* ng Diyos. Alam natin na pagpapakilala ng Diyos ang sangkinapal at pinupuspos niya ang lahat niyang nilikha, ngunit hindi siya nakapaloob dito ni sa alinmang dako. Kaya naman ginagamit natin ang kanyang *Pangalan* para sabihin ang aktibo niyang presensya, ang ningning niya't kagandahang bumabalot sa lahat.

*Sambahin ang Ngalan mo!* Ibig sabihi'y "Makilala nawa at ipahayag na Banal ang iyong Pangalan! Makita nawa ang kagandahan mo't kabutihang-loob sa mga nagiging anak mo! Makilala nawa ang iyong kaganapan sa mabubuting gawa nila (5:16)." Ayon sa Ebanghelyo ni Juan (14:23), napababanal ang Ngalan ng Diyos kung pinatutuloy ng mga nagsasabuhay sa kanyang salita ang kanyang presensya at kayamanan. Walang ibang hangad ang Ama kundi ibuhos sa mga anak na kanyang pinili at minahal ang kanyang kabanalan at kaligayahan. Gusto niyang itatak sa atin ang kanyang Pangalan upang mabuklod tayo sa kanya araw-gabi, kung paanong pinagbubuklod ng Espiritu Santo ang Ama at ang Anak.

*Dumating ang Kaharian mo.* Lumapit na sa atin ang Kaharian ng Diyos sa pagdating ni Jesus. Naghahari ang Diyos hindi dahil mas makapangyarihan siya ngayon, kundi mas madali siyang makapaghahari kung saan kilala na siya sa katotohanan. Nadarama na siya ngayon ng mga sumasampalataya hindi bilang isang Diyos na nagtatakda ng mga obligasyon ni isang Tagapagligtas na mas makapangyarihan sa masasama. Sa halip ay nakikilala nila siya sa kaloob ng kanyang Anak, sa pagpapakababa ng kanyang Anak at sa kanilang pagmamahalan. Sa pagkadiskubre sa katotohanang ito sumisibol ang pag-ibig at awa; at darating ang panahon na makikita natin sa daigdig ang ilang bunga ng Kahariang ito. Ngunit hindi sapat na basta na lamang maipagkasundong isa-isa ang mga sumasampalataya; ginawa tayo ng Diyos bilang lebadura o "baking powder". Ang mga ipinakipagkasundong anak ng Diyos ang lebadurang pampaalsa sa lipunan kayat patungo sa iisang layunin ang pagsulong ng sangkatauhan sampu ng lahat nitong mga proyekto, mga gawain at mga planong pang-ekonomiya at pampulitika: bawat isa at lahat-lahat ay kailangang bumalik sa Ama.

Ngunit mabuti man tayo o masama o walang pakialam, darating at darating ang Kaharian ng Diyos, sa ayaw nati't sa gusto, sapagkat narito na nga ito.

*Sundin ang loob mo.* Ito ang mga salita ni Jesus sa Getsemane (Mt 27:39). Naniniwala ang ilan na may higit silang pananampalataya dahil lagi nilang hinihintay na lutasin ng Diyos ang kanilang mga problema. Ngunit hindi ganito ang pagbibigay ng kasiyahan sa kanya. Itinataas ng mga anak ng Diyos ang kanilang espiritu sa kanya upang sa wakas ay maging sarili nilang kalooban ang kalooban mismo ng Diyos.

*Dito sa lupa para nang sa Langit.* Para sa tatlong naunang kahilingan ang mga salitang ito: *sambahin ang Ngalan mo... sundin ang loob mo.* Ipinaaalaala nito sa atin na lahat sa daigdig na ito na nilikha at saklaw ng panahon ay nakasalalay sa iba pang daigdig na hindi nilikha at wala nang panahon: ito ang Misteryo ng Pagkadiyos. Doo'y tinatamasa ng Diyos Ama ang kayamanang ibinabahagi niya sa kanyang nilikha. Nakikita niya ang kanyang bayang pinili sa kahihinatnan nito sa wakas ng daigdig na nagkakabuklod kay Kristo. Doo'y isinasakatuparan at niluluwalhati ng lahat ang kalooban ng Diyos. Ngunit para sa ating nabubuhay na saklaw ng panahon, nababahala tayo sa pamumuhay sa isang sitwasyong di ganap at lubos, sa isang mundong parang nanganganak, na parang puwersa ng kasamaan ang naghahari. At idinadalangin nating maayon nawa sa unang plano ng Diyos ang lahat, na siya namang tunay na mangyayari.

Hinihingi natin sa Ama *ang tinapay (ang kakanin)* na ipinangako niya sa mga nakikinig sa kanyang salita. Naniniwala ang mga tao ngayon na sa sariling pagsisikap lamang nila nakasalalay ang materyal na kapakanan nila. Sinasabi naman ng Biblia na sa Diyos at sa atin ito nakasalalay. Mga pansamantalang milagro sa ekonomiya ang mag-isang maihahatid ng tao, pero maaari nating aksayahin ang mga naipong kayamanan. Sa pakikinig lamang sa salita ng Diyos (Dt 8:3) magkakatinapay ang mga tao at maipamamahagi ito. Ang taong umaasa sa Diyos hindi para sa "aking" kakanin kundi para sa *aming kakanin* ang siyang magsisikap na magkatrabaho, gumawa sa mga bagay na kapaki-pakinabang at itaguyod ang katarungan sa kanyang pinagtatrabahuhan.

Tinatalakay din ng Ama Namin ang mga *utang* na kailangan nating patawarin (6:12). Pero mga *pagkakamali* naman ang nababasa natin sa 6:14. Maliwanag na magkapareho para kay Jesus ang mga utang at mga pagkakamali. Kapag pinatatawad natin ang *humihingi ng tawad* (Lc 17:4), hindi ito nangangahulugan na tayo ang nagmamagandang-loob sa kanya o

nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo
ng inyong Amang nasa Langit. 15 At kung
hindi ninyo patatawarin ang mga nagka-
sala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng
inyong Ama.

• 16 Pag mag-aayuno kayo, huwag
magpakita ng lungkot sa mukha gaya ng
mga mapagkunwari. Nagpapakita sila ng
lungkot sa mukha para makita ng tao na
nag-aayuno sila. Talagang sinasabi ko sa
inyo na nagantimpalaan na sila nang hus-
to. 17 Kung ikaw naman ang mag-aayuno,
maghilamos at ayusin ang sarili 18 sapag-
kat hindi ka nag-aayuno para pakitang-
tao lamang kundi para sa iyong Amang
nakakakita sa lahat. At gagantimpalaan
ka ng iyong Amang nakakakita sa lahat
ng lihim.

*(Lc 11:34; 12:33)*

• 19 Huwag dito sa lupa kayo mag-ipon
ng inyong mga iniipon sapagkat dito'y
masisira ang mga iyon ng mga kulisap at
kalawang, at mananakaw ng magna-
nakaw. 20 Sa piling ng Diyos kayo mag-

---

dagdag kaya sa ating kabutihan kundi pinalalaya natin ang ating sarili sa pagkamuhi o sama ng loob na lumalason sa atin. Hangga't nakakapit tayo sa ating mga karapatan, nananatili tayong nakaangkla rin sa mundong ito. Gusto ng Diyos na patawarin tayo o ilapit tayo sa kanya, pero paano niya ito magagawa kung mahigpit tayong nakakapit sa mga bagay ng mundong ito?

Kinakausap ni Jesus ang mga dukhang nasanay nang mabuhay na may mga utang na kadalasa'y hindi nila mabayaran. Obligado silang mabuhay sa piling ng mga taong hindi naman nila pinili. Pinararami lamang ng lahat ng ito ang mga pagkakataon para mag-kasamaan ng loob ang isa't isa. Marami ngayon ang talagang nagsasarili sa kanilang buhay at itinuturing na pinakamaganda na ang huwag magkaroon ng anumang utang na loob kaninuman. Dahil sa pagsasariling ito, lalo namang nagiging mahirap sa ating unawain ang habag ng Diyos sa mga dukhang tulad natin sa harap niya.

*Huwag mo kaming dalhin sa tukso.* Ganito ang sinasabi ng nakaaalam sa sarili niyang kahinaan at kaunting pananampalataya. Gaano man kalakas ang loob niya sa kasalukuyang sandali, alam niya na kung ikukubli ng Diyos ang kanyang mukha, tiyak na maiiwan siyang mag-isa. Wala siyang takot na harapin ang mahihirap na labanan kung ito ang siyang hinihingi ng Diyos sapagkat siyang nag-uutos sa atin ang siya ring magbibigay sa atin ng kinakailangang lakas. Ngunit alam nating wala tayong lakas sa ganang sarili natin.

At magiging mas maingat pa tayo kung alam nating hindi lamang *masama* ang kaaway kundi *ang Masama* mismo. May mas malakas at mas matalino sa atin na nag-aabang na linlangin tayo, iligaw sa pananampalataya at ibuwal sa sandaling bumilib tayo sa ating sarili at talikuran ang mga paraang ibinigay ni Jesus sa atin para manatili sa pananampalataya at sa Iglesya.

Tingnan ang isa pang mas maikling teksto sa Lucas 11:1.

• 16. Hindi binibigyang-katwiran o itinatakwil ni Jesus ang pag-aayuno. Nag-ayuno siya mismo: 4:2; 9:15; 17:21. Sinasabi lamang niya na walang saysay ang pag-aayuno kung pagpapahalaga ng kapwa at hindi ng Diyos ang hinahanap natin.

May pag-aayuno ang lahat ng relihiyon. Paraan ito ng pagtawag sa Diyos lalo na kapag dumaranas tayo ng labis na kasawiampalad (Joel 2:12). Angkop ito sa mga taong kinukunsiyensya at gustong kahabagan ng makapagpapatawad sa kanya (Jonas 3:8). Isa ring paraan ito ng pagtuturo ng pagkontrol sa sarili at pagpukaw sa ating lakas at kakayahan bilang paghahanda sa pagpapahayag ng Diyos (Ex 24:28).

Hindi masyadong binibigyang-diin ng Biblia ang pag-aayuno. Ipinahayag ng mga propeta na walang silbi ang pag-aayunong wala namang kalakip na pagiging mas maunawain at mas makatarungan sa kapwa: Is 58; Zac 7:4.

Mula sa panahon ni Gandhi, ginagamit din ng ilang mga tao at mga grupo ang pag-aayuno bilang paraan para ipaglaban ang kanilang simulain, bilang sandata sa pulitika para tawagin ang pansin sa kanilang mga ipinakikipaglaban. Wala namang masama rito, lamang e iba ito sa panrelihiyong pag-aayuno na binabanggit ni Jesus. Dahil sa pag-aayunong ito, ang Diyos ang gustong paratingan ng nag-aayuno at hindi opinyon ng publiko (Mt 6:18). Nangangahulugan din ito ng pagiging handa ng kalooban sa pagsisisi sa personal na kasalanan ng taong nag-aayuno.

• 19. *Huwag dito sa lupa kayo mag-ipon ng inyong mga iniipon.* Anu-ano ba ang mga bagay na pinag-aaksayahan natin ng ating lakas, mga bagay na ating pinapangarap at ipinagmamalaki? Anu-ano ang mga kayamanang nagbibigay sa atin ng kapanatagan sa ating mga tahanan? Anu-ano ang gusto nating mga kayamanan na itinatabi natin sa bahay, sa bangko, o kaya'y sa ating alaala para masiyahan sa pag-alaala sa mga ito?

*Naroon din ang iyong puso.* Sa kulturang Hebreo, ang isipan at konsiyensya ng tao ang ibig sabihin ng puso. Hindi ako ang magmamay-ari sa mga bagay na iyon; ang mga iyon ang magmamay-ari sa akin at hahadlangan akong makita nang malinaw ang buhay. Dahil sa mga iyon, ayaw ko nang makinig at mangahas na hanapin ang katotohanan sa takot na mahusgahan mismo ng katotohanan.

Ginagamit ng sumasampalataya ang pera, gumagawa siya ng mga plano, nabubuhay siya sa daigdig. Ngunit ang talaga lamang importante ayon sa Ebanghelyo ang tangi niyang hinahanap at minamahal.

ipon ng inyong iniipon; wala nga roong kulisap o kalawang na sisira, at walang magnanakaw. [21] Malaman mo nawa na kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din ang iyong puso.

• [22] Ang iyong mata ang lampara ng iyong katawan; kung malinaw ang iyong mata, nasa liwanag ang buo mong katawan. [23] Kung malabo naman ang iyong mata, nasa kadiliman ang buo mong katawan. At kung dumilim ang liwanag na nasa iyo, gaano pa kaya ang madilim!

**Sa Kaharian ituon ang iyong puso**
*(Lc 12:23; 16:13)*

• [24] Walang makakakapagsilbi sa dalawang amo; siguradong kamumuhian ang isa at mamahalin naman ang isa pa, o magiging matapat sa una at mapababayaan ang pangalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera.

[25] Kaya sinasabi ko sa inyo: huwag mag-alala sa kakanin at iinumin para sa inyong buhay, o sa idadamit para sa inyong katawan. Di ba't mas mahalaga ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa damit? [26] Tingnan ninyo ang mga ibon sa langit: hindi sila naghahasik ni nag-aani, ni nag-iipon sa mga bodega, gayunma'y pinakakain sila ng inyong Amang nasa Langit. Di ba't mas mahalaga kayo kaysa mga ibon?

[27] Sino sa inyo ang makapagdadagdag sa kanyang taas sa pagkabahala niya? [28] At bakit kayo mababahala tungkol sa pananamit? Tingnan ninyo ang mga bulaklak sa bukid, sa pagtubo ng mga ito. Hindi sila nagtatrabaho o humahabi. [29] Ngunit sinasabi ko sa inyo na kahit na si Solomon sa kanyang kayamanan ay hindi nakapagbihis gaya ng isa sa kanila. [30] Kung ganito ang damit na ibinibigay ng Diyos sa mga damo – mga damong nasa bukid ngayon at susunugin bukas sa kalan, higit pa ang gagawin niya para sa inyo na mga kakaunti ang paniniwala!

[31] Huwag na kayong mag-alala at magsabi: Ano ang ating kakanin? Ano ang ating iinumin? O, ano ang ating isusuot? [32] Ang mga pagano ang nababahala sa mga bagay na ito; ngunit alam ng inyong Amang nasa Langit na kailangan ninyo ang mga ito. [33] Kaya hanapin muna ninyo ang kaharian at katarungan ng Diyos, at ibibigay rin sa inyo ang lahat ng ito. [34] At huwag alalahanin ang bukas sapagkat bahala ang bukas na mag-alala sa kanyang sarili. Sapat na sa bawat araw ang sariling hirap nito.

---

• 22. Inihahambing ng talatang ito ang konsiyensya sa *mata*. Maaari palang maging kabulagan ang liwanag na ito sa ating kalooban. "Hindi ako kinokonsiyensya," ang sabi ng mga tao. Pero nakikita naman kaya ng konsiyensyang ito ang katotohanan?

Ang babala ni Jesus tungkol sa panganib ng bulag na konsiyensya na maaaring magligaw sa atin ay katugma ng kanyang tagubilin na nasa mga tunay na pinahahalagahan natin dapat ang ating mga puso. Karaniwang sinasabi sa espirituwalidad na Kristiyano na bunga ng wala sa lugar na pagkapit sa mga idea, mga tao, mga bagay, pera… ang kabulagan ng puso.

*ISANG PARAAN NG PAMUMUHAY*

• 24. *Walang makapagsisilbi sa dalawang amo.* Tulong sa atin ang panimulang linyang ito para maintindihan ang sumusunod: gusto ni Jesus na maging malaya tayo hindi sa mga gawain kundi sa lahat ng pagkabahala para mas makapaglingkod sa Diyos.

Naituro na ng Kasulatan na dapat tayong mamili sa Diyos at sa mga huwad na diyos. Sinasabi rito ni Jesus na ang *Pera* ang huwad na diyos dahil naghahandog ito ng kaligayahan at kapanatagan para sa hinaharap. Ngunit ninanakaw naman nito sa atin ang kasalukuyang panahon na tangi nating yaman. Sa kaabalahan natin sa paghanap ng pera, hindi natin magawang mabuhay nang lubos at malaya: napapabayaan natin ang ating personal na paglago at ang ating pamilya, nagwawalang-imik tayo sa harap ng kasamaan at kasinungalingan, hindi natin inaasikaso ang ating kapwa at nangangayupapa sa harap ng makapangyarihan.

*Bakit kayo mababahala?* Matapos problemahin ang kawalan ng pera, o ang kasalukuyang hirap na dinaranas, o ang kawalan ng hanapbuhay, napapahiya tayo sa pagkakita sa mga simpleng tao na nakapagbabahagi ng kaunting meron sila sa ibang mas pobre kaysa kanila, na hindi naman nanghihinayang o iniisip na nakagawa sila nang malaki. Pagpapalaya ang gawa ng Diyos sa kabuuan ng kasaysayan. Ngunit magkakaroon naman kaya tayo ng sapat na pananampalataya para palayain ang ating mga sarili mula sa napakaraming kaabalahan?

Hindi nangangahulugan ang paghahambing sa *mga bulaklak* at *mga ibon* na makapaghahalukipkip na

**Mga anak ng Kaharian**
*(Lc 6:37; 11:9; 6:31; 13:23)*

**7** • 1 Huwag humatol at hindi kayo
hahatulan. 2 Kung paano kayo hu-
matol sa inyong kapwa, gayon din kayo
hahatulan, at susukatin kayo sa sukatang
ginamit ninyo. 3 Bakit mo tinitingnan ang
puwing sa mata ng iyong kapatid? At di
mo pansin ang troso sa iyong mata.
4 Paano mo masasabi sa iyong kapatid:
'Halika, at aalisin ko ang puwing sa iyong
mata,' kung may troso naman sa iyong
mata? 5 Mapagkunwari! alisin mo muna
ang troso sa iyong mata, at saka mo
makikita kung paano aalisin ang puwing
sa mata ng iyong kapatid.

• 6 Huwag ibigay ang banal sa mga aso
o itapon ang inyong perlas sa mga baboy,
at baka yapakan nila ito at balikan kayo at
lapain.

• 7 Humingi at kayo'y bibigyan; magha-
nap at matatagpuan ninyo; kumatok at
bubuksan ang pinto para sa inyo. 8 Talaga
ngang tumatanggap ang humihingi, na-
kakakita ang naghahanap, at pagbubuk-
san ang kumakatok. 9 Sino sa inyo ang
magbibigay ng bato sa kanyang anak
kung tinapay ang hinihingi nito? 10 Sino
ang magbibigay ng ahas kung isda ang
hinihingi nito? 11 Kahit masama kayo,
marunong kayong magbigay ng mabu-
ting bagay sa inyong mga anak. Gaano pa
kaya ang inyong Amang nasa Langit?
Magbibigay siya ng mabubuting bagay sa
mga hihingi sa kanya.
12 Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto
ninyong gawin sa inyo, ito ang nasa Batas
at Mga Propeta.

• 13 Pumasok sa makipot na pinto
sapagkat malapad ang pintuan at mala-
wak ang daan papunta sa kapariwaraan,
at marami ang pumapasok doon. 14 Napa-
kakipot naman ang pintong papunta sa

---

lamang tayo at walang gagawin dahil kaya tayo ginawa ng Diyos na may mga braso at utak ay para gamitin ang mga ito. Sa halip ay itinuturo sa atin ni Jesus na kung inaalagaan at pinagaganda ng Diyos ang pinakamaliit sa kanyang mga nilalang, higit pa niya tayong aalagaan para maging maganda at ganap ang ating buhay.

*Hanapin muna ang Kaharian.* Gusto ni Jesus na makipagsapalaran tayo para sa totoo, sa halip na problemahin ang katiyakan ng ating kinabukasan. Tinatawag tayong lahat na makibaka araw-araw para makamit ang higit na katarungan, kagandahan at kadakilaan. Kaya kailangan nating limutin ang ating sarili, isakripisyo ang mga pansariling interes at kahit na siguro ang kinabukasan ng ating mga anak. Kailangan siguro nating ilaan ang ating sarili sa mga gawang apostoliko na kakaunti o walang anumang suweldo.

• **7.**1 *Huwag* kayong *humatol.* Kailangan tayong matutong humusga kung ano ang mabuti o masama sa ating paligid. Ngunit hindi natin dapat gawing hukom ang ating mga sarili para husgahan ang ating kapwa, na para bang mas magaling tayo sa kanya at kailangan natin siyang ipagdiinan at husgahan. Para maging makatarungan ka sa iyong kapwa, ituring mo siya nang may katarungan; para maging mabuti ka sa kanya, tingnan mo siya nang may kabutihan.

Kung titingnan natin ang ating buhay, malalaman natin na ang mga umalalay at umunawa sa atin ang nakatulong sa atin, at hindi ang mga humusga at humatol sa atin.

*Huwag* kayong *humatol:* Rom 2:1; 14:4; 1 Cor 5:12; Jaime 4:11.

Paano natin mahuhusgahan, hindi sa negatibong kahulugan nito, ang pagkakamali ng ating kapwa para ituwid siya? Ipinaliliwanag ito ni Pablo sa Gal 6:1-5. Tingnan din ang Mt 18:15-17 at Jn 8:1-11.

• 6. *Huwag itapon ang inyong perlas sa mga baboy.* Sinasabi ito ni Jesus sa kanyang mga alagad na nabubuhay sa gitna ng masamang daigdig. Hindi nila dapat sabihin ang lahat kaninuman. Binigyan ng Diyos ang bawat isa sa atin ng mahahalagang regalo: hindi natin dapat agad ibahagi ang mga ito kaninuman, sa paniwalang sa pamamagitan nito'y maihahatid sila sa pananampalataya.

• 7. Tingnan ang paliwanag sa Lucas 11:9, pati ang sa Marcos 11:24; Juan 14:13; 15:7; 16:23; Jaime 1:5.

• 13. *Pumasok sa makipot na pinto.* Minsan pa nating maitatanong: "Sino ang maliligtas" (Mt 19:25).

Hindi kailanman sinabi ni Jesus kung marami o kaunti ang makikibahagi sa buhay na walang hanggan ("yong mga papunta sa langit"). Ngunit maraming beses niyang sinabi na *napakakakaunti ang pipiliin sa mga tinawag.* Nangangahulugan ito na sa dinami-dami ng mga taong pinalad na makilala siya, at *tinawag* na makibahagi sa kanyang misyon, napakakaunti lamang ang makakaranas sa yaman ng Ebanghelyo at makapamumunga sa kanilang sarili at para sa kapwa. Ang mga nagtitiyaga at nagsisikap para sa ganap na paglaya ang mga *pinili.*

*Marami ang pumipili sa landas na naghahatid sa*

buhay at mabalakid ang daan at kakaunti
ang mga nakakatagpo rito.

**Nakikilala ang puno sa bunga nito**
*(Lc 6:43)*

• 15 Mag-ingat sa mga bulaang propeta
na lumalapit sa inyo na parang mga tupa
pero mababagsik na mga asong-gubat
naman sa loob. 16 Makikilala ninyo sila sa
kanilang mga bunga. Makapipitas ba ng
ubas sa tinikan o ng igos sa dawagan?
17 Namumunga ng mabuti ang mabu-
ting puno, at namumunga naman ng
masama ang masamang puno. 18 Hindi
makapamumunga ng masama ang ma-
buting puno, at ang masamang puno
naman ay hindi makapamumunga ng
mabuti. 19 Pinuputol ang anumang puno
na hindi namumunga ng mabuting bunga
at itinatapon sa apoy. 20 Kaya makikilala
ninyo sila sa kanilang bunga.

**Ang matatalino at mga hangal na tagapagtayo ng bahay**
*(Lc 6:47; 13:26; Mc 1:22)*

• 21 Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ng
'Panginoon! Panginoon!' ay papasok sa
kaharian ng Langit kundi ang nagsa-
sagawa sa kalooban ng aking Amang
nasa Langit. 22 Sa araw na iyon, marami
ang magsasabing: 'Panginoon, Pangi-
noon, hindi ba kami nagsalita sa ngalan
mo? Hindi ba nagpalayas kami ng mga
demonyo at gumawa ng mga himala sa
ngalan mo?' 23 Ngunit sasabihin ko sa ka-
nila nang walang paliguy-ligoy: 'Hinding-
hindi ko kayo kilala; *lumayo sa akin ka-*
*yong mga gumagawa ng masama.'*

24 Kaya kung may nakikinig sa mga
salita ko at sumusunod dito, matutulad
siya sa isang matalinong nagtayo ng
bahay sa batuhan. 25 Bumagyo at bumaha

---

*kapahamakan.* Lumalabas sila sa landas na si Kristo ang lahat-lahat para sa atin. Sinasayang nila ang mga kaloob ng Diyos na ipinagkatiwala sa kanila at waring nagiging wala nang silbi para sa Kaharian. Ngunit hindi pa rin ipinagkakait sa kanila ang awa ng Diyos.

• 15. Mga tao at mga usong may masamang impluwensiya sa atin ang *mga bulaang propeta.* Inilalagay nila tayo sa maling daan. Madali nating nasasabing mabuti ang gayong propeta dahil gusto natin siya at agad tayong nakakakita ng mga dahilan para bigyang-katwiran ang kanyang mga gawa at ang bunga ng mga iyon. Nagiging masigasig tayo para sa ganito o gayong klase ng buhay nang wala namang magandang dahilan. At kung inilalayo tayo nito sa Ebanghelyo, sinasabi nating hindi naman dapat sundin nang literal ang Ebanghelyo.

Mga kabataang alipin ng sex at konsumerismo, mga ordinaryong trabahador na nagkakanya-kanya dahil sa inggit at pagkamakasarili, mga pamilyang hindi tunay na nag-uusap ang mga mag-asawa at walang ibang alam na pagpapahinga kundi manood ng T.V. ... ilan lamang ang mga ito sa mga bunga ng *masamang puno.*

*Hindi makapamumunga ng ubas ang dawag.* Sa pagsasagawa napapatunayan ang mga plano at mga pala-palagay. Inaanyayahan tayo ni Jesus na tingnan muna ang mga bagay-bagay bago bumuo ng pasya. Sa pagsusuri tungkol sa mga ideolohiya at programang panlipunan at pampulitika, hindi sapat na tingnan lamang ang mga layunin at mithiin ng mga ito (na karaniwan namang maganda at kaakit-akit). Kailangang tingnan natin ang tunay na nangyari sa mga ito sa kasaysayan. Ngunit nahihirapan tayo na talagang makita at bigyan-pansin ang mga iba't ibang pangyayari sa daigdig na ating ginagalawan. Mas gusto nating magtalu-talo at magdebate tungkol sa mga idea kaysa suriin ang mga tunay na sitwasyon. Nasanay na si Jesus sa pagtatrabaho kayat wala siyang bilib sa mga idea at pala-palagay.

Maraming tao ang walang tiwala o kaya'y minamata ang hindi nila kapartido. Pero pinagtatakpan naman nila ang mga pagkakamali at kahit na ang mga krimen ng mga kapartido nila. Ngunit itinatakwil ni Jesus ang mga gumagawa ng pagkakawatak-watak, kasinungalingan, karahasan at paboritismo, kahit na pinapalabas nilang makatarungang simulain ang kanilang ipinaglalaban. Kaya sa pamamagitan nito'y pinagtitibay niya ang saligang prinsipyo ng moralidad: hindi mabibigyan-katwiran ng kahihinatnan ang pamamaraan.

• 21. Sa Araw ng Paghuhukom *marami ang magsasabi ng...* Ang mga miyembro ng Iglesya ang tinutukoy ni Jesus, lalo na ang mga maimpluwensya na kinikilala ng iba at bilib sa sarili. Nagtuturo man tayo o gumagawa ng mga himala, ibinigay sa atin ang lahat ng kakayahan at ministeryong ito para sa kapakanan ng pamayanan. Hindi ito nangangahulugang nasa grasya na tayo ng Diyos. Sa pamamagitan ng pag-ibig gumagawa ang tunay na pananampalatayang nagliligtas sa atin (Gal 5:6) at nagbubunsod sa ating tuparin ang Batas (Jaime 2:8).

*Ang sinumang nakakarinig sa aking mga salita.* Tinutukoy ni Jesus ang mga nakikinig sa kanyang salita at sumasampalataya: naniniwala silang ligtas na sila. Ngunit kung hindi nila sasamantalahin ang pagiging masigasig nila sa simula para itayo ang ating buhay sa matatag na mga pundasyon gaya ng pagninilay sa Biblia, kagandahang-loob, pakikipaglaban sa masasamang hilig at pakikibahagi sa pamayanang Kristiyano

ang ilog at humangin nang malakas,
ngunit hindi nagiba ang bahay sapagkat
itinayo ito sa batuhan. 26 At ang sinumang
nakakarinig sa aking mga salita at hindi
nagsasagawa nito, matutulad siya sa
isang hangal na nagtayo ng bahay sa bu-
hangin. 27 Bumagyo at bumaha ang ilog at
humangin nang malakas, at bumagsak
ang bahay at kay laking kapahamakan!

28 Nang matapos si Jesus sa mga pa-
nanalitang ito, nagulat ang mga tao sa
kanyang pangangaral 29 sapagkat na-
ngaral siya nang may kapangyarihan,
hindi gaya ng kanilang mga guro ng Batas.

**Ang pagpapagaling sa ketongin**

*(Mc 1:40; Lc 5:12)*

**8** 1 Pagkababa ni Jesus mula sa
bundok, maraming tao ang sumu-
nod sa kanya.

2 Lumapit sa kanya ang isang may
ketong, at paluhod na nagsabi: "Ginoo,
kung gusto mo, mapalilinis mo ako."
3 Iniunat ni Jesus ang kanyang kamay,
hinipo siya at sinabi: "Gusto ko, luminis
ka!" Nang oras ding iyo'y gumaling ang
lalaki sa kanyang ketong. 4 At sinabi ni
Jesus sa kanya: "Mag-ingat ka, huwag
mong sasabihin ito kanino man, kundi
pumunta ka sa pari para suriin ka niya at
ialay ang handog na iniutos ni Moises
bilang patunay sa kanila."

**Ang pananalig ng senturyon**

*(Lc 7:1; Jn 4:46)*

• 5 Pagdating ni Jesus sa Capernaum
lumapit sa kanya ang isang kapitan at
nakiusap sa kanya: 6 "Ginoo, nakahiga sa
bahay ang aking katulong. Lumpo siya at
sobra na ang paghihirap..." 7 Sinabi sa
kanya ni Jesus: "Paroroon ako at paga-
galingin ko siya."

8 Sumagot ang kapitan: "Hindi ako
karapat-dapat para tumuloy ka sa ilalim
ng aking bubong. Mag-utos ka lang at
gagaling na ang aking katulong. 9 Dahil
tao rin akong nasa ilalim ng kapangya-
rihan ng iba, at may mga kawal na nasa
ilalim ko mismo at sinasabi ko sa isa:
'Pumaroon ka,' pumaparoon siya. At sa
isa pa: 'Pumarito ka,' at pumaparito siya;
at sa aking katulong: 'Gawin mo ito,' at
ginagawa niya."

10 Nang marinig ito ni Jesus, humanga
siya at sinabi sa mga sumusunod sa
kanya: "Sinasabi ko sa inyo, wala pa
akong natagpuang ganitong paniniwala
sa Israel. 11 Sinasabi ko sa inyo: marami
ang darating mula sa silangan at sa
kanluran para makisalo kina Abraham,

---

– at saka na susunod ang lahat pagsapit ng panahon.

Sa talatang ito winawakasan ni Mateo ang unang Diskurso kung saan niya tinitipon ang mga salita ni Jesus na maaaring magsilbing "tawag sa lahat ng taong may mabuting kalooban". Isang bagong Diskurso ang magsisimula sa kabanata 10.

• **8**.5 Tingnan ang paliwanag sa Lucas 7:1.

*Ang mga tagapagmana ng Kaharian.* (b. 12). Ginamit ang mga salitang ito para sabihin ang pananalitang Judio na ginamit ni Jesus: ang mga anak ng Kaharian, na ibig sabihi'y ang mga kabilang o mga kakampi ang may kinalaman sa Kaharian. Sapagkat nakatuon sa pagmana sa kahariang ipinangako sa kanila ang kabuuan ng buhay ng mga Judio.

Sa mga Judio ng panahong iyon, ang pamayanang relihiyoso ang nagtuturo ng relihiyon. Hindi problema ang personal na pagsampalataya; mga anak ng mga pamilyang Judio ang nagiging mananampalatayang Judio. Hindi minamaliit ng mga gurong Judio ang pananampalataya ngunit sa katunaya'y mga kaugalian at pananagutan lamang ang lagi nilang sinasabi. Hindi rin naman minamaliit ni Jesus ang mga kaugalian pero pananampalataya ang kanyang *hinahangaan* at pinupuri; tingnan ang Mateo 9:2; 9:22; 9:28.

*Marami ang darating* (b. 11). Tinatawag tayong maging ang *maraming* ito. Hindi kaalaman sa relihiyon o mga debosyon ng ating pagkabata ang maghahatid sa atin sa Kaharian. Gaya ng mga kapanahon ni Jesus, kailangan din nating madiskubre ang mapagmahal na presensya ng Ama habang nadarama ang kapangyarihan ng salita at kontrobersyal na mga gawa ni Jesus.

*Itatapon sa kadiliman* (b. 12). Ang mabibigat na babalang ito na bagay sa estilong ginamit ng mga propeta ay hindi nangangahulugan na mabubulid sa impiyerno ang mga hindi naniniwala kay Jesus. Sa halip ay sinasabi nito sa atin na malayo sa tunay na liwanag ang mga di-sumasampalataya. Hindi pinapalitan ng pag-aaral sa relihiyon ang pananampalataya at ang pagtawag ng Ama (Jn 6:44). Ang tila imposible ang siyang inaasahan ng pananampalataya mula sa Diyos; paggaling ang hiningi ng kapitan ngunit mas mahalagang bagay ang hihingin natin sa oras na madiskubre natin ang masaganang yaman ng Diyos at ng ating bokasyon.

Isaac at Jacob sa kaharian ng Langit. 12 At
itatapon naman sa kadiliman ang mga
tagapagmana ng Kaharian; at doon ang
iyakan at pagngangalit ng mga ngipin."

13 At sinabi ni Jesus sa kapitan: "Umuwi
ka at mangyayari ang pinaniniwalaan
mo." At gumaling ang katulong sa oras
ding iyon.

14 Pagpasok naman ni Jesus sa bahay
ni Pedro, nakita niya ang biyenan ni Pedro
na may lagnat at nakahiga. 15 Hinawakan
niya ang kamay nito at iniwan ito ng lag-
nat. Kaya bumangon siya at nagsimulang
maglingkod sa kanya.

16 Pagkalubog ng araw, dinala nila kay
Jesus ang mga taong inaalihan ng masa-
samang espiritu, at sa isang salita lamang
ay napalayas niya ang mga ito. Pinagaling
din niya ang mga maysakit. 17 Kaya natu-
pad ang ipinasabi kay Isaias, ang Propeta:
*Kinuha niya ang ating mga kahinaan at*
*pinasan niya ang mga may sakit.*

18 Nang makita ni Jesus ang maraming
taong nakapaligid sa kanya, iniutos
niyang tumawid sa kabilang ibayo. 19 May
lumapit sa kanya na isang guro ng Batas
na nagsabi: "Panginoon, susunod ako sa
iyo saan ka man pumunta." 20 Sinabi ni
Jesus sa kanya: May lungga ang asong-
gubat, may pugad ang mga ibon, ngunit
walang mahigan ng kanyang ulo ang
Anak ng Tao."

21 Isa pa sa mga alagad ang nagsabi sa
kanya: "Panginoon, pauwiin mo muna
ako para mailibing ko ang aking ama."
22 Ngunit sinagot siya ni Jesus: "Sumunod
ka sa akin, at bayaan mong ilibing ng
patay ang kanilang mga patay."

**Pinatigil ni Jesus ang bagyo**
*(Mc 4:35; Lc 8:22)*

23 Sumakay si Jesus sa bangka at
sumunod sa kanya ang mga alagad niya.
24 Walang anu-ano'y nagkaroon ng mala-
kas na bagyo sa lawa at parang matata-
bunan na ng mga alon ang bangka.
Ngunit tulog si Jesus.

25 Ginising siya nila na sumisigaw:
"Panginoon, saklolo! Mamamatay tayo!"
26 At sinabi ni Jesus: "Ba't kayo natata-
kot, kayong napakaliit ng paniwala?" Bu-
mangon siya at inutusan ang mga alon at
hangin, at tumahimik ang lahat.

27 Nagulat ang mga tao at sinabi nila:
"Anong klaseng tao ito? Sumusunod sa
kanya pati mga hangin at dagat."

**Ang mga demonyo at ang mga baboy**
*(Mc 5:1; Lc 8:26)*

28 Pagdating ni Jesus sa lupain ng Ga-
dara sa kabilang ibayo, sinalubong siya
ng dalawang lalaking inaalihan ng de-
monyo, na galing sa mga libingan. Napa-
kabangis nila kayat walang makadaan
doon. 29 Bigla silang sumigaw: "Ano ang
kailangan mo sa amin, ikaw na Anak ng
Diyos! Pumarito ka ba para pahirapan
kami bago ang takdang panahon?"

30 Sa may di-kalayua'y maraming
baboy na nanginginain. 31 Kaya hiniling sa
kanya ng mga demonyo: "Kung palala-
yasin mo kami, ipadala mo kami sa mga
baboy." 32 Sinabi ni Jesus sa kanila:
"Umalis kayo." Kaya pagkalayas ng mga
demonyo'y pumasok ang mga ito sa mga
baboy – at hayun! nahulog sa bangin ang
lahat ng baboy papuntang dagat, at
nalunod na lahat.

33 Tumakas naman ang mga nagba-
bantay sa mga baboy. Pagdating nila sa
bayan, ipinamalita nila ang lahat at kung
ano ang nangyari sa mga inaalihan ng
mga demonyo. 34 Kaya lumabas ang bu-
ong bayan para salubungin si Jesus; at
pagkakita nila sa kanya, hiniling nilang
umalis siya sa kanilang lugar.

**Pinagaling ni Jesus ang paralitiko**
*(Mc 2:1; Lc 5:17)*

9 • 1 Muling sumakay sa bangka si
Jesus, tumawid sa lawa at bumalik
sa sariling bayan. 2 Dinala sa kanya roon
ang isang paralitikong nakahiga sa pa-
pag. Nang makita ni Jesus ang kanilang
pananalig, sinabi niya sa paralitiko: "La-
kasan mo ang iyong loob, anak! Pinata-
wad na ang iyong mga kasalanan."
3 Noo'y inisip ng ilang guro ng Batas:
"Iniinsulto ng taong ito ang Diyos." 4 Alam
ni Jesus ang kanilang mga niloloob, at
sinabi niya: "Bakit kayo nag-iisip ng
masama? 5 Ano ba ang mas madaling
sabihin: 'Pinatawad na ang iyong mga
kasalanan' o 'Tumayo ka at lumakad'?
6 Dapat n'yong malaman na may kapang-
yarihan sa lupa ang Anak ng Tao na mag-
patawad ng kasalanan." At sinabi niya sa
paralitiko: "Bumangon ka, dalhin mo ang
iyong higaan at umuwi." 7 At bumangon
ang tao at umuwi.
8 Nang makita naman ito ng mga tao,
napuno sila ng pagkamangha at nagpuri
sa Diyos sa pagbibigay ng gayong
kapangyarihan sa mga tao.

**Tinawag ni Jesus si Mateo**
*(Mc 2:13; Lc 5:27)*

• 9 Sa paglalakad ni Jesus, nakita niya
ang isang lalaking nagngangalang Mateo
na nakaupo sa singilan ng buwis at sinabi
niya rito: "Sumunod ka sa akin." At
tumayo si Mateo at sinundan siya. 10 At
habang nasa hapag si Jesus sa bahay ni
Mateo, maraming tagasingil ng buwis at
iba pang makasalanan ang lumapit at na-
kisalo kay Jesus at sa kanyang mga ala-
gad. 11 Nang makita ito ng mga Pariseo,
tinanong nila ang kanyang mga alagad:
"Bakit kumakaing kasama ng mga maka-
salanan at maniningil ng buwis ang in-
yong guro?"
12 Nang marinig ito ni Jesus, sinabi
niya: "Hindi ang malulusog ang nanga-
ngailangan ng doktor kundi ang mga
maysakit! 13 Sige, matutuhan sana ninyo
ang kahulugan ng *'Awa ang gusto ko,
hindi handog.'* Hindi ako pumarito para
tawagin ang mabubuti kundi ang mga
makasalanan."
14 Noo'y lumapit sa kanya ang mga
alagad ni Juan at nagtanong: "May araw
ng ayuno kami at ang mga Pariseo, at
wala bang pag-aayuno ang iyong mga
alagad?"
15 Sinagot sila ni Jesus: "Puwede bang
magluksa ang mga abay sa kasalan ha-
bang kasama pa nila ang nobyo? Darating
ang panahon na aagawin sa kanila ang
nobyo at sa araw na iyon sila mag-aayuno.
16 Walang magtatagpi ng bagong
pirasong tela sa lumang balabal sapagkat
uurong ang tagpi at lalo pang lalaki ang
punit. 17 At hindi ka rin naman maglalagay
ng bagong alak sa mga lumang sisidlan.
Kung gagawin mo ito, puputok ang mga
sisidlan at matatapon ang alak at masisira
rin ang mga sisidlan. Sa bagong sisidlan
dapat ilagay ang bagong alak; sa gayo'y
pareho silang tatagal."

---

• **9.1** Tingnan ang paliwanag sa Marcos 2:1 at Lucas 5:17.

Pinuri nila ang *Diyos sa pagbibigay ng gayong kapangyarihan sa mga tao* (b. 8). *Sa mga tao,* ibig sabihi'y hindi lamang kay Jesus kundi sa mga miyembro ng pamayanang Kristiyano dahil nakikibahagi silang lahat sa kapangyarihang magpatawad. Sa mga unang taon ng Iglesya, mas mulat kaysa atin ngayon ang mga pamayanang Kristiyano noon sa kapangyarihang ibinigay sa kanila. Mas deretsahang isinasagawa ng mga naatasang magpatawad o magpanatili sa mga kasalanan ang tungkulin nilang ito. Ngunit ginagawa nila ito alang-alang sa pamayanan; kailangang makibahagi ang bawat isa sa pagsagip at pakikipagkasundo sa kanyang mga kapatid (tingnan 1 Cor 5:3-5; 2 Cor 2:5-11; Jaime 5:16-20; 1 Jn 5:16-17; Jd 22-25).

Hindi natin pinawawalang-halaga ang absolusyon ng pari, ngunit alam natin na tinatamasa ng buong pamayanan ang presensya ni Kristo. Sa pagkakaroon natin ng mga relasyon sa habag at pagtitiwala sa isa't isa, at mapagkumbabang pagtanggap sa pagtutuwid-kapatid at sa pagpapatawaran ng mga mag-asawa, si Kristo mismo ang nagpapatawad at ang pinatawad sa atin *sa lupa* ay pinatawad *sa langit* (Mt 18:18).

• 9. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 2:13. Ang mga hindi sumusunod sa Batas ni Moises at nakikipag-

**Ang batang babaeng patay at ang babaeng maysakit**

*(Mc 5:21; Lc 8:40)*

• 18 Habang nagsasalita si Jesus sa
kanila, lumapit sa kanya ang isang
pangulo ng sinagoga at paluhod na sinabi:
"Kamamatay nga lamang ng aking anak
na babae, pero halika at ipatong ang
iyong mga kamay at siya'y mabubuhay."
19 Kaya tumayo si Jesus at sumama sa
kanya, pati na ang kanyang mga alagad.
20 Nilapitan naman siya mula sa likuran
ng isang babaeng labindalawang taon
nang dinudugo, at hinipo nito ang layla-
yan ng damit ni Jesus. 21 Sapagkat naisip
niya: "Kung mahihipo ko lamang ang lay-
layan ng kanyang damit, gagaling na
ako." 22 Lumingon naman si Jesus, nakita
niya siya at sinabi: "Lakasan mo ang
iyong loob, anak ko, pinagaling ka ng
iyong pananalig." At gumaling ang babae
sa sandaling iyon.
23 Pagdating ni Jesus sa bahay ng
pangulo, nakita niya ang mga tumutugtog
ng plauta at ang maraming taong
nagkakaingay. 24 At sinabi niya: "Umalis
kayo! Hindi patay ang dalagita kundi
tulog." Pinagtawanan nila siya. 25 Ngunit
pagkaalis ng mga tao, pumasok siya,
hinawakan ang bata sa kamay at buma-
ngon ito. 26 Lumaganap ang balitang ito sa
buong lupaing iyon.

• 27 Pag-alis ni Jesus sa lugar na iyon,
sumunod sa kanya ang dalawang bulag
na lalaki na sumisigaw: "Anak ni David,
tulungan mo kami!" 28 Pagdating niya sa
bahay, inabutan siya ng mga bulag at
sinabi ni Jesus sa kanila: "Naniniwala ba
kayo na may kapangyarihan ako para
gawin ang gusto ninyong mangyari?" At
sumagot sila: "Oo, Ginoo!"
29 Hinipo ni Jesus ang kanilang mga
mata at sinabi: "Mangyari sa inyo ang
inyong paniwala." 30 At nabuksan ang
kanilang mga mata. Mahigpit naman si-
lang tinagubilinan ni Jesus: "Mag-ingat
kayo at huwag sabihin ito kanino man."
31 Ngunit pagkaalis nila, ipinahayag nila
siya sa buong bayan.
32 Nang makaalis na ang mga ito, may
nagdala naman kay Jesus ng isang lala-
king pipi na inaalihan ng demonyo.
33 Nang mapalayas niya ang demonyo,
nakapagsalita ang pipi kaya namangha
ang mga tao at kanilang sinabi: "Wala
pang nangyaring ganito sa Israel." 34 Ngu-
nit sinabi naman ng mga Pariseo: "Nagpa-
palayas siya ng demonyo sa tulong ng
pinuno ng mga demonyo."

• 35 At nilibot ni Jesus ang mga bayan
at mga nayon; nagtuturo siya sa kanilang
mga sinagoga, nagpapahayag ng Mabu-
ting Balita ng Kaharian at nagpapagaling

---

tulungan (gaya ng mga kobrador ng buwis) sa mga dayuhang nasa kapangyarihan ang tinatawag na *mga makasalanan*.

• 18. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 5:21.
*Hinipo nito ang laylayan ng damit ni Jesus.* Gaya ng isang mabuting Judio, may mga palawit sa kanyang balabal si Jesus (Blg 15:38 at Mt 23:5). Sinulid na maasul-asul ang palawit na ito na kakulay ng langit at halos sagradong bagay na.

• 27. *Sumunod sa kanya... na sumisigaw.* Paano kung bulag sila? Nagkakandarapa at nagpapaakay sa iba. Kapag nagkasala ka, sumigaw ka sa Diyos at patuloy na hanapin si Kristo.

• 35. *Naawa siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol.* Tingnan: Blg 27:17; Ez 34:5; Zac 10:2; pati ang Jn 4:35; Mc 6:34; Lc 10:2.

Hinihingi ni Jesus sa bawat isa sa atin na paglingkuran ang sangkatauhan sa pamamagitan ng ating mga talento. Ngunit kailangan din niya ng *mga manggagawa para anihin* ng Kaharian ng Diyos, ibig sabihi'y para tipunin sa Iglesya ang mga tumanggap ng tawag sa Diyos. "*Manalangin,*" ang sabi ni Jesus, at baka marinig mo ang tawag ng Diyos.

Hindi sinabi ni Jesus na kailangan tayong manalangin para magkaroon ng maraming pari o tagapaglingkod, dahil sa katunaya'y problema ng bawat pamayanang Kristiyano ang magkaroon ng mga pinuno at mga pastol. Ang gusto ni Jesus ay manalangin tayo para sa mga misyonero at mga manggagawang apostoliko; napakakaunti at laging magiging iilan lamang ang mga ito, lalo na ang mga naglilingkod sa piling ng mga dukha.

*MGA PAGPAPAGALING*

Kay Jesus, ang Diyos mismo ang bumaba para

ng lahat ng sakit at karamdaman. 36 Nang makita niya ang makapal na tao, naawa siya sa kanila sapagkat hirap sila at lupaypay na parang mga tupang walang pastol. 37 At sinabi niya sa kanyang mga alagad: "Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa. 38 Idalangin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani."

**Ang labindalawang apostol**

*(Mc 3:13; Lc 6:12)*

**10** • 1 Tinawag ni Jesus ang labindalawa niyang alagad at binigyan sila ng kapangyarihan sa maruruming espiritu para palayasin ang mga ito at pagalingin ang lahat ng sakit at karamdaman.

2 Ito ang mga pangalan ng labindalawang apostol: una, si Simong tinatawag na Pedro, at ang kanyang kapatid na si Andres; si Jaime na anak ni Zebedeo, at ang kapatid nitong si Juan; 3 sina Felipe at Bartolome, Tomas at Mateo, na tagasingil ng buwis; si Jaimeng anak ni Alfeo, at si Tadeo; 4 si Simong Kananeo, at si Judas Iskariote na magkakanulo sa kanya.

**Sinugo ni Jesus ang mga unang misyonero**

*(Lc 9:1; 10:1; Mc 6:8)*

• 5 Sinugo ni Jesus ang labindalawang ito at pinagbilinan: "Huwag kayong lumiko papunta sa mga pagano at huwag

---

pagalingin ang sangkatauhan. At dahil magiging napakahaba at napakatagal ang gawang ito, kailangang magbigay siya ng ilang nakikitang tanda para tulungan ang mga taong maniwala sa halos di napapansing pagpapagaling na ito.

Kailangang pagalingin ni Jesus ang mga maysakit, at maging sa ngayon ma'y kailangan ding magbigay ng mga tanda ng kanilang ipinangangaral ang mga pamayanang Kristiyano. Kailangan nilang pagalingin ang kasalukuyang daigdig mula sa mga karamdaman nito. Hindi lamang limitado ang pagpapagaling sa mga sakit ng katawan ang kaloob ng pagpapagaling. Gayundin naman, hindi lamang mga indibidwal na karamdaman ang kagagawan ng demonyo.

Ang makapagpapagaling sa kanilang mga sakit ang hinahanap ng mga tao, kaya napakakapal na tao ang sumusunod kay Jesus. Ngunit para sa kanya, ang ating mga sakit pati na ang pagsasamantala, ang gutom at ang digmaan ay mga bunga lamang at mga tanda ng mas malubhang sakit na nakaugat sa ating puso, na walang iba kundi ang kasalanan. Maaaring sapat na ang patuloy na paggawa at pagkakaisa ng lahat ng taong may mabuting kalooban para remedyuhan ang ilan sa ating mga kasawiampalad. Ngunit iisa lamang ang paraan para mapuksa ang kasamaan sa pinakaugat nito: ito ang ibalik ang tao sa kanyang dignidad bilang anak ng Diyos. Nangangailangan ito ng personal na pagbabago na nagmumula sa Diyos sa pagpapadala niya ng kanyang Espiritu sa atin.

• **10.1** Hanggang sa sandaling iyo'y sa mga sinagoga lamang sa palibot ng Capernaum nangangaral si Jesus. Pero tanyag na siya ngayon at may mga tagasunod na para tipunin ang maraming tao. Binuo niya sa pagkakataong iyon ang grupo ng Labindalawa. Kailangan niya sila para ihanda ang mga pagtitipon, para palaganapin ang kanyang mga aral, para paramihin ang mga mahimalang tanda na ginagawa niya sa mga maysakit.

Pinaplano rin naman ni Jesus ang kanyang Iglesya at gusto niya itong bigyan ng isang pinuno: ito ang grupo ng mga apostol. Sila ang magiging mga saksi ni Jesus sa piling ng mga tao kayat isang paraan ng pamumuhay at pagsasama-sama na magsisilbing huwaran ng Iglesya ang itinuturo niya sa kanila.

*Ito ang mga pangalan ng Labindalawa.* Nabubuo ng labindalawang tribu ang bansang Judio. Kaya naman labindalawang apostol ang tinatawag ni Jesus: gusto niyang maunawaan nila na sila ang pundasyon ng isang bagong bayan ng Diyos. Tingnan ang Lucas 23:30 at Pagbubunyag 21:4.

*Tinawag niya ang mga gusto niya* (tingnan Jn 15:16). At pagkatapos ay ang mga ito naman ang tatawag sa iba pa. Sa Iglesya, makagagawa ng "apostolado" ang sinuman. Ngunit walang sinumang makagagawang apostol sa kanyang sarili; bilang opisyal na saksi ni Kristo: kailangan siyang tawagin para sa responsabilidad na ito.

Tungkol sa *Labindalawang* ito, tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:16.

*MISYON*

• 5. Sa bagong Diskursong ito, tinitipon naman ni Mateo ang mga salita ni Jesus tungkol sa misyon. Ang mga unang misyonero ng Galilea ang kinakausap ni Jesus sa unang bahagi (b. 5-16). At saka nagsasalita si Jesus para sa lahat ng magiging saksi niya sa daigdig sa hinaharap.

Tingnan ang paliwanag sa Marcos 6:7 at Lucas 10:1.

Ito ang unang misyon. *Pagsusugo* ang talagang ibig sabihin ng *misyon.* Ang Ama ang siyang nagsusugo sa kanyang mga tagapagbalita sa mundo para tipunin sa iisang sambayanan ang mga sumampalataya sa kanyang pag-ibig at mga pangako.

Isinusugo ng Ama ang mga tagapaghatid ng kanyang salita pero isinusugo rin niya ang kanyang Espiritu Santo upang pukawin ang puso't isipan ng kanilang mga tagapakinig. Makikilala nila sa pamamagitan

pumasok sa bayang Samaritano. 6 Hana-
pin ninyo ang nawawalang tupa ng sam-
bayanan ng Israel.
7 Ipahayag ang mensaheng ito sa in-
yong paglalakbay: 'Palapit na ang kaha-
rian ng Langit.' 8 Pagalingin ang maysakit,
buhayin ang patay, linisin ang mga may-
ketong at palayasin ang mga demonyo.
Tumanggap kayo nang walang bayad
magbigay nang walang bayad. 9 Huwag
magdala ng ginto, pilak o pera sa inyong
mga bulsa. 10 Huwag magdala ng balutan
o sobrang damit o sandalyas o tungkod
sapagkat nararapat sa manggagawa ang
kanyang ikabubuhay.
11 Pagdating ninyo sa isang bayan o
baryo, maghanap ng isang taong karapat-
dapat at makituloy sa kanya hanggang sa
inyong pag-alis.
12 Pagpasok ninyo sa isang tahanan,
dasalan ito ng kapayapaan. 13 Kung kara-
pat-dapat ang sambahayang ito, sasa-
kanila ang kapayapaang dinasal ninyo;
kung hindi naman karapat-dapat, babalik
sa inyo ang inyong dasal.
14 At kung may bahay o bayang hindi
tatanggap sa inyo o makikinig sa inyong
mga salita, lumabas sa bahay o bayang
iyon at ipagpag ang alikabok sa inyong
mga paa. 15 Sinasabi ko sa inyo, mas ma-
giging magaan pa sa araw ng paghu-
hukom para sa mga taga-Sodom at
Gomorra kaysa bayang iyon.

**Uusigin kayo**

*(Lc 12:11; Mc 13:9; 8:38)*

• 16 Isinusugo ko kayo ngayon na pa-
rang mga tupa sa gitna ng mga asong-
gubat. Maging matalino nawa kayo gaya
ng mga ahas at walang-malay na parang
mga kalapati. 17 Mag-ingat sa mga tao;
ibibigay nga nila kayo sa mga sanggunian

---

ng Espiritu ang salita ng Diyos sa mga simpleng pananalita ng walang pinag-aralang mga sugong ito.

Isinusugo sa lupa ng Ama ang kanyang Anak, at isinusugo naman ng Anak ang kanyang mga apostol. Ipinagkatiwala ng Ama kay Jesus ang katuparan ng kanyang plano, at inaako naman ng Iglesya ng mga apostol ang pagpapatuloy sa gawang sinimulan ni Jesus.

*Huwag kayong lumiko papunta sa mga pagano.* Sinusunod ni Jesus ang plano ng pagliligtas ng kanyang Ama gaya ng inilalarawan sa Biblia. Kailangan munang tipunin ng Tagapagligtas ang *naligaw na mga tupa* ng bayang Israel, at saka siya maghahatid ng kaligtasan sa *mga bansang pagano* (Is 49:6; 60:1-10; Zac 14:16; Mt 15:24).

Sinumang *tumanggap sa inyo* (b. 40). Pagbale-wala sa tawag ng Ama at pagkasayang sa pinakamagandang pagkakataon sa buhay ng sinuman ang pagtanggi sa mga sugo.

*MGA MARTIR*

• 16. Ang kanyang mga alagad sa lahat ng panahon na mahaharap sa mga pag-uusig ang kinakausap ni Jesus sa pahinang ito.

*Saksi* ang ibig sabihin ng salitang *martir*, at ginagamit natin ito para sa mga saksi ni Jesus na nagbuwis ng kanilang buhay at naghirap para sa pananampalataya. Ngunit hindi nangangahulugang martir na ang sinumang Kristiyanong pinatay. Mga Kristiyano lamang na pinag-usig dahil kay Kristo at nabuhay ayon sa Ebanghelyo ang maituturing na mga martir. Kung ipinakita nila sa kanilang pagkamatay ang katulad na mga damdamin ni Jesus sa kanyang Pasyon, mga tunay na saksi nga sila.

Malabo at magugulong sitwasyon ang nakikita natin sa ilang lugar. May lugar na kinikilala ng pamahalaang sibil ang Kristiyanismo at ipinagdiriwang mismo ang mga seremonyang panrelihiyon. Ngunit sa kabilang dako nama'y ibinibilanggo, tinotortyur at pinapatay ang magagaling na mga Kristiyano at mga pari. Sa ganitong mga pagkakatao'y ang mga taong kapwa nagtatamasa sa yaman ng daigdig na ito at kinikilalang mabubuting Kristiyano ang nagsasabing "Hindi martir ang mga iyon kundi mga inaping pulitiko."

Nagkaroon din ng ganitong kawalan ng paniwala sa mga martir ng lumipas na mga dantaon. Nang pinag-uusig ang mga kabataang Kristiyano dahil sa pasya nilang manatiling birhen, marami ang nagsabing "Hindi naman gan'on kabigat ang hinihingi ng ating pananampalataya. Ba't ayaw nilang harapin ang kanilang mga tungkulin sa pamilya?" At saka lamang natin nakita na kalayaan pala ng mga Kristiyano ang ipinaglalaban ng mga birheng iyon. At nang tumanggi ang mga Katoliko ng England, France at China na bumuo ng mga pambansang iglesya na hiwalay sa Iglesya Katolika at sa Roma, hindi ba sila mga taksil sa batas ng kanilang bansa? Ngunit mga saksi sila sa pangkalahatang bayan ng Diyos. Mga saksi sila sa kalooban ni Kristo tungkol sa Iglesya. Ang Diyos ang kailangan nilang sundin at hindi mga tao.

Ganito ring pagkakaiba ang meron ngayon. May mga sumasampalatayang ayaw manindigan laban sa lahat ng di makataong patakaran at istrukturang tinatanggap ng lipunan. Ibibigay nila ang kanilang buhay kay Jesus pero wala silang nakikitang sapat na dahilan para sumalungat sa maling kalakaran o puwersahang panunupil. Nakikita naman ng iba ang mga kontradiksyong namamagitan sa Ebanghelyo at sa sitwasyon ng

at hahagupitin kayo sa kanilang mga sinagoga. [18] Dadalhin din nila kayo sa mga pinuno at mga hari dahil sa akin, at dapat kayong magbigay-patotoo sa kanila at sa mga pagano.

• [19] Pag isinakdal naman kayo, huwag mag-alala sa inyong sasabihin; sa oras na iyo'y ibibigay nga sa inyo ang inyong sasabihin. [20] Sapagkat hindi kayo ang magsasalita kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang magsasalita sa pamamagitan ninyo.

[21] Ipapapatay ng kapatid ang sariling kapatid, ng ama ang kanyang anak; at isasakdal ng mga anak ang kanilang mga magulang at ipapapatay sila. [22] Kamumuhian kayo ng lahat dahil sa akin, ngunit ang mananatiling matatag hanggang wakas ang siyang maliligtas.

• [23] Pag inusig kayo sa isang bayan, tumakas kayo sa iba. Sinasabi ko nga sa inyo, bago ninyo matapos daanan ang lahat ng bayan sa Israel, darating na ang Anak ng Tao.

[24] Hindi higit sa guro ang alagad, o higit sa kanyang amo ang utusan. [25] Sapat na sa alagad na maging gaya ng kanyang guro at sa utusan gaya ng kanyang amo. Kung tinawag na Beelzebul ang may-ari ng bahay, ano pa kaya ang kanyang mga kasambahay! Kaya huwag kayong matakot sa kanila.

[26] Walang tinatakpan na di nabubunyag at walang natatago na di nahahayag. [27] Ang sinasabi ko sa inyo sa dilim, ipahayag ninyo sa liwanag. Ang narinig ninyo nang pabulong, ipahayag mula sa bubong.

• [28] Huwag matakot sa mga nakapapatay ng katawan ngunit hindi ng kaluluwa. Matakot kayo sa may kapangyarihang sumira ng kaluluwa pati ng katawan sa

---

korupsyon sa lipunan at di-makataong klase ng pamumuhay. Kaya naman sinisikap nilang maging mga saksi ng Mabuting Balita at gumagawa para sa katarungan, katotohanan at pagpapalayang hatid ng Ebanghelyo. Dahil dito'y dumaranas sila ng paninirang-puri at panunupil na mga paraan ng pagtatanggol ng lipunan sa sarili.

May ilan sa kanila na talagang nagsisikap maibangon ang mga latak ng lipunan, gaya ng ginawa ni Jesus. Ang iba nama'y ayaw yumuko sa harap ng mayayaman at makapangyarihan tulad ng ginawa ni Jesus. At ipinahahayag naman ng iba ang katotohanan kahit na hindi ito kasiya-siya sa lahat, gaya ng ginawa ni Jesus. Ituturing ng mga taong pampulitika lamang ang pamantayan na pamumulitika ang mga pagkilos na ito. Ngunit para naman sa mga nagsasabuhay sa pananampalataya, makikita nila ang mga ito bilang pagpapatunay ng pananampalataya. Sa totoo'y hindi importante na malaman natin ngayon kung sino ang mga tunay na martir ni Kristo at kung sino ang hindi. Sapagkat siya mismo *ang kikilala sa kanila sa harap ng kanyang Ama* pagdating niya sa Kaluwalhatian.

• 19. *Huwag mag-alala.* Hindi sa ganang sarili nagtatrabaho ang mga saksi ni Jesus. Kaya mas makapangangaral at makakikilos sila nang mabuti kapag sa Espiritu Santo nagmumula ang kanilang mga salita at gawa. At habang lalo silang natutulad kay Jesus sa mga pag-uusig at pagkabilanggo, lalo naman silang tinutulungan ng Espiritu. Sa pamomroblema nilang *ipagtanggol ang sarili sa hukuman,* hinahadlangan nila ang kalayaan ng Espiritu at iwinawala lamang ang kapayapaang ibinibigay ng Espiritu sa mga inuusig.

• 23. *Bago n'yo matapos daanan ang lahat ng bayan... darating na ang Anak ng Tao* (b. 23). Mas mabuti sana kung sa unang bahagi ng Diskurso – 10:5-16 tungkol sa misyon sa Galilea – inilagay ang pangungusap na ito. Ngunit sa paglalagay sa lugar na ito, ang mga misyonero sa darating na panahon ang gustong tukuyin ni Mateo at binibigyan niya ito ng bagong kahulugan: hindi sila mauubusan ng trabaho hanggang sa ikalawang pagdating ni Jesus.

• 28. Mga duwag tayo at alam ito ni Jesus. Sinabi na niya, "Huwag kayong matakot" nang anyayahan niya tayong huwag hanapin ang seguridad na hatid ng pera. Tinutukoy naman niya ngayon ang pagkatakot sa panunupil, at kanyang idinadagdag: "Kung hindi n'yo maalis ang pagiging duwag ninyo, isipin n'yo kung nasaan ang mas mabigat na panganib: sa Diyos o sa tao?"

Sa pagkakataong ito lamang sinasabi ni Jesus: *Matakot kayo sa Diyos.* Kapag sinasabi ng Matandang Tipan na matakot sa Diyos, hindi pagkatakot sa kanya ang karaniwang kahulugan nito kundi pitagan sa Diyos. Ngunit malaki ang kaibahan ng pitagan sa pagkatakot. Saloobin ng isang taong malaya ang pitagan. At kung may puwersahan namang magpapasunod sa atin, hindi tayo magkakaroon ng pitagan kundi pagkatakot. Hindi nananakot ang Diyos na ihahagis tayo sa impiyerno kundi ipinaaalaala niya sa atin na pagkawala mismo ng ating sarili ang maiwala siya: ito ang impiyerno.

impiyerno. 29 Di ba't ipinagbibili ang mga
maya nang dalawa isang pera? Ngunit
wala isa man sa kanila ang bumabagsak
sa lupa na di niloloob ng inyong Ama. 30 At
kayo, bilang na pati buhok sa inyong ulo.
31 Kaya huwag kayong matakot: mas
mahalaga kayo kaysa mga maya.

• 32 Ang sinumang kumilala sa akin sa
harap ng mga tao ay kikilalanin ko sa
harap ng aking Ama sa Langit. 33 At ang
ayaw kumilala sa akin sa harap ng mga
tao ay hindi ko rin kikilalanin sa harap ng
aking Ama sa Langit.

• 34 Huwag ninyong isipin na dumating
ako para magdala ng kapayapaan sa
lupa. Hindi kapayapaan ang dala ko kundi
tabak. 35 Dumating akong taglay ang pag-
hihiwalay: *ng tao laban sa kanyang ama,
ng anak na babae sa kanyang ina, ng
manugang sa kanyang biyenan.* 36 *At ma-
giging kaaway ng bawat isa ang kan-
yang mga kasambahay.*

37 Hindi karapat-dapat sa akin ang mas
nagmamahal sa kanyang ama o ina
kaysa akin. Hindi karapat-dapat sa akin
ang mas nagmamahal sa kanyang anak
kaysa akin. 38 At hindi karapat-dapat sa
akin ang sinumang di nagpapasan sa
kanyang krus at sumusunod sa akin.
39 Ang nakakatagpo ng buhay niya ang
mawawalan nito at ang nawawalan ng
buhay niya alang-alang sa akin ang ma-
kakatagpo nito.

40 Kung may tumatanggap sa inyo, ti-
natanggap din niya ako; at kung may
tumatanggap sa akin, tinatanggap din
niya ang nagsugo sa akin. 41 Kung may
tumanggap sa isang propeta dahil pro-
peta ito, tatanggapin niya ang gantimpa-
lang bagay sa isang propeta; kung may
tumanggap sa isang mabuting tao dahil
marangal ito, tatanggapin niya ang gan-
timpalang bagay sa isang mabuting tao.
42 Kung may magpainom ng malamig na
tubig sa isa sa maliliit na ito dahil sa
alagad ko ito, sinasabi kong hindi siya
mananatiling walang gantimpala."

---

• 32. *Sinumang kumilala sa akin.* Matapos big-yang-diin ang dakilang kapangyarihan ng Ama, ipinapantay rito ni Jesus ang kanyang sarili: didisisyunan niya ang walang hanggang kapalaran natin. Hindi lamang pagkakilala sa kanya ang ibig sabihin ni Jesus, na hindi natin itatakwil ang ating pananampalatayang Kristiyano sa harap ng iba. May ibinibigay ring hamon sa araw-araw ang kanyang mga salita. Bilang mga taong may pananampalataya, hindi tayo dapat mahiyang kumilos o magsalita, at ihayag sa publiko ang ating mga paninindigan bilang Kristiyano kung kinakailangan.

• 34. *Huwag n'yong isipin na dumating ako para magdala ng kapayapaan.* Ang kapayapaan ng sumasampalataya ay bunga ng katiyakang mahal siya ng Diyos: ganito ang sinabi ng mga anghel ng Betlehem (Lc 2:14).

Ngunit hindi nagbibigay ng kapayapaan si Jesus sa mundo. Sapagkat ang mundo ay binubuo ng mga pagkalito, mga humigit-kumulang na katiyakan, panimbang sa pagsasalungatan ng kasakiman at pakikipagsapalaran. Kadalasa'y mga di-makatarungang kalakaran na ipinapataw ng pinakamalakas o samasamang kapurulan ng diwa ang ikinukubli ng kapayapaan ng mundo, sa lipunan man o sa pamilya. At lagi namang pagiging mulat at panunuri ang hatid ng Ebanghelyo. Sapat na ang isang Kristiyanong nabubuhay sa katotohanan para mag-isip at mabalisa ang marami (Jn 3:20; 15:18).

Pinapagdisisyon tayo ng Ebanghelyo nang may higit na kalayaan, na di inaalintana ang palagay ng mga malapit sa atin kung nakikita nating hindi nila maiintindihan ang ating mga dahilang mula sa Ebanghelyo. Kunin nating halimbawa ang isang dalagang nagdadalantao na tinututulan ang payo ng kanyang mga magulang na pagpapaaborsyon para "huwag madungisan ang pangalan ng pamilya." Pinag-usig ang mga Kristiyano sa maraming bansa sa pagtuturo nilang mas mataas ang batas ng Diyos kaysa kapangyarihan ng mga magulang na itinuturing na kataas-taasan sa lahat.

At nagsisimula rin naman ang demonyo ng mga paguusig laban sa sinumang sasampalataya at magsisimula sa daan ni Kristo para takutin siya at paatrasin (Mt 12:43; 13:21).

*Hindi* siya *karapat-dapat sa akin* (37). Hindi lamang sa mga misyonero o sa mga taong may natatanging misyon ito sinasabi ni Jesus. Kailangang makipagkalas ang bawat isa sa atin sa maraming klase ng pagsandal sa pamilya na hindi nakakatulong sa makatao at espirituwal na paglago ng sinuman. Makakatagpo ng napakaraming pagkakataon ang nagmamahal kay Kristo para palayain ang kanyang sarili mula sa mga gawain, pagsasama-sama at pagkabahala sa kanyang mga kamag-anak na sa totoo'y naggagapos lamang sa kanya at sa kanyang pamilya sa kawalang-paglago at pagbabago.

**Si Jesus at si Juan Bautista**

*(Lc 7:18; 16:16; 10:12)*

**11** • 1 Nang matapos si Jesus sa pag-
tuturo sa Labindalawa niyang ala-
gad, umalis siya roon para magturo at
mangaral sa mga bayan doon. 2 Nang
nasa kulungan si Juan Bautista, nabali-
taan niya ang mga ginagawa ni Kristo
kaya pinapunta niya ang kanyang mga
alagad 3 para tanungin siya: "Ikaw ba ang
darating o dapat bang maghintay pa kami
ng iba?"

4 Sumagot si Jesus sa kanila: "Bumalik
kayo at ibalita kay Juan ang inyong nari-
nig at nakita: 5 *Nakakakita ang mga
bulag, nakakalakad ang mga pilay, lu-
milinis ang mga mayketong, nakakarinig
ang mga bingi, nagigising ang mga patay
at may mabuting balitang ipinahahayag
sa mga dukha.* 6 At mapalad ang hindi
natitisod dahil sa akin."

7 Pagkaalis ng mga sugo ni Juan, nag-
simulang magsalita si Jesus sa mga tao
tungkol kay Juan: "Ano ang pinuntahan
ninyo sa disyerto para makita? Isang
kawayang hinahampas-hampas ng ha-
ngin? 8 Ano ang pinuntahan ninyo? Isang
lalaking magara ang bihis? Sa mga
palasyo nga nakatira ang mga taong
magagara ang bihis. 9 Ano ba ang pinun-
tahan ninyo? Isang propeta? Totoo. At
sinasabi ko na higit pa siya sa isang
propeta. 10 Siya ang binabanggit sa Kasu-
latan: *Pinauna ko sa iyo ang aking
mensahero upang ihanda ang daan sa
harap mo.*

11 Talagang sinasabi ko sa inyo, walang
sinuman sa mga kilalang tao ngayon ang
mas dakila pa kay Juang tagapagbinyag,
pero mas dakila sa kanya ang pinaka-
maliit sa kaharian ng Langit. 12 Mula sa
panahon ni Juan Bautista hanggang nga-
yon, ang kaharian ng Langit ay malakas
na sumusulong at mga maylakas ang
silang umaagaw nito.

13 Pagpopropesiya nga lamang ang
panahon ng Mga Propeta at ng Batas
hanggang kay Juan. 14 At kung gusto
ninyo itong tanggapin, si Juan ang Elias
na darating. 15 Makinig ang may tainga.

16 Ngayon, kanino ko ikukumpara ang
mga tao sa kasalukuyan? Para silang mga
batang nakaupo sa mga plasa at nagka-
kantahan, at nagrereklamo ang ilan sa
kanila: 17 'Tinugtog namin ang plauta para
sa inyo pero ayaw ninyong sumayaw, at
nang umawit naman kami ng malungkot
na awit, ayaw din ninyong umiyak!'

18 Ganito rin ang nangyari: Dumating
muna si Juan na nag-aayuno, at sabi ng
mga tao: 'Inaalihan siya ng demonyo.'
19 At saka dumating ang Anak ng Tao na

---

*PAG-EEBANGHELYO MUNA SA MGA DUKHA*

• **11.**1 Tingnan ang paliwanag sa Lucas 7:18.

*May mabuting balitang ipinahahayag sa mga dukha* (b. 5). Alam natin na *Mabuting Balita* ang ibig sabihin ng *Ebanghelyo* Ebanghelyo ang pamamahayag ni Jesus sa kanyang mga kapanahon dahil isa itong di-inaasahang mensahe na nagbibigay ng pag-asa sa mga dukha at ng pagkaalam sa kanilang dignidad. Kasama sa mensahe ni Jesus na ang mga dukha at ang mga nakikibahagi sa kanilang karukhaan ang unang minamahal ng Diyos. Hindi *para rin* sa kanila ang Ebanghelyo kundi *para muna* sa kanila.

*May mabuting balitang ipinahahayag sa mga dukha.* Kailangang basahin ang tekstong ito kasama ng Lucas 1:52; 4:18; 6:20; 10:23.

Nagkakamali ng pag-intindi sa tekstong ito ang ilan sa pag-aakala nilang tinatawag sila ni Jesus para maging katekista ng mga dukha. Sa panahon ni Jesus, iniisip na ng mga Pariseo na tungkulin nila ang magturo sa mga ordinaryong taong walang pinag-aralan. Ngunit sinugo ni Jesus ang kanyang mga apostol na dukha sa piling ng mga dukha para madiskubre nila ang presensya at paggawa ng Diyos Ama. Ang kongkretong buhay ng mga dukhang nasa siyudad at nasa nayon ang siyang kinapapalooban ng mga saligang karanasang babago sa daigdig at sa buhay espirituwal ng lahat.

b. 6 – Tingnan ang isa pang paraan ng pagsasalin sa pangungusap na ito sa Lucas 7:23.

b. 11 – Literal na sinasabi ni Mateo: wala pang *lumitaw* na mas dakila pa kay Juan. Isang propeta ang tinutukoy ng pandiwang ito.

b. 12 – Ang Kaharian ng Diyos ang puwersang nagpapasulong sa kasaysayan, na parehong ginagamit ang banayad at mararahas na pagbabago sa buhay ng tao. Tinatawag ang mga sumasampalataya na buong siglang makilahok sa patuloy na pagbabagong ito. Gumagawa sa atin at sa buong daigdig ang Kamatayan at Pagkabuhay.

kumakain at umiinom, at ang sabi ng mga tao: 'Lasenggo at matakaw, kaibigan ng mga publikano at mga makasalanan!' Gayon pa man, napatutunayang tama ang Karunungan sa kanyang mga gawa."

• [20]At sinimulang tuligsain ni Jesus ang mga bayang ginawan niya ng karamihan sa kanyang mga himala, sapagkat hindi sila nagpanibagong-buhay: [21]"Sawimpalad kayong mga bayan ng Corozain at Betsaida! Kung sa Tiro at Sidon nangyari ang mga himalang naganap sa piling ninyo, matagal na sana silang nagsisi nang may abo at sako. [22]Kaya sinasabi ko sa inyo: Mas magiging magaan pa ang sasapitin ng Tiro at Sidon sa araw ng paghuhukom kaysa inyo. [23]At ikaw naman, Capernaum, *itataas ka ba sa langit? Hindi, itatapon ka sa kaharian ng mga patay!* Sapagkat kung sa Sodom nangyari ang mga himalang naganap sa iyo, nananatili pa sana ngayon ang Sodom. [24]Kaya sinasabi ko sa inyo: mas magiging magaan pa ang sasapitin ng lupain ng Sodom sa araw ng paghuhukom kaysa inyo."

**Kunin ang aking pamatok**
*(Lc 10:21)*

• [25]Nagsalita si Jesus sa pagkakataong iyon: "Pinupuri kita Amang Panginoon ng Langit at lupa, sapagkat itinago mo ang mga bagay na ito sa matatalino at marurunong, at ipinamulat mo naman sa mga karaniwang tao. [26]Oo, Ama, ito ang ikinasiya mo.

[27]Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak.

[28]Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. [29]Kunin ninyo ang aking pamatok at matuto sa akin dahil mahinahon ako at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa. [30]Sapagkat maginhawa ang aking pamatok at magaan ang aking pasanin."

**Jesus, Panginoon ng Araw ng Pahinga**
*(Mc 2:23; 3:1 Lc 6:1; 14:1)*

**12** [1]Naglakad noon si Jesus sa mga taniman ng trigo minsang Araw ng

---

• 20. *Corozain at Betsaida:* nasa dalawang siyudad na ito ang mga paaralan para sa pagpapakadalubhasa sa relihiyon pero hindi naman tinanggap ng mga ito ang Ebanghelyo. *Tiro at Sidon:* dalawang paganong siyudad na isinumpa ng mga propeta, at pagkatapos ay nawasak.

• 25. Nabibigyang-diin sa maraming pagkakataon ang pakikipagniig ni Jesus sa Ama. Nakatawag-pansin sa mga alagad ang panalangin ni Jesus. Nasa tekstong ito ang maikling panalanging bunga ng katatapos pa lamang na mga pangyayari; bukal din ng panalangin ang mga pangyayari at pang-araw-araw na buhay.

*Inilihim mo ang mga bagay na ito.* Kayamanan din natin ang ating mga limitasyon. Sapagkat ang mayayabang, magagaling at hindi nangangailangan ng anuman ay hindi nakahandang maliwanagan ng pagbubunyag ni Jesus.

*Walang nakakakilala sa Ama.* Ang lahat ng relihiyon ay mga daang papunta sa Diyos at sa pamamagitan ng mga ito inililigtas ng Diyos ang tao. Ngunit tanging sa pamamagitan lamang ni Jesus tayo makapagsisimulang makipag-ugnayan sa Ama, sa Espiritu at sa katotohanan, at makibahagi sa mismong buhay niya.

*Matuto sa akin.* Maaaring intindihin ang sumusunod na mga salita bilang "*sapagkat maamo ako*" o "*na maamo ako*". Si Jesus mismo ang aral-Kristiyano: maamo at mababa ang loob. Kapayapaan at katiyakan ang ibinibigay nito sa atin. Sa katauhan ng kanyang Anak, ipinahahayag mismo ng Diyos ang kanyang ganap na pagpapakumbaba. At dahil Diyos mismo siya, mahihingi ni Jesus sa atin ang lahat sapagkat hindi mula sa labas ang kanyang dating sa atin kundi abot sa kaibuturan ng ating puso ang kanyang impluwensiya. Tingnan sa Lucas 10:21.

*Lumapit sa akin.* Hindi ko aalisin ang inyong *pasanin* kundi ibibigay ko sa inyo ang paraan ng pagbuhat sa inyong pinapasan sa paglalagay ko sa inyo ng *aking pamatok*.

Nilalaro ni Jesus ang mga salitang *pamatok* at *pasanin* dahil dati nang "pasanin" ang tawag ng mga Judio sa mga banal na aral na ibinabahagi sa mga mag-aaral o disipulo, at "pamatok" ang pagtimbang sa mga pangungusap ng guro na kailangang isaulo.

Si Jesus ang *pasensyoso at mapagkumbabang* guro. Ipinapakita niya sa atin ang awa ng Diyos sa ating buhay at sa sarili nating krus. Ipinapakita niya sa atin ang pag-ibig ng Diyos kahit na sa mga itinatadhana ng Batas. Ang Diyos lamang ang Mabuti at *mabuti* ang kapangyarihan ni Kristo.

Pahinga. Nagutom ang kanyang mga
alagad at sinimulan nilang alisin sa uhay
ang mga butil, at kinain iyon. 2 Nang
mapansin ito ng mga Pariseo, sinabi nila
kay Jesus: "Tingnan mo ang iyong mga
alagad, gumagawa sila ng ipinagbabawal
sa Araw ng Pahinga!"

3 Ngunit sumagot si Jesus: "Hindi ba
ninyo nabasa ang ginawa ni David noong
magutom siya at ang kanyang mga ka-
sama? 4 Pumasok siya sa bahay ng Diyos
at kinain ang tinapay na inihain para sa
Diyos gayong bawal sa kanya o sa kan-
yang mga kasama na kainin ito liban sa
mga pari. 5 At hindi ba ninyo nabasa sa
Batas na sa Araw ng Pahinga, walang
pahinga ang mga pari sa Templo pero
wala silang kasalanan dahil dito?

6 Sinasabi ko naman sa inyo: Dito'y
may mas dakila pa sa Templo. 7 Kung nau-
unawaan ninyong talaga ang salitang ito,
*'Awa ang gusto ko, hindi handog,'* hindi
sana ninyo hinatulan ang walang-sala.

8 At isa pa'y ang Anak ng Tao ang
Panginoon ng Araw ng Pahinga."

9 Pagkaalis doon ni Jesus, pumasok
siya sa kanilang sinagoga. 10 May isang
lalaki roon na hindi maigalaw ang kamay,
at mayroon din namang gustong isum-
bong si Jesus. Kaya tinanong nila si
Jesus: "Ayon ba sa Batas na magpagaling
sa mga Araw ng Pahinga?"

11 Ngunit sinabi niya sa kanila: "Kung
may isang tupa lang ang isa sa inyo at
nahulog ito sa hukay sa Araw ng Pahinga,
hindi ba niya ito aabutin at iaahon?
12 Ngunit mas mahalaga pa sa tupa ang
tao! Kaya ipinahihintulot ang paggawa ng
mabuti sa mga Araw ng Pahinga." 13 At
sinabi ni Jesus sa lalaki: "Iunat mo ang
iyong kamay." Iniunat ng tao ang kamay
at gumaling ito gaya ng kabilang kamay.

14 Pagkalabas ng mga Pariseo, nag-
usap-usap sila kung paano nila siya masi-
siraan. 15 Nalaman ito ni Jesus kaya luma-
yo siya sa lugar na iyon. Maraming tao
ang sumunod sa kanya. Pinagaling niya
ang lahat ng maysakit 16 ngunit inutusan
niya sila na huwag siyang ipamamalita.

17 Kaya natupad ang sinabi ni Isaias,
ang propeta:

18 *"Narito ang utusan ko na aking pinili,*
*ang mahal ko na siya kong kinalulugdan.*
*Ilalagay ko sa kanya ang aking Espiritu at*
*siya ang magpapahayag sa mga bansa*
*ng aking mga pasya.*

19 *Hindi siya makikipagtalo o sisigaw,*
*hindi maririnig sa mga liwasan ang kan-*
*yang tinig.* 20 *Hindi niya babaliin ang*
*sugatang tangkay o papatayin ang aan-*
*dap-andap na mitsa. Hindi siya titigil*
*hanggang magwagi ang katarungan.*
21 *Ang kanyang pangalan ang inaasahan*
*ng lahat ng bansa."*

**Ang kasalanang hindi mapapatawad**
*(Mc 3:22; Lc 11:15)*

• 22 Dinala noon sa kanya ang isang
lalaking inaalihan ng demonyong bulag at
pipi. Pinagaling ni Jesus ang tao, kaya

---

• **12.**22. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:22. Mga *kasamahan* ninyo (b. 27). Mga eksorsistang Judio na nagpapalayas ng mga demonyo sa paggamit ng mga panalangin at dasal (tulad ng nasasaad sa Mga Gawa 19:13) ang tinutukoy rito ni Jesus.

*Ang paglait laban sa Espiritu.* Tungkol ito sa pagsasabing sa demonyo galing ang mabubuting gawang sadyang sa Espiritu Santo, tulad ng matutunghayan natin sa Marcos 3:30.

*Sa panahong ito ni sa darating* (b. 32). Paraan ito ng pagsasalita ng mga Judio para sabihing hindi mapatatawad sa harap ng Diyos o ng tao ang kasalanang ito. Paano mapatatawad ng Diyos ang taong naglalayo ng kanyang sarili sa mapagpatawad na Diyos?

Kung *mabuting puno* ang itinanim (b. 33). Isa pa itong paggamit sa pangungusap sa 7:16. Tungkol ito sa mga akusasyon ng mga Pariseo laban kay Jesus: nilalait nila ang anumang mabuti sapagkat masama ang kanilang puso.

*Sa sarili mo ring salita ka hahatulan* (b. 37). Hahatulan ng Diyos ang bawat isa ayon sa kanyang konsiyensya at panukat. Pararatangan ang laging namimintas at nagpaparatang. Patatawarin naman ang marunong umunawa at magpatawad. Hindi tayo huhusgahan ng Diyos mula sa labas gaya ng ginagawa ng mga tao. Mula sa loob mismo nito lilitaw ang liwanag na maglalantad sa ating mga pagkakasala. Sa bagay na ito'y napakalayo natin sa Diyos na Hukom na may "mga parusa" tulad ng inaakala ng marami.

nakapagsalita ang pipi at nakakita. 23 Na-
gulat at nagtaka ang lahat ng tao: “Ito
kaya ang Anak ni David?” 24 Nang marinig
naman ito ng mga Pariseo, sinabi nila: “Sa
tulong lamang ni Beelzebul na pinuno ng
mga demonyo siya nakapagpapalayas ng
mga demonyo.”

25 Alam ni Jesus ang kanilang iniisip
kaya sinabi niya sa kanila: “Mabubuwag
ang bawat kahariang nagkakahati-hati, at
hindi magtatagal ang bawat bayan o
kabahayang nagkakahati-hati. 26 Kaya
kung Satanas ang nagpapalayas sa Sata-
nas, may paglalaban-laban sa kanyang
sarili; at paano pa makatatayo ang kan-
yang kaharian? 27 Kung sa tulong ni Beel-
zebul ako nakapagpapalayas ng mga
demonyo, sino ang tumutulong sa inyong
mga kasamahan para magpalayas ng
mga ito? Sila ang hahatol sa inyong sina-
sabi.

28 Sa Espiritu ng Diyos ako nagpapa-
layas ng mga demonyo kaya dumating na
sa inyo ang kaharian ng Diyos. 29 Sino ang
makapapasok sa bahay ni Malakas at
makaaagaw sa lahat niyang mga gamit
kung hindi muna itatali si Malakas? Saka
lamang niya masasaid ang lahat ng ari-
arian nito.

30 Laban sa akin ang di kampi sa akin at
nagkakalat naman ang di nag-iipong ka-
sama ko.

31 Kaya sinasabi ko ito sa inyo: patata-
warin ang mga tao sa anumang kasalanan
at paglait sa Diyos, ngunit hindi pata-
tawarin ang paglait laban sa Espiritu. 32 At
kung may magsalita laban sa Anak ng
Tao, mapapatawad siya; ngunit kung may
magsalita laban sa Espiritu Santo, hindi
siya mapapatawad sa panahong ito ni sa
darating.

33 Pag mabuti ang puno, mabuti ang
bunga nito; pag masama ang puno,
masama ang bunga nito. Nalalaman nga
ang puno sa bunga nito. 34 Lahi kayo ng
mga ulupong, at paano kayo maka-
pagsasalita nang mabuti kung masama
naman kayo? Ang umaapaw sa puso ang
namumutawi sa bibig. 35 Kaya inilalabas
ng mabuting tao ang mabubuting bagay
mula sa mabuting loob na yaman niya,
inilalabas naman ng masamang tao ang
masasamang bagay mula sa masamang
yaman nito.

36 Sinasabi ko sa inyo: sa araw ng pag-
huhukom, pananagutan ng mga tao ang
bawat sinabi nila nang walang batayan.
37 Batay sa sarili mong salita ka tatang-
gaping matuwid, at batay sa sarili mo ring
salita ka hahatulan.”

**Binatikos ni Jesus ang sarili niyang henerasyon**

*(Mc 8:11; Lc 11:16)*

• 38 Sinabi noon ng ilang guro ng Batas
at mga Pariseo: “Guro, gusto naming
makakita ng tanda mula sa iyo.” 39 Su-
magot si Jesus: “Isang palatandaan ang
hinihiling ng masama at di-tapat na lahing
ito ngunit walang palatandaang ibibigay
sa kanila, maliban sa palatandaan ni
Propeta Jonas. 40 Kung paanong tatlong
araw at tatlong gabing nasa tiyan ng
balyena si Jonas noon, gayundin naman
tatlong araw at tatlong gabing mananatili
sa ilalim ng lupa ang Anak ng Tao.

---

• 38. Hindi gumawa ng mga himala si Jesus nang araw na iyon dahil pinapagsusulit siya ng mga dalubhasa sa relihiyon sa halip na makinig sa kanya. Marami nang nagawang himala si Jesus ngunit hindi naman sila naniwala.

*Masama at di-tapat na lahi.* Nangangahulugan ang ekspresyong ito sa Biblia ng taksil na mananampalataya na hindi nga itinatakwil ang Diyos sa salita pero may iba namang dinidiyos sa kanyang puso.

Ang salinlahing kapanahon naman ni Jesus ang tinutukoy ng pangungusap tungkol sa *masamang espiritu* o demonyo. Pinuntahan nila siya at tinanggap ang kanyang mensahe, ngunit sa totoo'y panandalian lamang ang kanilang pagbabago at babalik sila sa dapat nilang kabulagan.

*Ang mga taga-Ninive:* tingnan sa Jonas 3:5.

*Ang Reyna ng Timog:* tingnan sa 1 Mga Hari 10.

*Ang tanda ni Jonas* ay ang pagkabuhay ni Jesus. Medyo pilit ang pagkakapareho ng tatlong araw ni Jonas sa tiyan ng balyena at ang panahong inilagi ni Jesus sa libingan.

41 Sa paghuhukom, babangon ang mga
taga-Ninive kasama ng mga taong ito at
hahatulan ang salinlahing ito sapagkat
nagpanibagong-buhay sila sa panganga-
ral ni Jonas, at dito'y may mas dakila pa
kay Jonas. 42 Sa paghuhukom, babangon
ang Reyna ng Timog, kasama ng mga
taong ito at hahatulan sila. Sapagkat
dumating siya mula sa kabilang dulo ng
mundo para masaksihan ang karunungan
ni Solomon, at dito'y may mas dakila pa
kay Solomon.

43 Kapag lumabas sa tao ang maruming
espiritu, nagpapalabuy-laboy ito sa mga
dakong walang tubig sa paghahanap ng
lugar na mapagpapahingahan, at wala
naman itong makita. 44 Kaya sinasabi
nito: 'Babalik ako sa inalisan kong bahay.'
At pagbabalik nito, nakikita nitong di
magulo ang bahay kundi malinis at
maayos. 45 Kaya naghahanap ito at nag-
dadala pa ngayon ng pitong espiritung
mas masama pa kaysa kanya. Puma-
pasok sila at doon nananatili; kaya mas
masama pa ang magiging kalagayan ng
taong iyon kaysa dati. Ganito rin ang
mangyayari sa salinlahing ito."

• 46 Nagsasalita pa si Jesus sa mga tao
nang dumating ang kanyang ina at mga
kapatid para makipag-usap sa kanya, at
naghihintay sila sa labas. 47 Kaya may
nagsabi sa kanya: "Nasa labas ang iyong
ina at mga kapatid; gusto ka nilang maka-
usap."

48 Sumagot si Jesus sa nagsabi sa kan-
ya: "Sino ang aking ina? Sino ang aking
mga kapatid?" 49 At itinuro niya ang kan-
yang mga alagad at sinabi: "Narito ang
aking ina at mga kapatid. 50 Ang nagsasa-
gawa sa kalooban ng aking Ama sa Langit
ang aking kapatid na lalaki at kapatid na
babae at ina."

**Ang talinhaga ng maghahasik**

*(Mc 4:1; Lc 8:4; 10:23; 13:26)*

**13** • 1 Nang araw ding iyon, umalis
sa bahay si Jesus at naupo sa may
dalampasigan. 2 Ngunit maraming tao
ang nagtipon sa paligid niya kaya suma-
kay siya at naupo sa bangka samantalang
nakatayo naman sa pampang ang mga
tao. 3 At marami siyang ipinahayag sa
kanila sa tulong ng mga talinhaga.

At sinabi ni Jesus: "Lumabas na ang
maghahasik para maghasik.

4 Sa kanyang paghahasik, may ilang
butong nahulog sa tabi ng daan. Duma-
ting ang mga ibon at kinain ang mga iyon.
5 Nahulog naman ang ibang buto sa ba-
tuhan at mababaw ang lupa roon. Ma-
daling tumubo ang mga buto dahil hindi
malalim ang lupa. 6 Ngunit pagsikat ng
araw, nasunog ito sa init at sapagkat wa-

---

• 46. *Ang kanyang ina at mga kapatid.* Kung tunay ngang mga kapatid sila ni Jesus, ibig sabihi'y mga anak ni Maria, ito ang sasabihin ng Ebanghelyo: "ang kanyang ina at ang mga anak ng kanyang ina" dahil ganito ang paraan ng pagsasalita ng mga Judio. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:31.

*MGA TALINHAGA*

• **13.1** Dito nagsisimula ang ikatlong Diskurso sa Ebanghelyo ni Mateo. Binubuo ito ng pitong talinhaga ni Jesus tungkol sa Kaharian ng Diyos. Iba-ibang aspekto ng Kaharian ang inilalahad ng bawat talinhaga; at sa pagsasama-sama sa mga ito, maiintindihan natin ito nang kaunti na lihim na lumalago sa atin sa kabuuan ng kasaysayan.

Nagsasalita ngayon si Jesus sa pamamagitan ng mga paghahambing tulad ng ginagawa ng mga magsasaka at mga trabahador. Bagay na bagay ang paraang ito ng pagtuturo sa paglalahad ng mga aral pangmoralidad. Lubos na ginagamit ng mga guro sa relihiyon nang panahong iyon ang mga paghahambing o talinhaga para mas madaling matandaan ng kanilang mga alagad ang mga aral nila.

Ngunit nang ipahayag ni Jesus na dumating na ang Kaharian ng Diyos, lumapit sa kanya ang maraming tao at gustong malinawan ang bagay na ito. Ang *Kaharian ng Diyos* para sa kanila ay katulad ng dating ng "pagpapalaya" sa ating panahon; may "kulay" ang salitang ito para sa kanila at may kinalaman sa pulitika. At nagtataka ang lahat kung bakit gumagamit ng mga talinhaga si Jesus sa halip na magsalita nang deretsahan.

Kabilang sa mga nakikinig sa kanya ang mga espiyang magsusuplong kay Herodes o sa mga Romano sa anumang salitang subersibo. Natakot kaya si Jesus sa kanila? Mas ikinababahala niya na mga solusyong pulitikal lamang ang hinahanap ng mga taong iyon; wala silang anumang nakikita liban sa kanilang mga

lang ugat, natuyo ito. 7 Nahulog ang iba
pang buto sa mga tinikan. At nang luma-
go ang mga tinik, sinikil ng mga ito ang
halaman. 8 Nahulog naman ang iba sa
matabang lupa at namunga: nagbunga ng
sandaan ang iba, animnapu naman ang
sa iba, at tatlumpu ang iba pa. 9 Makinig
ang may tainga!"

• 10 Pagkatapos ay lumapit sa kanya
ang mga alagad at nagtanong: "Bakit sa
pamamagitan ng mga talinhaga ka nag-
sasalita sa kanila?"
11 Sumagot si Jesus: "Sa inyo ipinagka-
loob na malaman ang mga lihim ng kaha-
rian ng Langit, ngunit hindi sa kanila.
12 Sapagkat bibigyan pa ang meron na at
sasagana pa siya. Ngunit ang wala, aaga-
win kahit na ang nasa kanya na. 13 Kaya
nagsasalita ako sa kanila nang patalin-
haga sapagkat tumitingin sila pero walang
nakikita, nakaririnig sila pero hindi nakiki-
nig o nakakaunawa.
14 Sa kanila natutupad ang mga salita ni
Propeta Isaias: *"Makinig man kayo nang*
*makinig, hindi kayo nakakaunawa;*
*tumingin man kayo nang tumingin, hindi*
*kayo nakakakita.*
15 *Pinatigas nga ang puso ng mga*
*taong ito. Halos walang naririnig ang*
*kanilang mga tainga at walang nakikita*
*ang kanilang mata. At baka makakita*
*ang kanilang mata at makarinig ang*
*kanilang tainga at makaunawa ang*
*kanilang puso, upang bumalik sila at*
*pagalingin ko sila."*
16 Ngunit mapapalad ang inyong mga
mata na nakakakita at ang inyong mga
tainga na nakakarinig.
17 Sinasabi ko nga sa inyo na maraming
propeta at mabubuting tao ang may gus-
tong makita ang nakikita ninyo ngayon
pero hindi nila nakita, at marinig ang
inyong naririnig pero hindi nila narinig.

• 18 Makinig kayo ngayon sa talinhaga
ng maghahasik.
19 Pag may nakakarinig sa salita ng Ka-
harian ngunit hindi naman niya inuunawa,
dumarating ang Masama at inaagaw ang

---

pangarap at hindi matanggap ang kaloob ng Diyos: *Nakakarinig sila pero hindi nakikinig; ayaw nilang magbago ni pagagalingin ko sila.*

Naghahasik si Kristo, at mga salita ng katotohanan at buhay na walang hanggan ang mga binhing kanyang inihahasik. Sa puso ng tao kailangang tumubo, lumago at mamunga ang mga ito. Tumutubo mismo ngayon ang binhi at sa pamamagitan nito'y lumalaganap sa lupa ang Kaharian ng Diyos. Hindi ito nangangailangan ng malawakang tagumpay (ni hindi nga ito sumisibol o tumutubo sa maraming tagapakinig) ngunit kung saan ito tumutubo, naroon ang kahanga-hangang ani! Tingnan din ang paliwanag sa Marcos 4:1 at 4:14.

• 10. *Sa inyo ipinagkaloob ang mga lihim ng Kaharian,* sa inyo na tinotoo ang tawag ni Jesus at nagpasyang sumunod sa kanya. At dahil naging katrabaho kayo ni Kristo, ipagtatapat sa inyo ng Ama ang kanyang mga lihim.

*Ang Kaharian ng Langit.* Nasabi na natin na ginagamit ng mga Judio ang salitang *Langit* para sabihing *Diyos.* Ang *Kaharian ng Diyos* ang *Kaharian ng Langit,* kung paanong ang *Diyos Ama* ang *Amang nasa Langit.* Dahil sa di pagkakaalam dito, marami ang nagkakamali sa pag-aakalang ang Kaharian lamang ng Diyos sa Langit, pagkatapos ng buhay natin sa kasalukuyan ang ipinahahayag sa atin ng Ebanghelyo. Sa katunaya'y dumating si Jesus para sabihin sa atin na dumating na ang Diyos upang malaya at hayagang maghari sa atin sa daigdig na ito.

*Kaharian o Paghahari ng Diyos?* Tingnan ang paliwanag sa Lucas 8:10.

*PAG-ASA*

• 18. Kung namumunga ang binhi sa ilan, at hindi naman sa iba, hindi ito dahil mas matalino ang ilan kaysa iba, o kaya'y mas may debosyon ang ilan kaysa iba. Tumutubo ang binhi kung saan may *pag-asa* at hindi sa mga taong walang pag-asa.

Isang taong may pag-asa ang buong buhay na makapagsisikap para sa isang dakilang mithiin. Kaya niyang ipakipagsapalaran ang lahat at walang pagod na magtrabaho para marating ang hindi pa nakikita (Heb 11:1). Tao rin ng pananampalataya ang tao ng pag-asa, at marunong siyang umibig ayon sa pagmamahal ng Diyos.

Mga taong wala o nawawalan ng pag-asa ang tatlong klase ng tao na hindi mabuting lupa para sa Salita ng Diyos.

*Ang mga nasa tabi ng daan* ay mga hindi interesado sa salitang kanilang tinanggap dahil siguro wala silang nakikita kundi sarili nilang interes (mga makasarili sila o makitid ang pananaw) o kaya'y ibang direksyon sa buhay ang kanilang tinatahak.

Makikita naman natin kasunod nito ang mga walang lakas na humarap sa kontradiksyon at madaling nasisiraan ng loob at naduduwag: sila ang mga *madaling*

nahasik sa kanyang puso. Ito ang butong nahulog sa tabi ng daan.

20 Ang buto namang nahulog sa batuhan ay para sa taong nakarinig sa salita at kaagad itong tinanggap nang buong kasiyahan. 21 Ngunit hindi ito nag-ugat sa kanyang kalooban at panandalian lamang. Kapag nagkaroon ng pagsubok at pag-uusig dahil sa salita, agad-agad siyang natitisod.

22 Ang butong nahulog sa mga tinikan ang nakarinig sa salita ngunit sinikil ito ng mga makamundong kabalisahan at ng pandaraya ng kayamanan, at hindi nakapagbunga ang salita.

23 Ang buto namang nahasik sa matabang lupa ang nakakarinig sa salita at umuunawa rito; nagbubunga siya at nagbibigay ng sandaan, animnapu o tatlumpu."

**Ang talinhaga ng mga damo**

• 24 Binigyan sila ni Jesus ng isa pang talinhaga. "Naihahambing ang kaharian ng Langit sa isang taong naghasik ng mabuting buto sa kanyang taniman. 25 At samantalang natutulog ang mga tauhan, dumating ang kaaway. Hinasikan nito ng masamang damo ang taniman ng trigo at saka umalis.

26 Nang tumubo ang mga tanim at nagsimulang mamunga ng butil, naglitawan din ang masasamang damo. 27 Kaya lumapit sa may-ari ang mga katulong at sinabi: 'Ginoo, di ba't mabubuting buto ang inihasik mo sa iyong bukid, saan galing ang mga damo?'

28 Sinagot niya sila: 'Gawa ito ng kaaway.' At tinanong naman nila siya: 'Gusto mo bang bunutin namin ang mga damo?' 29 Sinabi niya sa kanila: 'Huwag, at baka sa pagbunot ninyo sa mga damo e mabunot pati ang trigo. 30 Hayaan ninyo na sabay silang tumubo hanggang anihan. At doon ko sasabihin sa mga mag-aani: Bunutin muna ninyo ang mga damo, at bigkisin para sunugin; at saka kunin ang lahat ng trigo at tipunin sa aking kamalig."

**Ang buto ng mustasa at ang pampaalsa**

*(Mc 4:30; Lc 13:18)*

• 31 Binigyan sila ni Jesus ng isa pang talinhaga: "Naikukumpara ang kaharian

---

*nalalanta.* Ngunit ang pag-asa ay nangangahulugan ng pagiging matatag sa kabila ng mga hadlang. Kung inilagay tayo ng Diyos sa isang landas, tiyak na may patutunguhan ang landas na ito, gaano man kalaki ang mga hadlang. Tiyaga at tapang ang pag-asa.

At kasunod naman ang mga *nahasik sa dawagan.* Naniniwala ang mga ito pero parang hindi sila nasisiyahan sa mga bungang naaani sa mahirap na daan. Gusto nilang "iligtas ang kanilang buhay" at kapwa paglingkuran ang Diyos at ang Pera. Gaano karaming mabubuting bata at kabataang nag-aral sa mga paaralang Katoliko o hinubog sa mga parokya ang buong buhay na mananatili sa Iglesya pero hindi naman namumunga para sa Kaharian ng Diyos! Nakagapos sila sa paghahanap ng materyal na tagumpay at sa kanila'y walang saysay na pagnanais lamang ang pag-asa sa Kaharian ng Diyos.

• 24. Sa talinhagang ito ng *mga damo,* sinasagot ni Jesus ang mga naeeskandalo sa pagkakita sa kasamaang umiiral sa lahat ng dako. Magkakasama ang mabubuti at ang masasama hanggang sa katapusan ng mundo; magkakasama ang mabuti at ang masama sa mga tao at sa mga institusyon.

Iginagalang ng Diyos ang mga tao. Alam niya na kadalasa'y mas malakas ang tukso kaysa mabubuti nilang intensyon. At alam din niya na kailangan nila ng panahon para mapili at mapanindigan ang mabuti.

Hindi naiinip ang Diyos. Matatamo lamang sa wakas ng panahon ang pagkakasundo ng napakaraming magkakasalungat na grupo, puwersa at kalakarang pangkultura na nasa mundo. Samantala, hindi natin dapat tatakan ang alinman sa mga ito bilang "mabuti" o "masama."

Ipinaliwanag mismo ni Jesus ang talinhagang ito: tingnan sa b. 36.

*ANG IGLESYA NI JESUS*

• 31. Sa talinhaga ng *butil ng mustasa,* ipinapakita sa atin ni Jesus na kailangang maging tanda ang Kaharian ng Diyos: kailangang maging kapansinpansin ito sa mundo.

Kinakailangang madama ang anumang mithiing espirituwal, pagbabagong pangkultura o kilusang rebolusyonaryo sa isa o ilang institusyon para maging mas malinaw, mas nakikita at mas mabisa. Gayundin naman, plano ni Jesus na maging tagapaghatid (pero hindi may-ari) ng Kaharian ng Diyos ang kanyang Iglesya. "Kalipunan ng mga tinipon" ang kahulugan ng *Iglesya.* Dalawang katangian ng Iglesyang ito ang nalalahad dito:

ng Langit sa isang buto ng mustasa na
kinuha ng isang lalaki at inihasik sa kan-
yang bukid.
32 Pinakamaliit ito sa mga buto ngunit
paglaki'y mas malaki ito sa mga gulay, at
parang *isang puno – dumarating ang mga
ibon ng langit at dumadapo sa mga sanga
nito."*
33 At sinabi ni Jesus ang iba pang talin-
haga: "Naikukumpara ang kaharian ng
Langit sa lebadurang kinuha ng isang ba-
bae at ibinaon sa tatlong takal ng harina
hanggang umalsa ang buong masa."

• 34 Itinuro ni Jesus ang lahat ng ito sa
mga tao sa pamamagitan ng mga talin-
haga; hindi siya nagturo sa kanila na hindi
gumagamit ng mga talinhaga. 35 Kaya
natupad ang sinabi ng Propeta: *"Magsa-
salita ako sa talinhaga. Magpapahayag
ako ng mga bagay na natago mula pa sa
simula* ng daigdig."

• 36 At pinaalis niya ang mga tao at
saka pumasok sa bahay. Lumapit noon sa
kanya ang kanyang mga alagad at nag-
tanong: "Ipaliwanag mo sa amin ang
talinhaga ng mga trigo sa bukid." 37 Su-
magot si Jesus: "Ang nagtanim ng ma-
buting buto ay ang Anak ng Tao. 38 Ang
bukid naman, ang daigdig; ang mabuting
buto, ang mga tao ng Kaharian; at ang
masasamang damo, ang mga tauhan ng
demonyo. 39 Ang kaaway na naghasik sa
kanila ay ang demonyo; ang pag-aani ay
ang katapusan ng mundo, at ang mga
manggagawa ay ang mga anghel.
40 Kung paanong tinitipon ang masa-

---

– Una, kitang-kita ito dapat sa mundo, at mabunga na parang *punong nagbibigay-lilim sa mga ibon.*

– Ikalawa, nasa pinakapuso ito dapat ng masa, "babad" sa tunay na kalagayan ng mga tao. Hindi dapat humiwalay sa mga di-sumasampalataya ang mga sumasampalataya, dahil sila ang lebadura ng daigdig.

Hindi "Iglesyang imbisibol" ang gusto ni Jesus, o isang emosyonal na pagsasama-sama at espirituwal na pagkakabuklod ng lahat ng naniniwala sa kanya sa buong mundo. Isang malaking puno (sinasabi ni Jesus sa ibang lugar: *isang lunsod na itinayo sa bundok*), ang gusto niya, para makilala ng lahat na mabuti ang binhi at puspos ng buhay. Mga organisadong pamayanang Kristiyano ang kailangan natin, at pag-uugnayan ng mga pamayanang ito, isang herarkiya...

Ngunit hindi rin naman dapat magkulong sa kanilang mga kapilya o maliliit na pamayanan ang mga sumasampalataya o ibuhos ang kanilang lakas sa pagtatrabaho para sa "kanilang" Iglesya. Dapat silang maging kapaki-pakinabang at mabunga sa daigdig na kanilang ililigtas, kasama ng lahat ng taong may mabuting kalooban sa pagtatrabaho sa bawat larangan ng pag-unlad ng tao.

Maging *lebadura* sila sa masa, at hindi maliliit at ibang mas mainam na masa. Binabago ng lebadura ang kasaysayan ng tao, hindi sa paghahatid sa lahat ng tao sa Iglesya kundi sa pagkakaloob sa pang-araw-araw na buhay at gawain ng espiritung nagbibigay-buhay sa sangkatauhan.

• 34. *Nagsalita siya sa kanila sa pamamagitan ng mga talinhaga.* Sa pagbasa natin sa Mateo 13:12, para bang nangungusap si Jesus sa mga talinhaga para itago ang kanyang aral. Pero matutunghayan natin dito ang isa pang paliwanag na nagwawasto at nagbibigay-kabuuan sa una. Nagsalita si Jesus sa mga talinhaga dahil iyon ang pinakamagandang paraan para magbigay ng aral na makabuluhan sa lahat ng panahon.

*Magsasalita ako sa talinhaga.* Ito ang mga unang salita ng Salmo 78, na ginamit at iniakma ng ebanghelista. Gusto niyang sabihin sa atin na sa pagtuturo sa atin ni Jesus sa mga lihim ng Kaharian ng Diyos, sinasagot niya ang pinakamahahalagang tanong ng sangkatauhan.

Mula pa sa simula ng sibilisasyon, nahaharap na ang tao sa mga problema at mga hamon na hindi nila kayang lutasin sa ganang sarili nila. Ibinibigay ngayon ni Jesus ang pinakasusi sa mga kontradiksyong ito. Maraming elemento sa patutunguhan ng tao ang nadiskubre ng siyensya, pero hindi nito maipaliwanag ang misteryo ng kasamaang nasa tao: "Bakit malalim na nakaugat sa ating lahat ang karahasan? Bakit patuloy tayong naghahanap ng katarungan at kaligayahan na hindi naman magkatotoo?"

Hindi mga teoriya ang sagot na ibinibigay ni Jesus kundi mga larawan at mga palaisipan para buong buhay na pagnilayan ng bawat isa at para matutuhan ng tao hanggang sa wakas ng kasaysayan. Sapagkat sa paglipas lamang ng panahon natin mauunawaan ang buong kahulugan ng mga ito.

• 36. *Ang bukid ay ang daigdig.* Hindi ang mga nangyayari sa bawat isa sa atin o sa loob lamang ng Iglesya ang tinutukoy ng talinhagang ito, tulad ng inilalarawan sa *lambat* (13:47). Sa halip ay itinuturo nito na ang Kaharian ng Diyos ay nasa daigdig at lumalago rito at sa lahat ng bahagi ng buhay. Hindi lamang kasaysayan ng dating panahon sa lupain ni Jesus ang "banal na kasaysayan" kundi ito ang buong kasaysayan ng tao, na si Kristong Muling Nabuhay ang Panginoon.

Inilalantad at tinutuligsa rito ni Jesus ang ating lihim na karahasan na humahadlang sa atin na maunawaan ang mga pamamaraan ng Diyos. Hindi nakikita ng

samang damo at sinusunog sa apoy, ga-
nito rin ang mangyayari sa katapusan ng
mundo. 41 Ipadadala ng Anak ng Tao ang
kanyang mga anghel at titipunin nila sa
kanyang kaharian ang mga eskandalo at
ang mga gumagawa ng masama. 42 At
itatapon ang mga ito sa nagliliyab na
pugon kung saan may iyakan at pagnga-
ngalit ng ngipin. 43 At pagkatapos nito,
magniningning ang mga makatarungan
tulad ng araw sa Kaharian ng kanilang
Ama. Makinig ang may tainga!

**Ang kayamanan, ang perlas at ang lambat**

• 44 Naihahambing ang kaharian ng
Langit sa kayamanang nakatago sa isang
bukid. Kung may makakita nito, ibabaon
niya ito uli; at dahil sa kanyang kaliga-
yahan, ipinagbibili niya ang lahat niyang
ari-arian, at binibili niya ang bukid.

45 Naihahambing din naman ang kaha-
rian ng Langit sa isang negosyanteng
naghahanap ng magagandang perlas.
46 Pagkakita niya ng isang perlas na napa-
kalaki ang halaga, umalis siya at ipinag-
bili ang lahat niyang ari-arian at binili ang
perlas.

• 47 Naihahambing din ang kaharian ng
Langit sa isang malaking lambat na
inihagis sa dagat at nakahuli ng kung anu-
ano. 48 Nang puno na ang lambat, hinila

---

*mga lingkod* na napupukaw mismo sila ng marahas na espiritung kinokondena nila sa iba. Wala silang ibang iniisip kundi supilin at ihiwalay ang mga masama sa palagay nila upang magtagumpay ang kabutihan. Ngunit pinababayaan naman ng Diyos na mabuo ng kasamaan ang lahat ng posibilidad nito bago malupig ng misteryo ng krus. Magwawagi ang Katarungan sa dakong huli.

Ngunit kung lilingon tayo sa kasaysayan, makikita natin na para bang hindi natin laging naiintindihan sa Iglesya ang katotohanang ito dahil hangga't may kapangyarihan tayo, inaakala nating mapapawi ang mga pagkakamali sa pamamagitan ng dahas. Itinuturo sa ating lupigin ang masama sa pamamagitan ng mabuti (Rom 12:21).

• 44. Inaanyayahan tayo ng mga talinhaga ng *kayamanan* at ng *perlas* na huwag nating palampasin ang mga pagkakataon sa pagdating sa atin ng Kaharian ng Diyos.

May ilan na taon ang binibilang sa paghihintay nila sa salita, o tao o tanda ng pag-asa na magbibigay ng bagong kahulugan sa kanilang buhay. At nakita nila ito isang araw. Kung minsa'y natatagpuan sa mga ordinaryong bagay: isang salita ng pagpapatawad, isang simpleng ngiti ng pakikipagkaibigan, unang komitment na binitiwan natin sa kanila at tinanggap naman. At agad nilang nauunawaan na iyon pala ang paraan para makamit nila ang matagal na nilang hinihintay, at masaya silang pumapasok sa Kaharian.

Ngunit sinasabi ng talinhaga: *ibabaon niya ito uli*. Karaniwa'y ang Diyos ang muling nagtatago sa kayamanang ito matapos ipakita sa atin, dahil magiging atin lamang ito matapos natin itong pagtrabahuhan at makapagtiyaga.

Kailangang *ipagbili ang lahat*. Kailangan nating hubarin ang lahat ng kaugalian, kasiyahan... na laman ng ating puso na hindi pumupuspos dito. At kapag dumaranas tayo ng mga pagsubok na parang napakadilim na gabi at malakas na bagyo, huwag nating kalimutan ang kayamanang minsan nating nakita hanggang muli itong mapasaatin. Sinabi ni Platon na isang dakilang pilosopong pagano: "Sa gabi magandang maniwala sa liwanag."

Parang si Kristo mismo *ang perlas*. Ito ang "binibili" ng mga lubos na nagtatalaga ng sarili sa Kaharian ng Diyos. Siya ang hangad na matagpuang muli at ganap na maangkin ng mga nagtatalaga ng sarili sa buhay-relihiyoso.

*MGA ESKANDALO*

• 47. Malaking bahagi ng sangkatauhan ang "napangisda" ng Iglesya. Ngunit hindi nangangahulugang mabuti ang lahat ng nagiging Katoliko o mga anak silang lahat ng Kaharian. Ilan sa kanila ang kabilang nga sa nakikitang pamilya ng mga hinirang ngunit wala namang espiritu ng Kaharian.

Sa pagsasalita tungkol sa *lambat,* ipinaaalaala sa atin ni Jesus na pagmimisyon ang unang gawain ng Iglesya: "ang mangisda ng mga tao". Lahat ng klase ng tao ang laging hatid ng pagmimisyon: may ilang kumakalas kaagad, ang iba nama'y nagtitiyaga at nagiging mga aktibong miyembrong may komitment, at nagkakaroon ng panibagong sigla ang Iglesya.

Kung puwede nga lamang sanang maging lubos at ganap ang Iglesya na binubuo ng mga taong matuwid, kung saan madidiskubre ng bawat isa ang mga kaloob ng Diyos! Ngunit hindi ganitong Iglesya ang gusto ni Kristo at hindi rin ito ang paraan ng Iglesya sa pagliligtas sa daigdig. Sinasabi sa atin ng talinhagang ito na huwag magulat sa mga eskandalong nasa loob ng Iglesya pero hindi rin naman nito itinuturo sa atin na basta na lamang walang-kibong pagtiisan ang mga iyon.

May ilang *palalayasin sa labas*. Di matitiis na paghihirap at kawalang-pag-asa ng mga humiwalay sa Kaharian kung saan pag-ibig ang Batas: ito ang ibig sabihin ng *naglalagablab na pugon*. Magiging ganap at panghabampanahon na ang pagkakahiwalay, sapagkat magiging ganap na at panghabampanahon ang Kaharian sa araw na iyon.

ito papunta sa pampang. At saka naupo ang mga tao at tinipon ang mabubuting isda sa mga timba at itinapon ang mga walang kuwenta. 49 Ganito ang mangyayari sa katapusan ng mundo. Lalabas ang mga anghel para ihiwalay ang masasama sa mabubuti; 50 at itatapon sila sa nagliliyab na pugon kung saan may iyakan at pagngangalit ng mga ngipin."

51 At itinanong ni Jesus: "Nauunawaan ba ninyo ang lahat ng ito?" "Oo," ang sagot nila. 52 Kaya sinabi niya sa kanila: "Kaya bawat guro ng Batas na tinuruan tungkol sa Kaharian ay katulad ng isang ama ng tahanan na may tabihan, at laging may bago at luma sa tuwing kukuha siya."

• 53 Nang matapos ni Jesus ang mga talinhagang ito, umalis siya sa lugar na iyon. 54 Pumunta siya sa kanyang bayan at nagturo sa mga tao sa kanilang sinagoga. Namangha silang lahat at nagsabi: "Saan kaya galing ang kanyang karunungan at natatanging kapangyarihan? 55 Di ba't siya ang anak ng karpintero? Di ba't si Maria ang kanyang ina at sina Jaime, Jose, Simon at Judas ang kanyang mga kapatid? 56 Hindi ba't narito sa piling natin ang lahat niyang kapatid na babae? Ano't nangyari sa kanya ang lahat ng ito?" 57 At bulag sila tungkol sa kanya.

Sinabi naman sa kanila ni Jesus: "Sa kanyang sariling bayan lamang at sambahayan hinahamak ang isang propeta." 58 At kaunti lamang ang ginawa niyang himala roon sapagkat kulang sila sa pananampalataya.

---

At sa dakong huli'y nagsasalita si Jesus tungkol sa *guro ng Batas* o sa taong ibinubuhos ang sarili sa higit na pagkaalam sa mga bagay na makadiyos. Sa patuloy na pagninilay sa mga salitang ito ni Jesus, makakakuha siya sa mga ito ng mga aral na laging bago at nababagay sa iba't ibang sitwasyon.

*ANG KAHARIAN NG DIYOS, ISANG PAGBUBUOD*

Sa pagbasa natin sa mga talinhaga ni Kristo tungkol sa Kaharian ng Diyos sa liwanag ng tradisyon ng Iglesya, ano ang kabuuang larawang nakikita natin? Paano natin mabubuod kung tungkol saan ang Kaharian ng Diyos?

– Mula sa ating pananaw (at hindi sa Diyos), masalimuot ang Kaharian. Hindi natin basta masasabing "Katarungan at pagkakapatiran sa lipunan ang Kaharian ng Diyos" o ito "ang pamumuhay sa grasya ng Diyos", at iba pang tulad nito. Dahil waring masalimuot para sa atin ang Kaharian, kaya ipinaliwanag ito ni Jesus sa paggamit ng napakaraming talinhaga at halimbawa.

– Ang Kaharian ng Diyos ay ang Diyos mismo na lubos na gumagawa sa daigdig sa pamamagitan ng Espiritu ni Kristo," na ginagawang bago ang lahat" (Pag 21:5).

– Si Jesucristo mismo ang bukal at ganap na pagpapahayag ng Kaharian. Hindi lamang niya pinasisinayaan ang Kaharian sa kanyang pagdating, kundi lubos din niyang kinakatawan ang Kaharian at ang mga yaman nito.

– *Bilang Pagkakatawang-tao ng Diyos, isang misteryo ang Kaharian ng Diyos, kayat palaisipan sa atin. Isa itong regalo mula sa Diyos ("ang binhing inihasik" sa mga talinhaga), at gawa rin naman natin ito (Mt 13:19-23). Narito na ito (Mt 4:17; 12:28; Mc 1:15...), pero hinihintay pa rin ng mga tao, ng kasaysayan at ng sangkinapal ang kaganapan nito sa darating na buhay (ang mga talinhaga ng trigo at ng mga damo, ng lambat at ng mga isda; pati sa Mc 14:25; Rom 8:18-25). Ang Kaharian ang "pinaka" at pamantayan ng lahat (ang mga talinhaga ng kayamanan at ng perlas) at sa katunaya'y kasama ito sa kalagayan at kasaysayan ng tao (talinhaga ng lebadura...).*

Mabubuod natin ang tungkol sa Kaharian ng Diyos sa apat na dimensyon nito na hindi mapaghihiwahiwalay at magkakaugnay sa isa't isa.

– Buhay na walang hanggan ang Kaharian. Ito ang tanging patutunguhan at kapuspusan ng Kaharian at mga yaman nito.

– Ang Kaharian ay kinakatawan ng Iglesya Katolika na siyang sakramento ni Kristo sa buhay na ito at natatanging lugar ng Espiritu. Nakikita natin siyempre ang mga yaman at bunga ng Kaharian maging sa labas ng nakikitang Iglesya, subalit ang Iglesya pa rin ang nananatiling "sariling bayan" ng Kaharian, ang pagpapahayag nito sa kasaysayan, ang sakramento at tagapagpasibol nito.

– Nasa ating mga puso ang Kaharian ng Diyos. Napapasaatin ito sa pamamagitan ng pagbabalik-loob, pananampalataya, pag-asa, pag-ibig at grasya. Nangangahulugan ng personal na pagpapakabanal at espirituwalidad ang Kaharian.

– *Hindi sa mga kaluluwa dumarating ang Kaharian ng Diyos kundi sa mga tao. Pagbabagumpuso ang simula ng patuloy na pagbabago ng buong pagkatao pati na lahat ng relasyon sa daigdig na nasa paligid niya. Kaya lumilitaw ang mga yaman ng Kaharian sa buhay-panlipunan: higit na pamumuhay sa komunidad at pagkakabuklod, katarungan at kapayapaan, pagiging makatao ng mga kultura, at iba pa.*

• 53. Ihambing sa Lucas 4:14. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:31.

### Pinugutan ng ulo si Juan Bautista

*(Mc 6:14; Lc 9:7)*

**14** • 1 Nang panahong iyon, umabot
kay Haring Herodes ang katan-
yagan ni Jesus. 2 At sinabi niya sa kan-
yang mga kasambahay: “Si Juan Bautista
siya. Nabuhay si Juan mula sa mga patay
kaya nagkakabisa sa kanya ang maka-
langit na kapangyarihan.”
3 Si Herodes nga ang nagpahuli kay
Juan, at nag-utos na ikadena ito at iku-
long dahil kay Herodias na asawa ng
kanyang kapatid na si Felipe. 4 Sapagkat
sinabi ni Juan kay Herodes: “Hindi mo
siya puwedeng maging asawa.” 5 Talaga
ngang gusto ni Herodes na patayin siya,
pero takot siya sa mga tao na kumikilala
kay Juan bilang isang propeta.
6 Kaarawan ni Herodes at nagsayaw
ang anak na babae ni Herodias, at na-
siyahan si Herodes sa kanya. 7 Kaya si-
numpaan niya ang isang pangako na ibi-
bigay sa kanya ang anumang hingin niya.
8 At sinabi ng babae ayon sa turo ng kan-
yang ina: “Ibigay mo rito sa akin ang ulo ni
Juan Bautista sa isang bandeha.”
9 Nasaktan ang hari ngunit napanum-
paan na niya ang pangako sa harap ng
mga bisita kaya iniutos niya na ibigay
iyon sa kanya. 10 At pinapugutan niya ng
ulo si Juan sa kulungan; 11 inilagay sa
isang plato ang kanyang ulo at ibinigay sa
babae, at dinala ito ng babae sa kanyang
ina.
12 At pagkatapos ay dumating naman
ang mga alagad ni Juan at kinuha ang
kanyang katawan at inilibing. At pagka-
tapos ay ibinalita ito kay Jesus.

### Ang unang himala ng mga tinapay

*(Mc 6:32; Jn 6)*

• 13 Nang marinig ito ni Jesus, lumayo
siya at namangka na sila-sila lang pa-
tungo sa ilang na lugar. Ngunit nalaman
ito ng mga tao at sumunod sila sa kanya
na naglalakad mula sa kanilang mga
bayan. 14 Pagdating ni Jesus sa pampang,
nakita niya ang maraming taong nagka-
katipon doon at naawa siya sa kanila. At
pinagaling niya ang mga maysakit.
15 Nang hapon na, lumapit sa kanya
ang mga alagad at sinabi: “Nasa ilang na
lugar tayo at lampas na ang oras. Paalisin
mo na ang maraming taong ito para ma-
kapunta sila sa mga nayon at makabili ng
kani-kanilang pagkain.”
16 Ngunit sumagot si Jesus: “Hindi na
nila kailangang umalis pa; kayo ang mag-
bigay sa kanila ng makakain.” 17 Sinabi
nila: “Wala kami rito kundi limang tinapay
at dalawang isda.” 18 Sinabi niya: “Akin
na.”
19 At iniutos niyang maupo sa damuhan
ang makapal na tao. Kinuha niya ang
limang tinapay at dalawang isda, tumi-
ngala sa langit, nagpuri, hinati ang mga
tinapay at ibinigay sa kanyang mga ala-
gad; at ibinigay rin nila sa mga tao. 20 At
kumain silang lahat at nabusog, at inipon
nila ang mga natirang pira-piraso – labin-
dalawang punong basket. 21 Mga liman-
libong lalaki ang napakain bukod pa sa
mga babae at mga bata.

### Lumakad sa tubig si Jesus

*(Mc 6:45; Jn 6:16)*

• 22 Agad pinasakay ni Jesus sa bangka

---

• **14.**1 Para sa mga kabanata 14 at 15, tingnan ang paliwanag sa Marcos 6 at 7.

• 13. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 6:32 at Juan 6.

• 22. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 6:45.

*Natakot sila.* Napagkamalang multo si Jesus ng kanyang mga alagad dahil sa kakulangan nila ng pananampalataya, at natakot sila. Isang klase ng pamahiin ang maniwala sa mga multo. Maaaring mauwi sa pamahiin at takot ang kakulangan o kahinaan ng pananampalataya, ngunit nadadaig naman ng matatag na pananampalataya ang takot at ang panganib ng pamahiin.

*Papuntahin mo ako sa iyo.* Hindi ang pagdadalawang-isip ni Pedro ang gustong bigyang-diin ni Mateo, kundi ang pananampalataya nito. Si Pedro lamang ang nangahas na tangkain ang isang bagay na parang reserbado lamang kay Jesus. At pagbalik niya sa kanyang mga kasamahan sa bangka, bale-wala ang pagiging basang-basa niya kung ikukumpara sa ligayang kanyang nadama sa karanasang ito.

ang mga alagad at pinauna sa kabilang
ibayo habang pinaaalis niya ang mga tao.
23 At pagkaalis ng mga tao, mag-isa
siyang pumunta sa kaburulan para mana-
langin. Nag-iisa siya roon nang gumabi.
24 Samantala, malayo na sa lupa ang
bangka, sinasalpok ng mga alon sapag-
kat pasalungat ang hangin.

25 Nang madaling-araw na, pinuntahan
sila ni Jesus na naglalakad sa dagat.
26 Nang makita nila siyang naglalakad sa
dagat, natakot sila, at akala nila'y multo
siya. Kaya sumigaw sila. 27 Ngunit agad
niyang sinabi sa kanila: "Lakasan ang
loob! Ako ito, huwag kayong matakot."
28 Sumagot si Pedro: "Panginoon, kung
ikaw nga, papuntahin mo ako sa iyo na
naglalakad sa tubig."

29 At sinabi niya: "Halika." Bumaba
naman sa bangka si Pedro at naglakad sa
tubig papunta kay Jesus. 30 Ngunit na-
takot siya sa harap ng malakas na hangin
at nagsimulang lumubog. Kaya sumigaw
siya: "Panginoon, iligtas mo ako!" 31 Agad
na iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at
hinawakan siya, at sinabi: "Taong kaunti
ang pananampalataya, bakit ka nag-alin-
langan?"

32 Nang nakasakay na sila sa bangka,
tumigil ang hangin. 33 At yumuko sa harap
ni Jesus ang mga nasa bangka at sinabi:
"Totoo ngang ikaw ang Anak ng Diyos!"

34 Pagkatawid nila, dumating sila sa
pampang ng Genesaret. 35 Nakilala si
Jesus ng mga tagaroon at ipinamalita nila
sa buong kapaligiran. Kaya dinala nila sa
kanya ang mga maysakit. 36 May naki-
usap sa kanya na mahipo man lamang
sana nila ang laylayan ng kanyang damit,
at gumaling ang lahat ng humipo rito.

**Ang utos ng Diyos at ang tradisyon ng tao**
*(Mc 7:1)*

**15** • 1 Nagkatipon sa paligid ni Jesus
ang ilang Pariseo at mga guro ng
Batas na galing pa sa Jerusalem. At
sinabi nila sa kanya: 2 "Bakit nilalabag ng
iyong mga alagad ang tradisyon ng mga
ninuno? Hindi nga sila naghuhugas ng
kamay bago kumain."

3 Sumagot si Jesus: "At bakit ninyo
nilalabag ang utos ng Diyos alang-alang
sa inyong tradisyon? 4 Sapagkat iniutos
ng Diyos: *Igalang mo ang iyong ama at
ina,* at *patayin ang sinumang sumumpa
sa kanyang ama o ina.* 5 Ngunit sinasabi
ninyo na masasabi ninuman sa ama o ina,
'Inialay na ang puwede kong itulong sa
inyo,' 6 at di na siya saklaw ng paggalang
sa kanyang ama o ina. Kaya pinawalang-
bisa ninyo ang salita ng Diyos alang-alang
sa inyong tradisyon.

7 Mga mapagkunwari! Maganda nga
ang propesiya ni Isaias tungkol sa inyo
nang sabihin niya: 8 *"Pinararangalan ako
ng mga ito sa kanilang labi, at malayo
naman sa akin ang kanilang mga puso.*
9 *Walang silbi ang kanilang pagsamba sa
akin at kautusan lamang ng tao ang
kanilang itinuturo."*

**Paghuhugas ng kamay at kalinisan ng puso**
*(Mc 7:14; Lc 6:39)*

• 10 Kaya tinawag ni Jesus ang mga tao
at sinabi sa kanila: "Pakinggan at una-
wain. 11 Hindi ang pumapasok sa bibig

---

*Taong kaunti ang pananampalataya!* Minsan pang pinagsasabihan ni Jesus ang pinakamagaling na mga alagad niya, (tulad sa 6:30; 8:26; 16:8; 17:20) para kumbinsihin ang iba pang mga alagad sa darating na panahon, tulad natin, na malaki pa ang kulang sa ating pananampalataya.

• **15.1** Tingnan ang paliwanag sa Marcos 7:1.

• 10. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 7:14. Nararamdaman ng lahat ng lipunan na kailangan nilang ihiwalay ang mabuti sa masama. Ngunit ginagawa nila ito ayon sa sukatan ng tao. Ang mga panukat na ito ang hinuhusgahan ni Jesus.

Para sa sambayanang Judio, ang pagsamba sa Diyos ang lahat-lahat at labis nilang pinoproblema kung sinusino o kung anu-ano ang karapat-dapat na magkaroon ng bahagi sa pagsambang ito. Kaya pinag-iiba nila ang malinis sa di-malinis. Ipinapakita ni Jesus na hindi nakasalalay sa mga panlabas na kundisyon ang tunay na kalinisan. Nagiging malinis o di-malinis ang mga tao hindi dahil sa *pumapasok sa kanila:* pagkain, pera,

ang nakapagpaparumi sa tao kundi ang
lumalabas sa bibig ang nakapagpaparumi
sa tao."
12 Pagkatapos ay lumapit kay Jesus
ang kanyang mga alagad at sinabi: "Alam
mo bang naiskandalo ang mga Pariseo sa
sinabi mo?" 13 Sumagot si Jesus: "Ang
bawat tanim lamang na hindi itinanim ng
aking Amang nasa Langit ang bubu-
bunutin. 14 Huwag ninyo silang pansinin!
Mga bulag na gabay sila. Kapag isang
bulag ang umakay sa kapwa-bulag, silang
dalawa ang mahuhulog sa hukay."
15 Sinabi ni Pedro sa kanya: "Ipaliwanag
mo sa amin ang talinhagang ito." 16 Suma-
got si Jesus: "Wala rin ba kayong pang-
unawa? 17 Hindi ba ninyo nauunawaan na
sa bituka pumupunta ang anumang pu-
mapasok sa bibig, at pagkatapos ay iti-
natapon sa labas? 18 Ngunit ang puso ang
pinagmumulan ng anumang lumalabas sa
bibig, at ito ang nagpapadumi sa tao.
19 Talaga, sa puso nagmumula ang
masasamang hangarin – pagpatay sa
kapwa, pakikiapid, kahalayan, pagna-
nakaw, pagsaksi nang di totoo, pani-
nirang-puri. 20 Ito ang mga bagay na nag-
paparumi sa tao ngunit hindi nagpa-
parumi sa tao ang pagkain nang di naghu-
hugas ng kamay."

**Ang pananampalataya ng babaeng Kananea**

*(Mc 7:24)*

21 Pagkaalis sa lugar na iyon, pumun-
ta si Jesus sa gawing Tiro at Sidon. 22 At
isang babaeng Kananea mula sa dakong
iyon ang dumating noon na sumisigaw:
"Panginoon, anak ni David, maawa ka sa
akin! Pinahihirapan ng isang demonyo
ang anak kong babae." 23 Ngunit hindi
siya tinugon ni Jesus kaya lumapit ang
kanyang mga alagad at hiniling ng mga
ito: "Paalisin mo na siya't sigaw siya nang
sigaw sa likod natin."
24 At sinabi sa kanya ni Jesus: "Sa
nawawalang tupa ng bayan ng Israel ako
sinusa harap ni Jesus at sinabi: "Ginoo,
tulungan mo ako!" 26 Sumagot si Jesus:
"Hindi tama na kunin ang tinapay sa mga
bata at itapon ito sa mga tuta." 27 Sumagot
ang babae: "Totoo nga, Ginoo, pero kina-
kain naman ng mga tuta ang mga nala-
laglag mula sa hapag ng kanilang mga
amo." 28 Kaya nagsalita sa kanya si Jesus:
"Babae, napakalaki ng iyong pananalig!
Maganap sa iyo ayon sa nais mo." At
nang oras ding iyon, gumaling ang kan-
yang anak.

**Ang pangalawang himala ng mga tinapay**

*(Mc 7:31)*

29 Umalis doon si Jesus at pumunta sa
pampang ng lawa ng Galilea, at pagka-
akyat sa burol ay naupo. 30 Maraming tao
ang lumapit sa kanya, dala-dala ang mga
pipi, bulag, pilay, mga may kapansanan,
at mga taong may iba't ibang karam-
daman. Inilagay sila ng mga tao sa paa-
nan ni Jesus, at pinagaling niya sila.
31 Kaya namangha ang lahat nang makita
nilang nagsasalita ang mga pipi, luma-
lakad ang mga pilay, gumagaling ang
mga may kapansanan at nakakakita ang
mga bulag; kaya pinuri nila ang Diyos ng
Israel.

---

pakikipagkapwa, mga seremonya sa relihiyon... kundi sa *lumalabas sa kanila:* mabubuting intensyon na nagbubunga ng mabubuting damdamin at gawa.

Napakalaki na ng pagkakaiba ng ating sitwasyon ngayon. Nabubuhay tayo sa lipunang pera ang dini-diyos at salapi pa rin ang nagtatadhana ng mga batas. Kapwa ipinapakita ng propaganda at ng karanasan na mayayaman lamang ang tinatrato nang husay. At minamata naman bilang hamak ang mga dukha at mga manggagawa, at ibinubukod bilang di-malinis sa alinmang "disenteng" lugar.

Hindi lamang ang mayayaman ang may ganitong klasistang pamantayan. Walang-malay na sinasang-ayunan din ito ng mga dukha sa pagsisikap nilang magmukhang may kaya sa kabila ng kanilang karukhaan. Ikinahihiya niya ang magtrabaho sa kanilang mga kamay at mababa ang tingin sa sarili dahil nabubuhay sila sa kundisyong para sa lipunan ay bagay sa mga dukha. Sasabihin ni Jesus sa mga Kristiyano sa kasalukuyan na kailangan muna nilang iwaksi ang ganitong klase ng pag-iisip bago nila balaking ihatid sa paglaya at kaligtasan ang iba.

32 Tinawag ni Jesus ang kanyang mga
alagad at sinabi sa kanila: "Labis akong
naaawa sa mga taong ito, pangatlong
araw ko na silang kasama at wala na
silang makain. Ayaw kong paalisin silang
gutom at baka mahilo sila sa daan."
33 Sinabi ng mga alagad sa kanya: "At
saan naman tayo hahanap ng sapat na
tinapay sa ilang na ito para ipakain sa
mga taong iyan?" 34 Sinabi ni Jesus sa
kanila: "Ilan bang tinapay meron kayo?"
Sumagot sila: "Pito, at kaunting maliliit na
isda."

35 Pinaupo ni Jesus sa lupa ang mga
tao, 36 kinuha niya ang pitong tinapay at
ang maliliit na isda, at nagpasalamat sa
Diyos. Hinati-hati niya ang mga ito at
ibinigay sa kanyang mga alagad, at ibi-
nigay rin nila sa mga tao.

37 Kumain silang lahat at nabusog at
inipon ang mga natirang pira-piraso –
pitong punong bayong. 38 Apat na libong
lalaki ang nakakain, bukod pa sa mga
babae at mga bata. 39 At pagkapauwi ni
Jesus sa mga tao, sumakay siya sa bang-
ka at pumunta sa Magadan.

**Humingi ng tanda ang mga Pariseo**

*(Mc 8:11; Lc 11:16; 12:54)*

**16** • 1 Lumapit noon ang mga Pariseo
at mga Sadduseo. Gusto nilang
subukan si Jesus at hiniling nilang mag-
pakita siya sa kanila ng isang makalangit
na tanda.

2 Sumagot si Jesus: "Sa pagdadapit-
hapon, sinasabi ninyong 'Maganda
ang araw' dahil simpula ng apoy ang
langit. 3 At kung umaga nama'y sinasabi
ninyong 'May bagyo ngayon' dahil maku-
limlim at mapula ang langit. Nabibigyan
ninyo ng kahulugan ang iba't ibang anyo
ng langit, at hindi ninyo magawa sa mga
tanda ng panahong ito! 4 Isang palatan-
daan ang hinihiling ng masama at di-tapat
na lahing ito ngunit walang palatandaang
ibibigay sa kanila maliban sa tanda ni
Jonas."

Kaya iniwan sila ni Jesus at umalis.

• 5 Sa pagtawid ng mga alagad paka-
bilang-ibayo, nakalimutan nilang mag-
dala ng tinapay. 6 At sinabi ni Jesus sa
kanila: "Mag-ingat at huwag magtiwala sa
lebadura ng mga Pariseo at mga Saddu-
seo." 7 At sinabi ng mga alagad sa isa't
isa: "Oo nga, ano? Wala tayong dalang
tinapay."

8 Alam ni Jesus ang mga ito, kaya si-
nabi niya sa kanila: "Kayong mga napa-
kaliit ang pananampalataya! Bakit ninyo
pinag-uusapan ang tinapay na wala sa
inyo? 9 Wala ba kayong isip? Hindi na ba
ninyo naaalaala ang limang tinapay para
sa limanlibo at kung ilang basket ang
inyong naipon? 10 O ang pitong tinapay
para sa apat na libo at kung ilang ba-
yong ang inyong naipon? 11 At di ninyo
maunawaan na hindi ako nagsasalita
tungkol sa tinapay? Mag-ingat nga kayo
sa lebadura ng mga Pariseo at mga
Sadduseo." 12 Noon nila naunawaan na
hindi lebadura ang dapat nilang pag-
ingatan kundi ang mga aral ng mga
Pariseo at mga Sadduseo.

---

• **16.**1 *Isang tanda mula sa Langit,* o mula sa Diyos, ayon sa pananalita ng mga Judio. Gusto nila ng isang milagro na hindi mapagdudahang gawa ng Diyos.

*Walang palatandaang ibibigay sa kanila.* Ayaw ni Jesus gumawa ng mga himala para patunayan ang kanyang kapangyarihan. Makikilala ng mga nagmamahal sa katotohanan at naghahanap sa tama ang tatak ng Diyos sa mga gawa ni Jesus at ng kanyang mga alagad, gaano man karami ang nagsasabi ng masama laban sa kanila.

*Ang tanda ni Jonas* ay ang pagkabuhay ni Jesus (tingnan sa 12:40). Ngunit ang mga sumasampalataya lamang ang makauunawa sa pagkabuhay na ito na pinakamahalagang tanda ng kanyang misyon. Kayat walang sagot na tinatanggap ang mga humihingi muna ng mga milagro bago maniwala.

• 5. *Mag-ingat at huwag magtiwala sa lebadura ng mga Pariseo:* tingnan ang paliwanag sa Marcos 8:11.

Hindi maintindihan ng mga apostol na mas dapat nilang problemahin ang kasalanan kaysa kawalan ng tinapay, gayon din tayo.

**Ang pananampalataya ni Pedro; ang mga pangako ni Jesus**

*(Mc 8:27; Lc 9:18; Jn 6:69)*

• 13 Pumunta noon si Jesus sa may
dakong Cesarea ni Filipo. Tinanong niya
ang kanyang mga alagad: "Ano ang Anak
ng Tao para sa mga tao? Sino ako para sa
kanila?" 14 Sumagot sila: "May nagsasa-
bing si Juan Bautista ka; may iba pang
nagsasabing si Elias ka o si Jeremias o isa
sa mga propeta kaya."

15 Sinabi niya sa kanila: "Ngunit sino
ako para sa inyo?" 16 At sumagot si Simon
Pedro: "Ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng
Diyos na Buhay." 17 Sumagot naman si
Jesus: "Mapalad ka, Simon Bar-Yona,
hindi nga laman at dugo ang nagbunyag
nito sa iyo kundi ang aking Amang nasa
Langit.

18 At ngayon sinasabi ko sa iyo: Ikaw si
Pedro (o Bato) at sa batong ito ko itatayo
ang aking Iglesya; at hinding-hindi ito
madadaig ng kapangyarihan ng kama-
tayan. 19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi
ng kaharian ng Langit: ang itali mo dito sa
lupa ay itatali rin sa Langit, at ang kalagan
mo dito sa lupa ay kakalagan din sa
Langit."

20 At inutusan niya ang kanyang mga
alagad na huwag sabihin kanino man na
siya nga ang Mesiyas.

---

*ANG IGLESYA, SI PEDRO AT ANG PAPA*

• 13. Ipinagpauna na ng isang talinhaga ng Kaharian ng Diyos ang Iglesya (Mt 13:31-33). Hayagan namang tinutukoy ng tekstong ito ang Iglesya:

– Sinasabi nito sa atin kung ano ang pundasyon nito: pananampalataya kay Jesus, ang Kristo at Anak ng Diyos.

– Itinatampok nito ang pangunguna ni Pedro sa lahat ng apostol.

– Ipinapanukala nito na laging mangangailangan ng nakikitang ulo ang Iglesya: ito ang kahalili ni Pedro, ang Papa.

Sa Diyos tunay na nagmumula ang pananampalataya kay Kristong Anak ng Diyos na si Pedro ang unang nagpahayag sa mga apostol. Hindi opinyon ng tao ang pananampalatayang ito, o sentimental na paniniwala. Hindi ito nagmumula sa *laman at dugo* – isang ekspresyon ng mga Judio na tumutukoy sa pawang makatao, sa tao, sa ginagawa at nauunawaan ng tao sa sarili niyang kakayahan. At ang mga salita ng pagbati ni Jesus kay Pedro, *"Mapalad ka, Simon,"* ay para rin sa lahat ng sumasampalataya. Ang Ama ang siyang pumili sa atin at naghatid sa atin kay Kristo (tingnan Juan 6:37 at 6:44).

At kasunod namang binibigyang-diin ang pangunguna ni Pedro. Tinatawag natin siyang Pedro (na Bato ang ibig sabihin) kahit na Simon ang kanyang pangalan. Ngunit nang magkita sila ni Jesus (Jn 1:40), ibinigay niya rito ang pamagat na *Bato* dahil alam niya na ito ang magiging pangunang bato ng kanyang *Iglesya*. Iba pang mga teksto sa Ebanghelyo na nagpapatunay sa pamumuno at pananampalataya ni Pedro: Mt 10:2; 14:28; 17:25; Lc 5:8-10; 22:32; Jn 6:68 at 22:15-19.

Pero totoo rin kaya ang sinasabi ni Jesus kay Pedro para sa mga kahalili nitong mga Papa? Hindi maikakaila ninuman na hangad na ng Diyos na magkaroon ng nakikitang ulo ang kanyang bayan maging sa Matandang Tipan. Ang Templo at ang mga haring anak ni David ang naging sentro ng Jerusalem at ng buong bansang Israel. Nang hirangin ng Diyos si David na unang hari ng Israel, ipinangako sa kanya ng Diyos na ang kanyang mga anak ang mamumuno sa Kaharian ng Diyos magpakailanman: nagkatotoo ang pangakong ito kay Jesus. Pinipili naman ni Jesus si Pedro na maging nakikitang pundasyon ng gusali magpakailanman. At sa darating na panahon, ang mga kahalili ni Pedro na mga Papa ang magiging nakikitang ulo ng katawan ng Iglesya, tulad ni Pedro para sa mga apostol sa mga unang taon ng Iglesya.

Maliwanag na para makapagpatuloy ang Iglesya sa mga dantaon, kailangan nitong magkaroon ng nasa kapangyarihan para tiyakin kung sino ang mga kabilang o hindi sa katawan ng mga sumasampalataya at kung paano dapat unawain ang pananampalataya kay Kristo at ang mga hinihingi ng Ebanghelyo. Para sa mga Judio, ang ipahayag kung ano ang bawal at kung ano ang ipinahihintulot ang ibig sabihin ng *itali* at *kalagan*. Tungkulin ito ni Pedro at ng kanyang mga kahaliling Papa. Kahit na maaari silang magkamali bilang mga tao, ayaw balewalain ni Kristo ang maging huling pasya ng mga ito: *nakatali sa langit* ang anumang talian ninyo sa lupa.

Ngunit sa pagkilala sa natatanging misyong ito, hindi natin sinasabing kailangang patahimikin ng pangangaral ng Papa ang iba pang mga tinig sa Iglesya, o isang Iglesyang naiipon sa sentro ang lahat ng kapangyarihan ang kinakailangan ng kanyang awtoridad. *Bantay-pinto* si Pedro (Mc 13:34) ngunit hindi siya ang *Gabay* o ang *Ama* (Mt 23:9).

*Ang kapangyarihan ng kamatayan.* Ito ang mga puwersang ginagamit ng demonyo para panatiliin ang mundo sa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan. Hindi makapananaig ang mga ito sa kumakanlong sa Iglesya. At gaano man sikaping durugin ng mga ito ang Iglesya, hindi nila siya mahahadlangan sa pagtupad sa kanyang mapanligtas na misyon. Inilalarawan sa Pagbubunyag 12-17 ang paghaharap na ito.

Hindi sinasalungat ng pagiging ulo ni Pedro sa mga apostol at pundasyon ng Iglesya ang iba pang mga bersikulo na nagsasabing ang Labindalawang Apostol

**Ipinahayag ni Jesus ang kanyang kamatayan**
*(Mc 8:31; Lc 9:22; 12:9; 14:27)*

• 21 Mula sa araw na iyon, ipinaalam ni
Jesucristo sa kanyang mga alagad na
kailangan siyang pumunta sa Jerusalem:
pahihirapan siya ng mga Matatanda ng
mga Judio, ng mga punong-pari at ng
mga guro ng Batas. Papatayin siya at
muling babangon sa ikatlong araw.
22 Dinala naman siya ni Pedro sa isang
tabi at sinimulang pagsabihan: "Huwag
sana, Panginoon! Hindi ito puwede."
23 Ngunit hinarap ni Jesus si Pedro at sinabi
sa kanya: "Sa likod ko, Satanas! At baka
mo pa ako tisurin. Hindi sa Diyos galing
ang iyong iniisip kundi mula sa tao."
24 At sinabi ni Jesus sa kanyang mga
alagad: "Kung may ibig sumunod sa akin,
itakwil ang kanyang sarili at kunin ang
kanyang krus para sumunod sa akin.
25 Sapagkat ang naghahangad na maglig-
tas ng kanyang sarili ang mawawalan nito
ngunit ang nawawalan ng sarili alang-
alang sa akin ang makakatagpo nito.
26 Ano ang pakinabang ng tao tubuin man
niya ang buong daigdig kung sarili naman
niya ang mawala? Ano ang maibibigay ng
tao para mabawi ang kanyang sarili?
27 Darating nga ang Anak ng Tao taglay
ang kaluwalhatian ng kanyang Ama at
kasama rin ang kanyang mga banal na
anghel, at doon niya gagantimpalaan ang
bawat isa ayon sa kanyang mga gawa.
28 Totoong sinasabi ko sa inyo na makikita
ng ilan sa inyo ang Anak ng Tao na duma-
rating bilang Hari, bago sila mamatay."

**Ang pagbabagong-anyo ni Jesus**
*(Mc 9:2; Lc 9)*

17 • 1 Pagkaraan ng anim na araw, isi-
nama ni Jesus sina Pedro, Jaime at
ang kapatid nitong si Juan, at umakyat na
sila lamang ang kasama sa isang mataas
na bundok. 2 Nagbago ang anyo ni Jesus
sa harap nila: nagningning gaya ng araw
ang kanyang mukha at kuminang na
puting-puti ang kanyang damit gaya ng
liwanag. 3 At napakita sa kanila sina
Moises at Elias na nakikipag-usap kay
Jesus.
4 Kaya nagsalita si Pedro at sinabi niya:
"Panginoon, mabuti at narito tayo. Kung
gusto mo, gagawa ako ng tatlong kubol:
isa para sa iyo, isa para kay Moises, at isa
para kay Elias."
5 Nagsasalita pa si Pedro nang takpan
sila ng isang makinang na ulap. At mula
sa ulap ay narinig ang salitang ito: "Ito ang
aking Anak, ang Minamahal, ang aking
Hinirang; pakinggan ninyo siya."
6 Nang marinig iyon ng mga alagad,
napasubsob sila sa lupa, na takot na
takot. 7 Ngunit nilapitan sila ni Jesus at
hinipo, at sinabi: "Tumayo kayo, huwag
matakot." 8 At pagtingala nila, wala silang
nakita liban kay Jesus. 9 At sa pagbaba

---

ang pinakapundasyon nito (Ef 2:20 at Pag 21:14). Tinanggap din nila ang kapangyarihang *magtali* at *magkalag* sa Juan 20:21, ngunit sa pagkakataong ito'y ang kapatawaran ng mga kasalanan ang tinutukoy dito, na mahalaga at kailangan para panatiliin ang pagkakabuklod ng mga sumasampalataya (tingnan din sa Mt 18:18).

May iba pang mga salita si Jesus kay Pedro sa Lucas 22:31 at Juan 21:15.

Sa pagbasa sa mga salaysay sa Marcos 8:27 at Lucas 9:18, may lumilitaw na ilang katanungan tungkol sa pananampalataya ni Pedro: tingnan ang paliwanag sa Lucas 9:18.

Si Jesus *ang Bato at Pundasyon*: Mc 12:10; 1 Cor 3:11; 1 P 2:6.

• 21. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 8:31.

Matapos ilagay ang sarili sa paglilingkod sa Kaharian ng Diyos, hindi matanggap ni Pedro na ang kawalang-katarungan at ang puwersa ng kasamaan pa ang lalabas na panalo. Ngunit alam naman ni Jesus na walang ibang paraan para wasakin ang kapangyarihan ng masama kundi ang pagsasakripisyo ng sarili.

*Sa likod ko, Satanas!* Sa pagtayo ni Pedro sa harap ni Jesus para harangan ang daan papunta sa krus, nakilala ni Jesus sa pananalita nito ang espiritung tumukso sa kanya sa disyerto para iligtas ang mundo sa ibang mga paraan. Kaya tinatawag siyang Satanas ni Jesus na ibig sabihi'y Manunukso. Pumunta ka, Pedro, sa likod ni Jesus at sumunod sa kanya sa daang ito, na siyang bagay sa isang alagad.

• **17.**1 Tingnan ang paliwanag sa Marcos 9:2 at Lucas 9:28.

nila mula sa bundok, inutusan sila ni
Jesus na huwag sabihin kaninuman ang
pangitain hanggang maibangon ang Anak
ng Tao mula sa mga patay."
10 Tinanong naman siya ng mga ala-
gad: "Bakit sinasabi ng mga guro ng
Batas na dapat munang pumarito si
Elias?" 11 At sumagot si Jesus: "Dapat nga
munang dumating si Elias para ayusin
ang lahat ng bagay. 12 Ngunit sinasabi ko
sa inyo na dumating na si Elias pero hindi
nila siya nakilala, at pinakitunguhan nila
siya ayon sa kanilang kagustuhan. At
gayon din nila papagdurusahin ang Anak
ng Tao."
13 At naunawaan ng mga alagad na
si Juan Bautista ang tinutukoy ni Jesus.

**Pinagaling ni Jesus ang batang may epilepsi**

*(Mc 9:14; Lc 9:37)*

• 14 Pagdating nila sa kinaroroonan ng
mga tao, lumapit kay Jesus ang isang
lalaki, lumuhod sa harap niya at nagsabi:
15 "Ginoo, maawa ka sa aking anak na
lalaki na may epilepsi at lubhang nahi-
hirapan. Madalas siyang mahulog sa apoy
at kung minsan nama'y sa tubig. 16 Dinala
ko na siya sa mga alagad mo pero hindi
nila siya napagaling."
17 Sumagot si Jesus: "Mga walang
pananampalataya at ligaw na tao kayo!
Gaano pa katagal na panahon ako ma-
nanatili sa piling ninyo? Hanggang kailan
ako magtitiis sa inyo? Dalhin siya rito sa
akin." 18 At inutusan ito ni Jesus, at umalis
sa kanya ang masamang espiritu. At
gumaling ang bata sa sandaling iyon.
19 Pagkatapos ay nilapitan si Jesus ng
mga alagad, at tinanong nang sarilinan:
"Bakit hindi namin napalayas ang espiri-
tu?" 20 Sinabi ni Jesus sa kanila: "Sapag-
kat kaunti ang inyong pananampalataya.
Kung may pananampalataya kayong
sinlaki ng buto ng mustasa, masasabi
sana ninyo sa bundok na ito na gumalaw
mula rito at gagalaw ito. At walang impo-
sible para sa inyo.
(21 Sa panalangin at pag-aayuno la-
mang mapalalayas ang ganitong klaseng
espiritu.")
• 22 Minsan nang maglakbay si Jesus sa
Galilea kasama ang Labindalawa, sinabi
niya sa kanila: "Ibibigay ang Anak ng Tao
sa kamay ng mga tao. 23 Papatayin nila
siya ngunit babangon siya sa ikatlong
araw." Kaya lubha silang nalungkot.

**Ang buwis sa Templo**

• 24 Nang makapasok na sila ng Caper-
naum, lumapit kay Pedro ang mga taga-
kolekta sa Templo at tinanong nila siya:
"Nagbabayad ba ng buwis ang guro
ninyo?" 25 Sumagot siya: "Siyempre."
At pumasok si Pedro sa bahay ngunit
agad siyang tinanong ni Jesus: "Ano sa
palagay mo, Simon? Sino ang nagbaba-

---

• 14. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 9:14.

• 22. Maraming beses na sinabi ni Jesus ang tungkol sa kanyang kamatayan: tingnan sa 16:21; 20:17. Ni minsa'y hindi niya ito ipinahayag bilang isang aksidente na maaaring humadlang sa kanyang misyon. At ni hindi rin natin maituturing itong pagsasatalaga na lamang sa tadhana. Mula sa simula'y tinanggap na niya ito, at sa katunaya'y inasam pa nga ito bilang pinakaparaan ng pagbibigay-luwalhati sa Ama at pakikipagkasundo sa mga tao sa kanya. Tinutukoy ni Jesus ang kanyang sarili sa ikatlong panauhan: *ang Anak ng Tao* dahil parang manonood niyang tiniting-nan ang kanyang kapalaran. Ito ang kalooban ng kanyang Ama at hindi niya iniintindi ang kanyang sarili.

• 24. *Nagbabayad ng buwis* ang lahat ng Judio sa mga gastos ng Templo.

Pinuntahan si Pedro ng mga kobrador ng buwis bilang may-ari ng bahay na ito sa Capernaum na tinutuluyan ni Jesus. Ngunit hindi nila nasisiguro kung anong sagot ang ibibigay ni Jesus at medyo nahihiya silang makipagharap sa kanya tungkol sa mga buwis. At kung talaga ngang mabubuting Judio ang mga maniningil na ito, at tapat sa kanilang relihiyon, interesado silang malaman ang iniisip ni Jesus tungkol sa panrelihiyong obligasyong ito.

Tinutupad ni Jesus ang Batas pero ginagamit din niya ang pagkakataong ito para ipahiwatig kung sino siya: hindi alam ng mga kobrador na *ang Anak* ang kausap nila. Pansinin ang kapangyarihan ng Panginoon sa lahat ng nilalang kahit na sa isda, pati na ang matalik niyang pakikiisa kay Pedro.

yad ng buwis o parangal sa mga hari ng
mundo: ang mga anak ba o ang iba?"
26 Sumagot si Pedro: "Ang iba." At sinabi
ni Jesus: "Kung gayon, di-saklaw ang
mga anak. 27 Ngunit hindi rin natin dapat
saktan ang mga taong ito kaya pumunta
ka sa dagat, maghagis ng bingwit at
buksan ang bibig ng unang isdang iyong
mahuhuli. May pera kang matatagpuan
doon, kunin mo iyon at magbayad ka para
sa iyo at sa akin din."

**Sino ang pinakadakila? Mga eskandalo**

**18** • 1 Nang panahong iyon, lumapit
kay Jesus ang mga alagad at tina-
nong nila siya: "Sino ang mas una sa
kaharian ng Langit?"

2 Tinawag ni Jesus ang isang maliit na
bata at ipinagitna sa kanila, 3 at sinabi:
"Sinasabi ko sa inyo na hanggang hindi
kayo nagbabago at nagiging katulad ng
maliliit na bata hindi kayo makapapasok
sa kaharian ng Langit. 4 Ang nagpapaka-
baba gaya ng maliit na batang ito, siya
ang pinakamalaki sa kaharian ng Langit.
5 At ako ang tinatanggap ng sinumang
tumatanggap sa batang ito sa aking
pangalan.

6 Ngunit kung may tumisod at magpa-
dapa sa isa sa maliliit na ito na naniniwala
sa akin, mas makabubuti pa para sa kan-
ya na itapon siya sa ilalim ng dagat na
may taling malaking bato sa kanyang
leeg.

7 Sawimpalad ang daigdig dahil may
kinatitisuran ang tao. Kailangang sumapit
ang mga pagkatisod ngunit kaawa-awa
ang tumitisod at nagpapadapa sa kanya.

8 Kung ang iyong kamay o paa ang
nagtutulak sa iyo sa kasalanan, putulin
mo ito at itapon. Mas mabuti pa sa iyo ang
pumasok na pingkaw o pilay sa buhay
kaysa matapon sa walang hanggang apoy

---

*ANG MALILIIT*

• **18.**1 Ipinapaliwanag sa Marcos 9:33 ang unang talata ng pahinang ito.

Mula sa *mga bata,* ang *maliliit* naman o mga ordinaryong tao ang tinutukoy ngayon ni Jesus. Maliliit sila dahil bale-wala sila sa lipunan at dahil mas simple at tapat ang kanilang pananampalataya kaysa mga nasisiyahan sa kanilang kaalaman at kalagayan.

Iniisip ni Jesus ang tungkol sa mga nagpapabuwal sa maliliit, sinasadya man o sa pamamagitan ng masama nilang halimbawa sapagkat nagagawa nilang gipitin ang mga dukha dahil sa kanilang katayuan sa buhay, pera o kapangyarihan.

Tinatalakay din ni Jesus (b. 7) ang pinsalang dala ng panggigipit ng lipunan. Ang maliliit kadalasa'y nagsisikap na makaangat sa kanilang pamumuhay at makapagsarili, magkaroon ng mas mataas na pinag-aralan at kumita nang mas malaki. Ngunit madalas din namang ang lipunan pa ang naglalagay ng mga hadlang sa mga ayaw sumabay sa tugtog at gayahin ang pamumuhay ng mga taong makasarili. Dahil dito, napipilitang sumuko ang *maliliit,* tumanggap ng kabiguan, *mawalan ng isang mata* kaysa iwaksi ang pinakaimportante: ang *mabuhay* sa paningin ng Diyos.

*Mas mabuti pa sa iyo ang pumasok na pilay sa buhay.* Binibigyang-diin ni Jesus ang walang kapantay na halaga ng buhay na walang hanggan. Sa buhay na ito napapanalunan ang ating kapalaran at wala nang iba pang lugar maliban sa Kaharian ng Diyos at walang hanggang kapahamakan. Kung minsa'y kailangan nating ipagpalit at isakripisyo kahit na ang ating trabaho, ang ating seguridad at ang ating buhay para makamit ang Kaharian.

*Kung ang iyong kamay o paa...* Ganito ring mga salita tungkol sa pagkontrol sa sarili ang matutunghayan natin sa Mateo 5:29. Walang maliw na pananampalataya ang sinasabi rito ni Jesus.

Para sa mga Judio, ang mga pinakadakila lamang sa mga anghel ang makakaharap sa Diyos. At sinasabi ni Jesus: sa mga anghel na ito mismo ipinagkatiwala ang *maliliit* na ito!

*Sawimpalad ang daigdig dahil may kinatitisuran ang tao.* Kung minsa'y isang tao ang sanhi ng eskandalo (o nagdadala sa iba sa pagkakasala). Kung minsan nama'y ang lipunan mismo sa korupsyon nito, karahasan at mga di-makatarungan sa istruktura ng lipunan. Inaanyayahan tayo rito ni Jesus na maging mulat tungkol sa kasalanan, personal man o panlipunan. Maaaring maging hadlang o tulong sa pananampalataya ang mga sibilisasyon, mga kaugalian, mga sistemang pang-ekonomiya at pampulitika; at samasamang tatanggapin ng mga ito ang bunga ng kanilang mga gawa.

*Sawimpalad na daigdig...* sapagkat sa anumang paraa'y wawasakin ang masasamang istruktura sa luha at dugo (Lc 23:28). *Mabuti pa sa tao...* sapagkat sisingilin ang lahat (tingnan din sa Mt 26:24).

*Kailangang sumapit ang mga pagkatisod.* Nabuhay si Jesus sa panahon ng dahas ngunit parang wala siyang reklamo tungkol sa sitwasyong ito. Ni minsa'y hindi niya tayo inanyayahang pangarapin ang isang paraiso sa lupa. Kung pinapangarap ng ilang pamayanang Kristiyano na maging isang kawan ng maaamong tupang nakapaligid sa kanilang pastol,

na may dalawang paa at dalawang kamay. 9 At kung ang mata mo ang nagtutulak sa iyo sa kasalanan, dukutin mo ito at itapon. Mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na may isang mata kaysa matapon sa apoy ng Gehenna na may dalawang mata.

10 Huwag sana ninyong hamakin ang isa sa maliliit na ito; talagang sinasabi ko sa inyo na laging nasa harap ng aking Ama sa Langit ang kanilang mga anghel sa Langit.

11 (Pumarito ang anak ng Tao para iligtas ang nawawala.)

• 12 Ano sa palagay ninyo? Kung may sandaang tupa ang isang tao at naligaw ang isa sa mga ito, hindi ba niya iiwan sa kaburulan ang siyamnapu't siyam para hanapin ang naliligaw? 13 At sinasabi ko sa inyo: Kapag nakita niya ito, mas matutuwa pa siya rito kaysa siyamnapu't siyam na hindi naligaw. 14 Gayundin naman, ayaw ng inyong Amang nasa Langit na mawala isa man sa maliliit na ito.

**Mabuhay na magkakapatid sa pananampalataya**

*(Lc 17:3)*

• 15 Kung nagkasala sa iyo ang iyong kapatid, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan; at kung makinig siya sa iyo, tinubo mo na ang iyong kapatid.
16 Kung hindi naman siya makinig sa iyo, magsama ka ng dalawa o tatlo para *lutasin ang kaso sa pagsaksi ng dalawa o*

---

may ibang pananaw naman si Jesus sa buhay-Kristiyano.

Nilikha ang tunay na daigdig, ang mundong nilikha ng Diyos at siyang inililigtas ng Diyos, hindi para maging oasis ng kaligayahan kundi para maging lugar ng paglago ng mga taong malaya, sa pamamagitan ng patuloy nilang pakikibaka. Sadyang bahagi ng daigdig na ito ang mga eskandalo, ngunit hinding-hindi nababawasan ng kapangyarihan ng kasamaan ang luwalhating tatanggapin ng Diyos sa katapusan. Sa pagdurusa at pagkauhaw sa katarungan, pupukawin ng Diyos ang pag-ibig at palalaguin ito.

• 12. Nasa Ebanghelyo rin ni Lucas (15:1) ang talinhaga ng *sandaang tupa*. Marami itong itinuturo sa atin: ang natatanging malasakit ni Jesus para sa mga makasalanan at mga naliligaw, kaya naman misyon ang gawain niya. Sa katunaya'y dumating si Jesus *para hanapin at iligtas ang mga naliligaw* (Lc 19:10), *para hanapin ang mga itinakwil at hindi ang mga iginagalang* (Mt 9:13). Ang hangaring ito ang dapat magbunsod sa ating mga parokya at mga pamayanang Kristiyano na laging pagsikapang marating ang wala sa Iglesya at ang mga latak ng lipunan sa halip na magtrabaho na lamang sa piling ng mga nasa Iglesya na.

*ANG IGLESYA BILANG SAKRAMENTO NG DIYOS*

• 15. Dalawang salita ni Jesus sa Iglesya:
*Kung nagkasala ang iyong kapatid*... Sinabi na ni Jesus kay Pedro: "Itatali rin sa langit ang itali mo sa lupa." Sinasabi naman niya ito ngayon sa buong Iglesya. Kailangang sikapin muna ng mga sumasampalataya na aregluhin sa kani-kanila ang kanilang mga usapin bago pumunta sa hukuman (1 Cor 6:1).

Walang katiyakan sa teksto ng 18:15. Maaaring "Kung nagkasala ang kapatid mo, puntahan mo siya't kausapin..." ang pagkakasulat dito. At kung magkagayo'y ang pagsisikap ng pamayanang Kristiyano para ituwid ang isang naliligaw ang siyang tinutukoy dito.

*Nagkakatipon sa Ngalan ni Jesus.* Ang panalangin ng pamayanan, ng isang grupong apostoliko, ng mag-asawang Kristiyano. Importante na magkaroon muna tayo ng lubos na pagkakaunawaan bago natin iharap sa Diyos ang mga kahilingan nating lahat.

Karaniwa'y sa mga simbahan hinahanap ng mga tao ang Diyos, o kaya'y sa pagmamasid sa kalikasan, o sa kapanatagan ng kanilang kaluluwa. Ngunit gusto ng Diyos na mapasapamayanang-Kristiyano muna kaysa ano pa man. Nasa pamayanan siya sa *pagtitipon* natin para manalangin *sa Ngalan ni Jesus*. Nasa pag-unlad din siya ng pamayanan, sa mga krisis nito, sa mga problema: nasa kasaysayan siya ng kanyang Iglesya.

Sa pakikibahagi natin sa mga gawain ng pamayanan, sa paglutas sa mga di maiiwasang problema, sa pagtitiyaga sa gawaing apostoliko, natututo tayong maging mga anak ng Diyos ayon sa katotohanan at nakikilala natin ang Ama ayon sa katotohanan. Kaya ang Iglesya ang sagradong lugar kung saan natin natatagpuan ang Diyos, at para maipahayag ang katotohanang ito, sinasabi nating ang Iglesya ang *sakramento* ng Diyos.

Ginagamit din naman natin ito para sa iba't ibang *sakramento:* ang binyag, ang eukaristiya... Gusto ng ilan na tumanggap ng mga sakramento nang wala namang anumang komitment sa Iglesya. Nakakalimutan nila na ang binyag at mga seremonya ng relihiyon ay mga sakramento at naggagawad ng grasya ng Diyos dahil ang mga ito ang mga "kilos" ng Iglesya na siyang *sakramento* ng Diyos. Wala sa mga bagay na ito ang Diyos ngunit ipinahahayag niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pamilya ni Kristo at gusto niyang dito natin siya matagpuan. *Ang lahat ng talian ninyo sa lupa...:* ang ating katapatan sa pamayanang Kristiyano kahit na hindi tayo sumasang-ayon dito ay isang tanda na nasa grasya tayo ng Diyos.

*tatlo.* 17 Kung tatanggi siyang makinig sa
kanila, sabihin ito sa Iglesya; at kung hindi
pa rin siya makikinig sa Iglesya, ituring
siyang pagano o publikano.

18 Talagang sinasabi ko sa inyo: ang
talian ninyo sa lupa ay matatali rin sa
Langit, at ang kalagan ninyo dito sa lupa
ay kakalagan din sa Langit.

19 Sinasabi ko rin sa inyo: kung dito sa
lupa ay may dalawa sa inyo na nagka-
kaisang humihingi ng anuman, gagawin
ito para sa kanila ng aking Amang nasa
Langit. 20 Sapagkat kung saan may dala-
wa o tatlong nagkakatipon sa Ngalan ko,
kapiling nila ako."

• 21 Nagtanong naman si Pedro: "Pa-
nginoon, gaano kadalas ko naman dapat
patawarin ang mga pagkukulang ng aking
kapatid? Pitong beses ba?" 22 Sumagot si
Jesus: "Hindi, hindi pitong beses kundi
pitumpu't pitong beses.

**Ang utusang walang awa**

• 23 Tungkol sa kaharian ng Langit ang
kasaysayang ito. Isang hari ang nag-
pasyang pagbayarin ng utang ang kan-
yang mga utusan. 24 Nang simulan niyang
suriin ang kuwenta, iniharap sa kanya ang
isang may utang na sampung libong
baretang ginto. 25 Dahil walang maibayad
sa kanya ang tao, iniutos ng panginoon na
ipagbili at maging alipin siya kasama ng
kanyang asawa, mga anak at mga ari-
arian bilang bayad-utang.

26 At nagpatirapa sa paanan ng hari ang
opisyal at sinabi: 'Bigyan mo pa ako ng
panahon, at babayaran kong lahat ang
utang ko.' 27 Naawa sa kanya ang hari at
hindi lamang siya pinalaya kundi ki-
nansela pa ang kanyang utang.

28 Pagkaalis ng opisyal na ito, nasalu-
bong niya ang isa sa kanyang mga kasa-
mahan na may utang namang sandaang
barya sa kanya. Sinunggaban niya ito sa
leeg at halos sakalin habang sumisigaw
ng 'Bayaran mo ang utang mo!' 29 Nagpa-
tirapa sa paanan niya ang kanyang kasa-
mahan at nagsabi: 'Bigyan mo pa ako ng
panahon, at babayaran kong lahat ang
utang ko sa iyo.' 30 Ngunit tumanggi siya
at ipinakulong ito hanggang makabayad
ng utang.

31 Labis na nalungkot ang iba nilang
kapwa-lingkod nang makita ang nang-
yari. Kaya pinuntahan nila ang kanilang
panginoon at ibinalita ang buong pang-
yayari. 32 Ipinatawag naman niya ang
opisyal at sinabi: 'Masamang utusan, pi-
natawad ko ang lahat ng iyong utang
nang makiusap ka sa akin. 33 Di ba dapat
ay naawa ka rin sa iyong kasamahan

---

• 21. *Pitumpu't pitong beses.* Ihambing ito sa Genesis 4:24. Dapat palitan ng pagpapatawad ang hangaring maghiganti.

Tungkol ito sa pagpapatawad sa kapatid na bumabalik na nagsisisi: tingnan sa Lucas 17:1.

*KAPATAWARAN*

• 23. Bale-wala ang mga pagkakasalang ginagawa sa atin ng *mga kasamahan* natin kung ikukumpara sa mga pagkakasala natin sa Diyos. At samantalang *pinatatawad* ng Diyos *ang lahat-lahat,* tayo nama'y hindi makapagbigay kahit palugit man lang. Hindi ipinaggigiitan ng Diyos ang kanyang mga karapatan at parang ni hindi niya alam ang mga iyon dahil siya ang Ama. Ngunit sa paggigiitan naman natin sa ating mga karapatan, umaasal tayong gaya ng *masasamang utusan* (tingnan sa Mt 5:43).

Higit pa sa mga personal na problema ang tinutukoy ng talinhagang ito. Higit sa lahat, ang kapatawaran ng Diyos ang kailangan ng mundo. At hindi ito makakamit sa pamamagitan ng mga akusasyon at pagkamuhi ng mga may gustong magtayo ng isang mas makatarungang lipunan.

Mas naiintindihan natin sa talinhagang ito ang isa pang bersikulo sa Biblia: *Akin ang paghihiganti; sisingilin ko ang bawat isa ayon sa kanyang gawi.* Hindi niya tayo sisingilin ayon sa sarili niyang mga karapatan (kung ano ang utang natin sa kanya), kundi para sa *maliliit* na di kayang magbayad at inagawan ng karapatan. At maniningil din siya para sa mga nagsisisi sa kanilang mga pagkakamali pero hindi pinatawad ang kapwa.

Nagtatapos sa talinhagang ito tungkol sa tungkuling magpatawad ang Ikapat na Diskurso ng Ebanghelyo ni Mateo. Malayo pa rin ang Iglesya sa dapat na maging kabanalan nito. Ngunit hindi maikakaila ninuman na sa lahat ng panaho'y sa Iglesya ipinangaral ang awa ng Diyos at dito rin natutong magpatawad ang mga tao.

gaya ng pagkaawa ko sa iyo?' 34 Galit na
galit ang panginoon kaya ibinigay niya
ang kanyang utusan sa mga tagapagpa-
hirap hanggang mabayaran nito ang lahat
ng utang."
35 Idinagdag ni Jesus: "Ganito rin ang
gagawin sa inyo ng aking Ama sa Langit
kung hindi patatawarin ng bawat isa sa
inyo mula sa puso ang kanyang kapatid."

**Nagsalita si Jesus tungkol sa diborsiyo**
*(Mc 10:2; Mt 5:31; Lc 16:18)*

**19** • 1 Nang tapos na si Jesus sa mga
aral na ito, umalis siya sa Galilea at
pumunta sa probinsya ng Judea sa kabi-
lang ibayo ng Ilog Jordan. 2 Napakara-
ming tao ang sumunod sa kanya, at nag-
pagaling din siya roon ng mga maysakit.
3 At lumapit sa kanya ang ilang Pariseo
na hangad siyang subukan, at tinanong
nila siya: "Pinahihintulutan bang dibor-
siyuhin ng lalaki ang kanyang asawa sa
anumang dahilan?"
4 Sumagot si Jesus: "Hindi ba ninyo na-
basa na sa simula'y *ginawa sila ng May-
kapal na lalaki at babae,* 5 at sinabi rin
nitong *iiwanan ng lalaki ang kanyang
ama at ina, at pipisan sa kanyang asawa,
at magiging iisang katawan ang dalawa*?
6 Kung gayo'y hindi na sila dalawa kundi
iisang katawan lamang; kaya huwag pag-
hiwalayin ng tao ang pinagbuklod ng
Diyos."
7 At sinabi nila: "Kung gayon, bakit ini-
utos ni Moises na *bigyan ang babae ng
kasulatan ng diborsiyo bago siya pa-
alisin*?" 8 Sinabi naman niya sa kanila:
"Alam ni Moises na matigas ang inyong
puso kaya pinayagan kayong diborsi-
yuhin ang inyong mga asawa, ngunit hindi
ganito sa simula. 9 At sinasabi ko naman
sa inyo: kung may magpaalis sa kanyang
asawa, malibang dahil sa pagtataksil, at
saka magpakasal sa iba, nakiapid na
siya."
10 Sinabi naman ng mga alagad: "Kung
iyan ang itinatadhana para sa lalaking
may-asawa, walang pakinabang sa pag-
aasawa." 11 Sinabi ni Jesus sa kanila:
"Hindi matatanggap ng lahat ang salitang
ito, kundi ng mga pinagkalooban lamang
nito. 12 May ilang ipinanganak na hindi
makapag-aasawa. May iba namang ipi-
nakapon ng tao. At may iba ring tuma-
likod sa pag-aasawa alang-alang sa kaha-
rian ng Langit. Tanggapin ito ng puwe-
deng tumanggap."

**Si Jesus at ang mga bata**
*(Mc 10:13; Lc 18:15)*

13 May nagdala kay Jesus ng mga bata
para ipatong niya ang kanyang kamay sa
kanila at madasalan. Pinagalitan naman
ng mga alagad ang mga taong may dala
sa kanila. 14 Kaya sinabi ni Jesus: "Paba-
yaan ninyo sila. Huwag ninyong pigilang
lumapit sa akin ang mga bata. Sa mga
tulad nga nila ang kaharian ng Langit."
15 At pagkapatong ni Jesus ng kanyang
kamay sa kanila, umalis na siya.

**Ang mayamang binata**
*(Mc 10:17; Lc 18:18; 12:33; 22:29)*

• 16 Nang oras ding iyon, lumapit sa
kanya ang isang binata at nagtanong:
"Guro, anong mabuti ang dapat kong

---

• **19.**1 Tingnan ang paliwanag sa Marcos 10:2 at Mateo 5:31.

Hindi pagkaalipin para sa Kristiyano ang ganap na katapatan sapagkat dumating nga mismo si Jesus para ibigay sa atin ang espiritung nagbibigay-kakayahan sa atin para matupad ang Batas.

Walang asawa si Jesus at ni hindi nagkaroon ng babae sa buhay niya. Ngunit ipinahayag niya sa buong buhay niya ang dapat na maging batas para sa mga mag-asawa: katapatan, pag-unawa, pag-ibig, pagsasakripisyo sa kapwa (Ef 5:22). Kung wala ang espiritung ito, magiging kadena para sa mag-asawa ang mismong batas ng Diyos.

*Mabuti pang huwag mag-asawa.* Hindi humihingi ng paumanhin si Jesus para sa mabibigat na pananalitang ito. Ipinapanukala lamang niya ang isang bagay na mas mahirap intindihin. At pinupuri niya ang mga pumipili sa buhay na walang-asawa dahil sa pagmamahal sa Kaharian. Pero inaamin niyang espesyal na bokasyon at grasya ito.

• 16. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 10:17.

gawin para makamit ang buhay na wa-
lang hanggan?" 17 Sumagot si Jesus: "Ba-
kit tungkol sa mabuti ang tanong mo? Iisa
lang ang Mabuti. Kung gusto mong puma-
sok sa buhay na walang hanggan, sundin
mo ang mga utos." 18 At sinabi naman ng
binata: "Anong mga utos?" Sumagot si
Jesus: *"Huwag papatay, huwag makia-
pid, huwag magnakaw, huwag mani-
rang-puri ng kapwa,* 19 *igalang ang iyong
ama at ina, at mahalin ang iyong kapwa
gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili."*
20 At sinabi sa kanya ng binata: "Sinu-
nod ko ang lahat ng ito, ano pa ang kulang
ko?" 21 At sinabi ni Jesus: "Kung gusto
mong maging ganap, umuwi ka't ipagbili
ang mga ari-arian mo at ibigay ang pera
sa mga dukha, at magkakaroon ka ng
kayamanan sa Langit. At saka ka bumalik
para sumunod sa akin."
22 Pagkarinig ng binata sa pahayag na
ito, umalis siyang malungkot sapagkat
napakayaman niya.
23 At sinabi ni Jesus sa kanyang mga
alagad: "Talagang sinasabi ko sa inyo:
mahirap makapasok ang mayaman sa
kaharian ng Langit. 24 Oo, maniwala kayo,
mas madali pa para sa kamelyo ang
lumusot sa butas ng karayom kaysa
pumasok ang isang mayaman sa kaha-
rian ng Langit."
25 Nang marinig ito ng mga alagad, na-
mangha sila at sinabing "Kung gayon,
sino ang maliligtas?" 26 Tinitigan sila ni
Jesus at sumagot: "Imposible ito para sa
tao; pero para sa Diyos, lahat ay posible."
27 Nagsalita si Pedro at sinabi: "Iniwan
namin ang lahat para sumunod sa iyo:
ano naman ang para sa amin?"
28 Sumagot si Jesus: "Talagang sina-
sabi ko sa inyong mga sumunod sa akin:
sa Araw ng Pagbabago, pag upo ng Anak
ng Tao sa kanyang trono nang buong
luwalhati, uupo rin kayo sa labindalawang
trono para maghari sa labindalawang
tribu ng Israel. 29 At ang mag-iwan ng mga
tahanan, mga kapatid, ama at ina, mga
anak o mga bukid alang-alang sa ngalan
ko, tatanggap siya ng sandaang beses at
makakamit ang buhay na walang hang-
gan. 30 May mga una ngayon na mahuhuli
at may mga huli naman na mauuna.

### Mga manggagawa sa ubasan

**20** • 1 Tungkol sa nangyayari sa kaha-
rian ng Langit ang kuwentong ito.
Maagang lumabas ang isang may-ari para
umupa ng mga manggagawa sa ubasan.
2 Nakipagkasundo siya na tatanggap ang
mga manggagawa ng isang baryang pilak
isang araw, at pinapunta na niya sila sa
ubasan.
3 Lumabas din siya nang mag-iikasiyam
ng umaga at nakita niya ang ibang mga

---

*Iisa lang ang Mabuti.* Lumapit kay Jesus ang lalaki at sa Ama niya ito pinapupunta, tulad ng lagi niyang ginagawa. Gusto sana niya tulad natin, na maintindihan siya ni Jesus; ngunit ibig nitong maging ganap siya sa paglilingkod sa Ama.

Laging itinuturing ang pagtawag ni Jesus sa binata na huwaran ng pagtawag sa buhay relihiyoso at apostoliko. Kung wala ang tunay na karukhaan at pagtanggi sa lahat, hindi makakamtan ang espirituwal na pagkakaisa sa Diyos na layunin ng relihiyoso.

Gayundin kailangan ang karukhaan sa gawang apostoliko. Habang kasama kayo ng mga may mariwasang pamumuhay, mabuti man ang pakikitungo sa kanila, mahirap silang magbagong buhay, at hindi naman natin maaabot ang karaniwang tao. Kung kasama naman tayo ng mga karaniwang tao, matatagpuan nating kasama nila ang Kaharian at darating pa sa atin ang mga gustong lumaya sa kanilang mga kayamanan.

*MGA AMO*

• **20.**1 Marami ang nabibigla sa talinhagang ito. Para bang di-makatarungan sa kanila ang pagbibigay ng pare-parehong pabuya sa lahat, nang walang pagsasaalang-alang sa trabaho at sakripisyo ng bawat isa. Bunga ito ng mali nilang pagkaintindi sa kahulugan ng talinhagang ito. Gumagawa ng paghahambing si Jesus, hindi ng iba't ibang trabahador kundi ng iba't ibang grupo ng mga trabahador. Isang bayan o hanay sa lipunan ang kinakatawan ng bawat grupo. At samantalang matagal nang tinanggap ng ilan sa kanila ang Salita ng Diyos, ang iba nama'y kararating pa lamang sa pananampalataya.

Sa kabuuan ng kasaysayan, tinatawag ng Diyos ang iba't ibang bayan para pumunta at magtrabaho sa kanyang ubasan. Bilang panimula, tinawag niya si Abraham at ipinagkatiwala sa kanya at sa kanyang mga inapo ang gawa niya sa mundo. Ngunit hindi ito nangangahulugang ang lahi na ni Abraham ang may-

nakatayo sa plasa na walang ginagawa.
4 Kaya sinabi niya sa kanila: 'Pumunta rin
kayo sa aking ubasan at bibigyan ko kayo
ng nararapat.' At pumunta sila.
5 Muli siyang lumabas kinatanghalian
at nang mag-iikatlo ng hapon at gayundin
ang ginawa niya. 6 Lumabas din siya sa
huling oras ng paggawa at nakita niya ang
iba pang nakatayo lamang. Kaya sinabi
niya sa kanila: 'Bakit kayo nakatayo lang
at maghapong walang ginagawa?'
7 Sumagot sila: 'Dahil walang umupa sa
amin.' Sinabi niya: 'Pumunta kayo at
magtrabaho sa aking ubasan.'
8 Paglubog ng araw, sinabi ng may-ari
ng ubasan sa kanyang tagapamahala:
'Tawagin ang mga manggagawa at baya-
ran sila, mula sa huli hanggang sa una.'
9 Kaya lumapit ang mga dumating sa hu-
ling oras at binigyan sila ng tig-isang
denaryo (isang baryang pilak). 10 Nang
lumapit naman ang mga nauna, akala
nila'y tatanggap sila ng higit pa. Ngunit
tumanggap din sila ng tig-isang denaryo.
11 Kaya pagkatanggap nila nito, nagsimula
silang magreklamo sa may-ari.
12 Ang sabi nila: 'Isang oras lamang ang
trabaho ng mga huling ito, at ipinapantay
mo sila ngayon sa amin na maghapong
nagtrabaho sa init ng araw.' 13 Kaya sina-
got ng may-ari ang isa sa kanila: 'Kaibi-
gan, hindi ko kinukuha ang sa iyo. Di ba't
nagkasundo tayo sa isang denaryo isang
araw? 14 Kaya tanggapin mo ang sa iyo at
umalis ka na. Gusto ko ring bigyan ang
nahuli gaya ng ibinigay ko sa iyo. 15 Wala
ba akong karapatang gawin ang gusto ko
sa pera ko? Bakit ka naiinggit dahil
maawain ako?'
16 Kaya mauuna nga ang huli, at mahu-
huli ang una."

**Ikatlong pagpapahayag ng paghihirap**

*(Mc 10:32; Lc 18:31)*

17 Nang umakyat si Jesus sa Jerusalem,
isinama niya ang Labindalawa, at habang
nasa daan ay sinabi niya sa kanila:
18 "Papunta na tayo sa Jerusalem. Doon
ibibigay ang Anak ng Tao sa mga punong-
pari at mga guro ng Batas na maghahatol
sa kanya ng kamatayan. 19 Kaya ibibigay
nila siya sa mga pagano para pagtawanan,
hagupitin at ipako sa krus. Ngunit baba-
ngon siya sa ikatlong araw."

**Hiningi ng ina nina Jaime at Juan ang mga pangunahing lugar**

*(Mc 10:35)*

• 20 Lumapit noon kay Jesus ang ina
nina Jaime at Juan kasama ng dalawa

---

ari ng Kaharian ng Diyos. Sa Diyos ang ubasan at mga trabahador niya sila.

At sa panahon naman ni Moises, marami at iba't ibang klase ng tao ang lumabas mula sa Ehipto kasama ang mga inapo ni Abraham. At sila ang bumuo sa bayang Israel (na tinatawag din nating bayang Judio). Matibay ang kanilang paniwala na sila ang bayan ng Diyos at lagi nilang ipinaglalaban ang kanilang karapatan: dapat silang tratuhin nang mas mabuti ng Diyos kaysa iba pang mga bayan. Kailangang gawin ng Diyos ang lahat para mapasailalim sa kanila ang lahat ng bansa sa lupa. Ngunit sa katunaya'y hindi naman sa kanila lamang ipinagkatiwala ang ubasan.

Sa pagdating ni Kristo, inihatid ang Ebanghelyo sa iba pang mga bansang pagano pa hanggang sa panahong iyon. Pumasok sila sa Iglesya at binigyang-anyo ang Kristiyanismo. Inisip din nilang kanila ang Kaharian ng Diyos at ang Iglesya. Mahirap para sa mga Kastilang sumakop sa Pilipinas noon ang unawain at tanggapin na sa Iglesya'y pareho lamang ang kanilang mga karapatan at ng mga "Indiong" babago pa lamang sumasampalataya.

Marami pa ring angkan hanggang sa panahong ito ang nagpapalagay na likas na karapatan nila ang pagiging Katoliko. May mga grupo rin sa lipunan, karaniwa'y ang mayayaman at makapangyarihan, ang nagtataka kapag binabatikos ng Iglesya ang kanilang mga pribilehiyo at di inirereserba para sa kanila ang mga unang upuan sa simbahan. Inirereklamo nilang nagtataksil ang Iglesya dahil matagal na nilang pinaniniwalaang sila ang may-ari sa Iglesya.

Sinasabi ni Jesus sa talinhagang ito na kailangan din namang papasukin ng mga nasa Iglesya na ang iba, nang pantay-pantay (tig-iisang denaryo ang tinanggap ng lahat). Ang karangalang magtrabahong kasama ni Kristo ang kanilang ikatuwa! Nagkakamali ang mga nagtatayo ng kapilya kung inaakala nilang may kapangyarihan sila sa pamayanan, gayundin ang mga pari sa pagtanggi nila sa partisipasyon ng mga layko.

• 20. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 10:35. Paghambingin ang Mateo 20:23 at Marcos 10:40.

niyang anak, at lumuhod sa harap niya
para makiusap. 21 Tinanong siya ni Jesus:
"Ano ang ibig mo?" At sumagot siya:
"Narito ang dalawa kong anak. Iutos mong
maupo ang isa sa iyong kanan at ang isa
naman sa iyong kaliwa sa iyong Kaharian."

22 Sinabi ni Jesus sa magkapatid: "Hin-
di ninyo nalalaman ang inyong hinihingi.
Maiinom ba ninyo ang kalis na iinumin
ko?" Sumagot sila: "Kaya namin." 23 Su-
magot si Jesus: "Totoong iinom din kayo
sa aking kalis, ngunit wala sa akin ang
pagpapaupo sa aking kanan o kaliwa.
Para iyon sa mga hinirang ng Ama."

24 Nang marinig ito ng sampu, nagalit
sila sa magkapatid. 25 Kaya tinawag sila ni
Jesus at sinabi: "Alam ninyo na sinusupil
ng mga naghahari ang kanilang mga
bansa at inaapi ng mga nasa kapang-
yarihan. 26 Hindi naman ganito sa inyo:
ang may gustong maging dakila, siya ang
maging lingkod ninyo; 27 ang may gus-
tong mauna sa inyo, siya ang maging
alipin ninyo. 28 Gayundin naman, duma-
ting ang Anak ng Tao hindi para pagling-
kuran kundi para maglingkod at ibigay
ang kanyang buhay bilang pantubos sa
marami."

29 Nang paalis na sila sa Jerico, mara-
ming tao ang sumunod sa kanila. 30 At
may dalawa namang bulag na lalaki na
nakaupo sa tabing-daan. Nang marinig
nilang si Jesus ang nagdaraan, sumigaw
sila: "Anak ni David, maawa ka sa amin!"
31 Pinagsabihan silang tumahimik ng mga
tao ngunit lalo lamang nilang nilakasan
ang kanilang sigaw: "Panginoon, Anak ni
David, maawa ka sa amin!" 32 Huminto
naman si Jesus at tinawag niya sila. Itina-
nong niya: "Ano ang gusto ninyong gawin
ko?" 33 Sinabi nila: "Panginoon, mabuksan
nawa ang aming mga mata."

34 Naawa si Jesus sa kanila at hinipo
ang kanilang mga mata. Agad silang
nakakita at nagsimula silang sumunod
kay Jesus.

**Pumasok si Jesus sa Jerusalem**

*(Mc 11:1; Jn 12:12; Lc 19:12)*

**21** • 1 Malapit na sila sa Jerusalem,
at pagdating nila sa Betfage, sa
Bundok ng mga Olibo, inutusan ni Jesus
ang dalawang alagad: 2 "Pumunta kayo sa
kabilang ibayo at may makikita kayo
roong isang inahing asno na nakataling
kasama ang isang bisiro. Kalagan sila at
dalhin sa akin. 3 Kung may magtatanong
sa inyo, sabihin ninyong: Kailangan sila
ng Panginoon pero ibabalik din sila ka-
agad."

---

• **21.**1 Tingnan ang paliwanag sa Marcos 11. Pinagsasabay nina Mateo, Marcos at Lucas ang pagpasok ni Jesus sa Jerusalem at ang pangyayari tungkol sa mga nagtitinda sa Templo. Ngunit sa simula naman ng misyon ni Jesus inilalagay ni Juan ang pangyayaring ito. Mahirap matiyak kung sino ang tama. Ginugrupo ng bawat ebanghelista ang mga pangyayari ayon sa sarili niyang plano at hindi laging ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

*At saka maraming detalye sa matagumpay na pagpasok na ito ni Jesus ang mas nagpapaalaala sa atin ng Piyesta ng Mga Tolda (na ipinagdiriwang sa buwan ng Septyembre) kaysa mga araw bago mag-Paskuwa:*

– ang kagalakan ng bayan na bagay sa naturang piyesta na pinakapopular sa lahat,

– ang mga sanga at mga palaspas, gaya sa prusisyon sa nasabing piyesta papunta sa bukal ng Silo habang kinakanta ang Salmo 118: "Pinagpala ang dumarating sa Ngalan ng Panginoon!" at sumisigaw ng "Hosanna!" (ibig sabihi'y "Iligtas kami!").

– ang pagbanggit sa Bundok ng mga Olibo kung saan itinatayo ang mga silungang yari sa mga sanga at mga dahon para sa piyesta.

*Tingnan tungkol dito ang Zacarias 14 na tumutukoy sa piyestang ito (14:16) at nagpapauna sa paglilinis sa Templo.*

*Malamang na sa bisperas ng Paskuwa inilagay ng mga ebanghelyo ang pagpasok na ito ni Jesus sa Jerusalem sa dahilang isang paglalakbay lamang ni Jesus pa-Jerusalem ang isinasalaysay nila.*

*Dumating sila sa Betfage.* Ang maliit na nayon ng Betfage ang daan papasok sa distrito ng Jerusalem pasilangan. Ayon sa Batas, sa Jerusalem dapat ipagdiwang ang Paskuwa, pero hindi naman magkasya sa siyudad ang mahigit sa sandaa't limampung libong dumarayo para sa piyesta. Kaya kailangang palawakin ang legal na hangganan ng Jerusalem para isama ang ilang maliliit na nayon gaya ng Betfage. Nang panahong iyon, sa Betfage nanunuluyan si Jesus (21:17).

*Nakatagpo ka ng mga papuri.* Sa Diyos sinasabi ang mga salitang ito ng Salmo 8. Ngunit para sa kanyang sarili ito ginagamit ni Jesus, tulad ng ginawa niya sa iba pang mga teksto ng Kasulatan.

4 Kaya natupad ang sinabi ng Propeta:
5 *"Sabihin sa Dalagang Sion: Parating na
sa iyo ang iyong hari, simple, nakasakay
sa asno, sa isang hayop na pantrabaho."*
6 Umalis ang mga alagad at ginawa ang
iniutos ni Jesus. 7 Dinala nila ang asno at
ang bisiro, at isinapin dito ang kanilang
mga balabal para upuan ni Jesus.
8 Marami naman ang naglatag ng ka-
nilang mga balabal sa daan; pumutol
naman ng mga sanga mula sa mga puno
ang iba at inilagay rin ang mga ito sa
daan. 9 Sumisigaw ang mga taong na-
ngunguna at sumusunod sa kanya. Sinabi
nila: *"Hosanna sa Anak ni David! Mapa-
lad ang dumarating sa Ngalan ng Pangi-
noon! Hosanna, luwalhati sa Kaitaasan!"*
10 Pagpasok ni Jesus sa Jerusalem,
nagulo ang buong lunsod, at nagtanungan
sila: "Sino ito?" 11 At sumagot naman ang
mga tao: "Ito ang propetang si Jesus na
taga-Nazaret ng Galilea."

**Pinalayas ni Jesus ang mga negosyante**
*(Mc 11:11; Lc 13:35; Jn 2:14)*

• 12 Pumasok sa Templo si Jesus at pi-
nalayas ang mga taong nagtitinda at
bumibili sa patyo ng Templo. Itinaob niya
ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera
at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng
mga kalapati. 13 At sinabi niya sa kanila:
"Nasusulat na *'Tatawaging bahay-dala-
nginan ang aking bahay.'* Ngunit gina-
gawa ninyo itong *kuta ng mga magna-
nakaw."*
14 Lumapit din sa kanya sa Templo ang
mga bulag at mga pilay, at pinagaling sila
ni Jesus.
15 Nakita naman ng mga pinuno ng
mga pari at mga guro ng Batas ang
kataka-takang mga bagay na ginawa ni
Jesus at ang mga batang sumisigaw sa
Templo: "Hosanna sa Anak ni David!"
Kaya nagalit sila 16 at sinabi kay Jesus:
"Naririnig mo ba ang sinasabi nila?" Sina-
got sila ni Jesus: "Oo. Hindi ba ninyo ito
nabasa: *'Sa bibig ng mga musmos at
sanggol, inilagay mo ang ganap na
pagpuri'?"*
17 At pagtalikod sa kanila, lumabas siya
sa lunsod at pumunta sa Betania para
doon magpalipas ng gabi.

**Isinumpa ni Jesus ang puno ng igos**
*(Mc 11:12; Lc 13:6)*

• 18 Kinaumagahan, nagbalik siya sa
lunsod, at nagutom siya. 19 Nang mapan-
sin niya ang isang puno ng igos sa may
daan, nilapitan niya iyon at wala siyang
nakita kundi mga dahon. Kaya isinumpa
niya ang puno: "Huwag ka nang ma-
munga kailanman!" At agad na natuyo
ang puno.
20 Nang makita ito ng mga alagad,
namangha sila at kanilang sinabi: "Paano
nangyari na agad na natuyo ang puno ng
igos!" 21 Sumagot si Jesus: "Sa totoo lang,
sinasabi ko sa inyo: kung may pananalig
kayo at walang alinlangan, hindi lamang
ang ginawa ko sa puno ng igos ang
magagawa ninyo kundi masasabi rin
ninyo sa bundok: 'Tumayo ka at itapon
mo ang iyong sarili sa dagat!' at
mangyayari ito. 22 At anuman ang hingin
ninyo sa panalangin nang may pananalig
ay tatanggapin ninyo.

---

• 12. Tingnan ang paliwanag sa Mc 11:15.
Nilinis ni Jesus ang Templo sa katuparan ng propesiya ni Zacarias (14:12). Ipinagpauna rin ni Malakias (kab. 3) ang pangyayaring ito: *Darating ang Panginoon para linisin ang kanyang bayan at ang kanyang Templo.* Dumarating si Jesus bilang propeta para hinging igalang ang Diyos. At bilang Diyos, pinapasinayaan niya ang bagong panahon ng relihiyon sa espiritu at katotohanan. Ganito rin ang pagkaunawa ni Juan (2:21) sa pangyayaring ito, na ang bagong Templong si Kristo ang kanyang tinu-tukoy.

• 18. Tinutulungan tayo ng pangyayaring ito na maintindihan ang kakaibang ikinilos ni Kristo sa *paghahanap ng mga igos* nang wala sa panahon at pagkatapos ay *isinumpa ang puno* na para bang kasalanan niya ito. May dahilan kaya ganito ang iginawi ni Jesus: para tawagin ang pansin ng mga apostol sa pamamagitan ng paraan ng pagtuturo ng mga propeta. Ang punong-igos ay larawan ng bayang Judio na hindi namunga ayon sa inaasahan ng Diyos.

**Ang sagot ni Jesus sa mga nasa kapangyarihan**
*(Mc 11:27; Lc 20:1)*

23 Pagpasok ni Jesus sa Templo, luma-
pit sa kanya ang mga punong-pari, mga
guro ng Batas at mga Matatanda ng mga
Judio, at nagtanong: "Ano ang karapatan
mong gawin ang mga ito? Sino ang
nagtalaga sa iyo?"

24 Sinagot sila ni Jesus: "Tatanungin ko
rin kayo ng isang tanong. At kung may
sagot kayo, sasagutin ko kayo kung sino
ang nagtalaga sa akin para sa mga ito.
25 Saan galing ang pagbibinyag ni Juan,
sa Diyos ba o sa tao?"

At nag-isip-isip sila: "Kung isasagot
nating galing sa Diyos, sasabihin niya:
'Bakit di kayo naniwala sa kanya?' 26 At
kung sasabihin naman nating 'Galing
lamang sa tao ang pagbibinyag ni Juan,'
dapat tayong matakot sa bayan sapagkat
akala nila'y tunay na propeta si Juan."
27 Kaya sinabi nila kay Jesus: "Hindi
namin alam."

At sinabi sa kanila ni Jesus: "Hindi ko
rin sasabihin sa inyo kung sino ang nagta-
laga sa akin na gumawa ng mga ito."

**Ang talinhaga ng dalawang anak**

• 28 Nagpatuloy si Jesus: "Ano sa pala-
gay ninyo? May dalawang anak ang isang
tao. Lumapit siya sa isa at sinabi: 'Anak,
pumunta ka ngayon at magtrabaho sa
aking ubasan.' 29 Sumagot ang anak: 'Ayo-
ko.' Ngunit pagkatapos ay nagbagong-isip
siya at pumunta. 30 Pinuntahan din ng ama
ang pangalawang anak at gayundin ang
sinabi. Sumagot naman ang anak: 'Opo.'
Pero hindi siya pumunta."

31 At itinanong ni Jesus: "Sino sa dala-
wang anak ang tumupad sa gusto ng
ama?" Sumagot sila: "Ang una." At sinabi
ni Jesus: "Talagang sinasabi ko sa inyo:
mas nauuna sa inyo patungo sa kaharian
ng Langit ang mga publikano at mga
babaeng bayaran. 32 Dumating nga si
Juan para ipakita sa inyo ang daan ng
kabutihan pero hindi kayo naniwala sa
kanya, samantalang naniwala naman ang
mga publikano at mga babaeng bayaran.
Nakita ninyo ito at hindi kayo nagsisi o
naniwala sa kanya.

**Ang talinhaga ng mga magsasakang kasamá**
*(Mc 12:1; Lc 20)*

33 Makinig kayo sa isa pang halimbawa:
*May isang may-ari ng bahay na nagtanim
ng ubasan; binakuran ang paligid nito,
humukay para sa pisaan ng ubas, at
nagtayo ng toreng bantayan.* Pinaupahan
niya ang ubasan sa mga magsasaka at
naglakbay sa malayo. 34 Nang malapit na
ang panahon ng anihan, pinapunta ng
may-ari ang kanyang mga katulong sa
mga magsasaka para kubrahin ang kan-
yang bahagi sa ani. 35 Ngunit sinunggaban
ng mga magsasaka ang kanyang mga
katulong, binugbog ang isa, pinatay ang
iba at binato ang ilan.

36 Nagpadala uli ang may-ari ng ma-
rami pang katulong pero ganoon din ang
ginawa ng mga magsasaka sa kanila.

37 Sa bandang huli, ipinadala na rin niya
ang kanyang anak sa pag-aakalang
'Igagalang nila ang aking anak.' 38 Ngunit
nang makita ng mga magsasaka ang
anak, inisip nilang 'Ito ang tagapagmana.
Patayin natin siya at mapapasaatin ang

---

• 28. Tinutukoy ng talinhagang ito ang pagtanggi ng mga punong pari na kilalanin bilang sugo ng Diyos si Juan Bautista.

Maraming makasalanan ang nagbalik-loob dahil sa mga salita ni Juan at inamin nila ang kanilang mga kasalanan. Bukas ang mga taong ito para tanggapin ang mensahe ni Jesus na nagbubukas sa Kaharian ng Diyos o bagong pamumuhay para sa kanila sa pagpapakita sa tunay na mukha ng Diyos Ama. Kaya *nauuna* pa sila sa mga pari na nananatiling walang pakialam sa panawagan ni Juan dahil wala silang nadaramang pagnanais o pangangailangang magbago.

Ganito rin ang nararanasan ng bawat parokyang nagsasagawa ng pagmimisyon: maraming Kristiyano sa pangalan lamang at walang komitment ang ayaw magtrabahong kasama ng mga misyonero at ayaw ding tanggapin ang mga ito sa paniniwalang hindi nila kailangang magbalik-loob.

kanyang mana.’ 39 Kaya sinunggaban nila
siya, at pinalayas sa ubasan at pinatay.
40 Ngayon, pagdating ng may-ari ng
ubasan, ano ang gagawin niya sa mga
magsasaka?” 41 Sinabi nila sa kanya:
“Hindi niya kaaawaan ang masasamang
taong iyon; pupuksain niya ang mga iyon
at pauupahan ang ubasan sa ibang
magsasakang magbibigay ng kanyang
kaparte sa anihan.”
42 At sumagot si Jesus: “Hindi ba ninyo
nabasa sa Kasulatan? *‘Naging panulu-
kang bato ang tinanggihan ng mga taga-
pagtayo. Gawa ito ng Panginoon; at ka-
hanga-hanga ang ating nakita.’* 43 Kaya
sinasabi ko sa inyo: aagawin sa inyo ang
kaharian ng Diyos at ibibigay sa isang
bayang makapagpapalago nito.
44 (Magkakabali-bali ang mahuhulog sa
batong ito at magkakadurug-durog ang
mahuhulugan nito.)”
45 Nang marinig ng mga punong-pari at
mga Pariseo ang mga talinhagang ito,
naunawaan nila na sila ang pinatu-
tungkulan ni Jesus. 46 Huhulihin na sana
nila siya ngunit natakot sila sa mga tao na
kumikilala sa kanya bilang propeta.

**Ang handaan sa kasalan**

*(Lc 14:15)*

**22** • 1 Muling nagsalita si Jesus sa
pamamagitan ng mga talinhaga:
2 “Tungkol sa nangyayari sa kaharian
ng Langit ang kuwentong ito: May isang
haring naghanda sa kasal ng kanyang
anak na lalaki. 3 Ipinatawag niya sa mga
katulong ang mga imbitado sa kasalan
ngunit ayaw nilang dumalo.
4 Muli niyang pinapunta ang iba pang
mga katulong para sabihin sa mga inan-
yayahan sa kasalan: ‘Naghanda ako ng
pagkain, nagpatay ng mga toro at mga
pinatabang hayop; handa na ang lahat kaya
pumarito na kayo sa kasalan.’ 5 Ngunit hindi
nila pinansin ang paanyaya, sa halip ay
may pumunta sa kanyang taniman, at sa
kanyang negosyo naman ang isa pa.
6 Sinunggaban naman ng iba pa ang mga
katulong ng hari, nilibak at pinatay.
7 Lubhang nagalit ang hari kayat ipina-
dala niya ang kanyang hukbo para
puksain ang mga mamamatay-tao at
sunugin ang lunsod. 8 At sinabi niya sa
kanyang mga katulong: ‘Handa na ang
kasalan ngunit hindi karapat-dapat ang

---

*ANG BANGKETE*

• **22.**1 May dalawang bahagi ang talinhagang ito. Sa unang bahagi, iniimbita tayo ng Diyos sa isang bangkete kung saan may lugar para sa lahat. Patuloy niyang isinusugo ang mga propeta sa kabuuan ng kasaysayan para ipangaral ang katarungan, ang awa ng Diyos at ang pagtitiwala sa kanya. Ngunit binalewala naman ng bayang Judio ang tawag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propetang iyon, at mas babalewalain nila si Jesus. Hindi mabibigo nang dahil lamang dito ang plano ng Diyos. Sa halip ay isusugo niya ang kanyang mga apostol para ipangaral ang Ebanghelyo sa mga bansang hindi pa nakaaalam dito *(pumunta sa dulo ng lunsod)* upang makapasok din sa Iglesya ang mga di-Judio. Ngunit ilang Judio naman, *ang kakaunti na pinili sa maraming tinawag,* ang magiging mga unang miyembro ng Iglesya.

Ipinagdiwang ng hari *ang kasal ng kanyang anak* – ito si Kristo na marapat tawaging *nobyong ikakasal* sa sangkatauhan (Mc 2:19) dahil naging kaisang-katawan siya nito. Sa kabuuan ng kasaysayan, tinitipon ni Kristong Muling Nabuhay ang may kamatayan at watak-watak na mga tao. Babaguhin sila ng Espiritu ng Diyos at ibabangon mula sa kamatayan upang *makadulog sila sa hapag* ng mga buhay, ayon sa talinhaga.

Ang Eukaristiya lamang ang mesa ni Kristo na karaniwang alam ng mga Kristiyano. Ngunit sa pakikibahagi natin dito, hindi natin dapat kalimutan ang nabanggit sa una. Kailangang ipaalaala sa atin ng pagtatagpo natin sa misa na tinatawag tayo ng Diyos na maghanda sa ating pang-araw-araw na buhay para sa bangketeng inilalaan niya sa sangkatauhan. Tungkulin natin ang pagbuklurin at pagkasunduin ang lahat ng tao.

Paano kung hindi tayo sumagot? Unti-unti ngayong babawiin ang buhay ng Banal na Iglesyang pansanlibutan sa ating mga pagtitipon ng mga Kristiyanong nabubuhay nang maginhawa. At iba naman ang tatawaging maging katiwala sa Gawa ng Diyos: *kumbidahin sa kasalan.*

Ito naman ang inilalahad ng ikalawang bahagi: Ikaw na Kristiyano na nasa Iglesya na, *bagong trahe* ba ang suot mo? Ibig sabihi’y pamumuhay sa katarungan, pagiging tapat at mapagkakatiwalaan.

Huwag nating isiping kung sinong pobre lamang ang nabiglang bisita na *hindi nakadamit-pampiyesta.* Sapagkat nang panahong iyo’y kaugalian nang bigyan ang mga kumbidado ng mga damit na isusuot nila sa piyesta. Tumanggap ang isang ito pero hindi niya iyon isinuot: kaya *wala siyang maisagot.*

mga inanyayahan. 9 Pumunta kayo nga-
yon sa dulo ng lunsod at anyayahan sa
kasalan ang bawat makita ninyo.'
10 Kaya agad na lumabas sa mga daan
ang mga katulong at tinipon ang lahat ng
makita, masama at mabuti, at napuno
ang kasalan ng mga nasa hapag.
11 Pagkatapos ay dumating ang hari
para tingnan kung sino ang mga nasa
hapag at napansin niya ang isang lalaking
hindi nakadamit-pampiyesta. 12 Kaya
sinabi niya sa kanya: 'Kaibigan, paano ka
nakapasok nang walang damit pangka-
sal?' Ngunit hindi umimik ang tao. 13 Kaya
sinabi ng hari sa kanyang mga katulong:
'Igapos ang kanyang mga kamay at paa,
at itapon sa dilim, kung saan may iyakan
at pagngangalit ng mga ngipin.'
• 14 Marami ngang talaga ang tinawag
pero kaunti ang pinili."

**Pagbabayad ng buwis sa Cesar**

*(Mc 12:13; Lc 20:20)*

15 Umurong ang mga Pariseo at nagpu-
long kung paano nila huhulihin si Jesus sa
sarili niyang mga salita. 16 Kaya ipinadala
nila ang kanilang mga alagad kasama ng
mga kampi kay Herodes.
Sinabi nila kay Jesus: "Guro, nalala-
man namin na tapat kang tao at tunay na
nagtuturo ng daan ng Diyos; hindi ka
napadadala sa iba at nagsasalita hindi
ayon sa kalagayan ng tao. 17 Kaya ano
ang palagay mo: ayon ba sa Batas na
magbayad ng buwis sa Cesar? Dapat ba
tayong magbayad sa kanya o hindi?"
18 Alam naman ni Jesus ang masama
nilang pakay, at sinabi niya sa kanila:
"Mga mapagkunwari! Bakit ninyo ako
sinusubukan? 19 Ipakita ninyo sa akin ang
perang pambuwis."
Ipinakita nila ang isang denaryo, 20 at
sinabi sa kanila ni Jesus: "Sino ang naka-
larawan dito, na narito rin ang kanyang
pangalan?" 21 Sumagot sila: "Ang Cesar."
At sinabi niya sa kanila: "Kung gayon,
ibigay sa Cesar ang para sa Cesar, at sa
Diyos ang para sa Diyos."
22 Lubha silang namangha sa kanyang
sagot, kaya iniwan nila siya at lumayo.

**Ang pagkabuhay ng mga patay**

*(Mc 12:18; Lc 20:27)*

23 Nang araw ring iyon, lumapit kay
Jesus ang mga Sadduseo. Sinasabi ng
mga ito na walang pagkabuhay na muli,
kaya nagtanong sila: 24 "Guro, sabi ni
Moises, kung may namatay na walang
anak, kailangang kunin ng kanyang
kapatid ang kanyang asawa upang mag-
pasibol ng supling sa kanyang kapatid.
25 Ngayon, may pitong magkakapatid na
lalaki sa piling namin. Nag-asawa ang
panganay at namatay; wala siyang anak
kaya iniwan niya ang asawa sa kanyang
kapatid. 26 Ganito rin ang nangyari sa
pangalawa at sa pangatlo hanggang pam-
pito. 27 Pagkatapos ay namatay rin ang
babae. 28 Ngayon, sa pagkabuhay ng mga
patay, kanino sa pito siya magiging
asawa, sapagkat inangkin siya ng lahat?"
29 Sumagot si Jesus: "Nagkakamali

---

• 14. *Marami ang tinawag* (b. 14). Marami ang naliligalig pagkabasa sa pangungusap na ito: nangangahulugan ba ito na kakaunti lamang ang maliligtas.

Kung iuugnay natin ang pangungusap na ito sa unang bahagi ng talinhaga, nangangahulugan ito na kakaunti lamang ang makapupunta sa bangkete mula sa mga unang kinumbida. Ang mga Judio ang mga kumbidadong ito at kakaunti nga lamang sa kanila ang pumasok sa Iglesya ni Jesus.

Kung iintindihin naman natin ito ayon sa ikalawang bahagi ng talinhaga, mangangahulugan ito na kakaunti lamang sa mga pumapasok sa Iglesya ang may kinakailangang kalagayan ng kalooban. Kayat hahatulan ang karamihan sa kanila sa panahon ng Paghuhukom. Ngunit sinasalungat naman nito ang nabanggit na sa talinhaga dahil iisa lamang sa mga dumalo ang pinalayas.

Mas magandang huwag masyadong iugnay sa talinhaga ng bangkete ang pananalitang ito, dahil nababasa rin natin ito sa iba pang mga lugar sa Ebanghelyo. Ipinapayo sa atin ni Jesus dito (tulad sa 7:13) na kakaunti lamang ang nakakadiskubre sa tunay na kalayaan at bagong buhay sa pamamagitan ng Ebanghelyo, at lalo nang kakaunti ang pumapasok at namamalagi rito. Kung gayo'y ligtas na ba sila? Oo at hindi – sapagkat para kay Jesus, hindi pagtakas mula sa parusa ng impiyerno ang ibig sabihin ng kaligtasan kundi pagsapit sa kaganapan.

kayo dahil hindi ninyo nauunawaan ang Kasulatan pati ang kapangyarihan ng Diyos. 30 Sa muling pagkabuhay nga, hindi na mag-aasawa ang lalaki o babae kundi para na silang mga anghel sa Langit. 31 At tungkol naman sa muling pagkabuhay, hindi ba ninyo inunawa ang sinabi sa inyo ng Diyos: 32 *'Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac at ang Diyos ni Jacob'*? Hindi siya Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay."

33 Kaya namangha ang mga nakarinig sa kanya sa kanyang pagtuturo.

34 Narinig ng mga Pariseo na napatahimik ni Jesus ang mga Sadduseo, at sumang-ayon sila sa kanya. 35 Kaya sinubukan siya ng isa sa kanila na isang guro ng Batas sa tanong na ito: 36 "Guro, ano ang pinakamahalagang utos ng Batas?"

37 Sumagot si Jesus: *"Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa* at nang buo mong pag-iisip. 38 Ito ang una at pinakamahalagang utos. 39 Ngunit may ikalawa na tulad nito: *Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.* 40 Sa dalawang utos na ito nabubuod ang buong Batas at Mga Propeta."

**Ang Mesiyas, Anak ni David**

*(Mc 12:35; Lc 20:41)*

41 Nang nakapaligid pa sa kanya ang mga Pariseo, 42 tinanong sila ni Jesus: "Ano ang palagay ninyo tungkol sa Mesiyas? Kanino siyang anak?" Sumagot sila: "Kay David."

43 Nagtanong si Jesus: "Ngunit bakit tinawag ni David na Panginoon ang Mesiyas nang magsalita siya sa espiritu? Nasusulat nga: 44 *'Ang sabi ng Panginoon sa aking Panginoon: Umupo sa aking kanan hanggang sa ilagay ko ang iyong mga kaaway sa ilalim ng iyong mga paa.'* 45 Kung tinatawag siya ni David na Panginoon, puwede bang anak siya ni David?"

46 Walang makasagot sa kanya, at mula sa araw na iyon, wala nang nangahas magtanong sa kanya.

**Huwag tularan ang mga guro ng Batas**

*(Lc 20:45; Mc 12:38)*

**23** • 1 At sinabi ni Jesus sa mga tao at sa kanyang mga alagad:

• 2 "Ang mga guro ng Batas at mga Pariseo ang umupo sa puwesto ni Moises. 3 Pakinggan at gawin ang lahat nilang sinasabi pero huwag silang pamarisan,

---

• **23.**1 Nagsisimula rito ang Ikalimang Diskurso ng Ebanghelyo ni Mateo.

Ilang araw na lamang bago lisanin ni Jesus ang daigdig na ito. Tinitingnan niya ang magiging takbo ng kanyang Iglesya sa kasaysayan. Dalawang pangyayam ang inilalahad niya sa atin:

Hindi magtatagal ang una: matinding oposisyon mula sa mga nasa kapangyarihan sa bayang Judio lalo na sa mga Pariseo ang makakaharap ng bagong silang na Iglesya. Kaya kailangan niyang tahakin ang sarili niyang daan, hiwalay sa patutunguhan ng pamayanang Judio. Ito ang buod ng kabanata 23.

Sa wakas naman ng kasaysayan magaganap ang ikalawang pangyayari: ang Paghuhukom ng Diyos. Nalalahad ito sa kabanata 25.

Kapwa naman tinatalakay sa kabanata 24 ang dalawang pangyayari. Tingnan sa Marcos 13 ang paliwanag tungkol dito.

*MGA AWTORIDAD SA RELIHIYON*

• 2. Hindi sa tribu ng Levi galing si Jesus, na kinabibilangan ng mga pari at mga namamahala sa mga gawang panrelihiyon. Hindi rin siya kasapi sa anumang samahang relihiyoso gaya ng mga Pariseo. Kabilang lamang siya sa mga karaniwang tao, tinitingnan ang asal ng mga pinuno at ng mga may pinag-aralan.

Binabatikos ni Jesus ang mga Pariseo (Mc 8:11). Sa paglalantad niya sa kanilang mga depekto, binibigyang-babala na niya ang mga awtoridad sa Iglesya at ang alinmang grupo na nag-aakalang sila na ang pinakamagaling o pinakamulat o pinakahanda o pinakamahusay sa Iglesya. Gusto ng mga Pariseo na maging, at parang sila nga, ang may pinakamataas na pinag-aralan at pinakamagaling sa mga mananampalatayang Judio.

*Ang mga guro ng Batas at mga Pariseo ang umupo sa puwesto ni Moises.* Medyo baligtad ang gustong ipakahulugan nito na para bang sa Diyos deretsong galing ang kanilang kapangyarihan, ngunit ang totoo'y inagaw nila ito. Sa pagsulat ni Mateo sa mga salitang ito ni Jesus, gusto niyang panatiliin ang saligang pagkakapantay-pantay sa Iglesya. Nasa pamayanan ang Espiritu Santo at hindi magkakaroon ng awtoridad ang mga responsable o "mga guro" kung hindi sila malalim na nakaugat sa buhay ng pamayanan.

*Gawin ang lahat nilang sinasabi.* Hindi napababu-

sapagkat nagsasalita sila pero hindi
naman ginagawa. 4 Naghahanda sila ng
mabibigat na pasanin at ipinapatong sa
mga balikat ng mga tao. Ngunit hindi nila
ikinikilos ni isang daliri para galawin ang
mga iyon. 5 Pakitang-tao lamang ang
lahat nilang ginagawa; dahil dito, mala-
lapad na laso ng Kasulatan ang gusto nila
para sa kanilang noo, at mahahabang
palawit sa kanilang balabal. 6 Gusto nilang
mabigyan ng pangunahing lugar o upuan
sa mga piging at sa sinagoga. 7 Ikina-
tutuwa rin nilang mabati sa mga liwasan
at matawag na guro ng mga tao.
8 Huwag kayong patawag na *guro* sa-
pagkat iisa lamang ang Guro ninyo at
magkakapatid kayong lahat. 9 Huwag din
ninyong tawaging *ama* ang sinuman sa
mundo sapagkat iisa lamang ang inyong
Ama, siya na nasa Langit. 10 Huwag din
kayong patawag na *gabay* sapagkat iisa
lamang ang inyong Patnubay, si Kristo.
11 Maging alipin ninyo ang pinakadakila
sa inyo. 12 Sapagkat ibababa ang nag-
papakataas at itataas ang nagpapaka-
baba.

**Kawawang mga Pariseo**

*(Lc 11:39)*

• 13 Kaya kawawa kayo, mga guro ng
Batas at mga Pariseo, kayong mga ma-
pagkunwari! Isinara ninyo ang kaharian

---

laanan ng masamang ugali ng mga nasa kapangyarihan ang salita ng Diyos na kanilang itinuturo. Ni hindi rin nito sinisira ang prinsipyo ng kapangyarihan. Ang sarili lamang nilang pagmamagaling na mas mataas sila sa iba ang pinabubulaanan at sinisira ng masama nilang ugali.

At tinutukoy naman ni Jesus ang klase ng kapangyarihan.

*Huwag kayong patawag na guro o ama.* Sa katunaya'y hindi titulo ang pinakamahalaga sa lahat. Maaaring tawaging "kapatid" o "kasama" ang sinuman, at igiit na sundin siya ng iba sa paraan ng pagsunod na para lamang sa Diyos.

*Pakitang-tao lamang ang lahat nilang ginagawa.* Dahil tao rin at makasalanan ang guro kaya madali niyang nababale-wala ang mga salita ng Diyos na tunay at malalim na pagbabago ng kalooban ang hinihingi sa kanya. Kaya maaaring mas pinahahalagahan niya ang mga bagay na panlabas na madaling isagawa kung matiwasay at maalwan ang buhay, gaya ng nangyayari sa maraming naglilingkod sa relihiyon. Ganito ang mga Pariseong mukhampera at mahigpit sa paghuhusga sa mga ordinaryong taong walang alam o hindi tumutupad sa lahat ng alituntunin sa relihiyon.

Naglilingkod lamang sa ngalan ni Kristo ang mga pinuno ng Iglesya. May awtoridad sila tulad ng mga apostol para pangalagaan ang pananampalataya at ipastol ang mga tupa. Kung inutusan ni Jesus ang mga Israelita na pakinggan ang mga kahalili ni Moises, gaano pa tayo dapat makinig ngayon sa mga kahalili ng mga apostol. Hindi maiwawaksi ng mga ito ang kanilang awtoridad sa pagdadahilang naglilingkod sila nang may mababang loob at pagkatapos ay gagawin ang gusto ng nakararami. Sapagkat maglingkod mismo at mag-utos ang kanilang serbisyo.

Ngunit dapat manatili ang Iglesya bilang isang pamayanan ng mga taong malaya na deretsahang nasasabi ang kanilang niloloob at may karapatang punahin kahit na ang pinakamataas na pinuno.

Hindi naman dapat itago ng mga awtoridad sa Iglesya ang *iisang Ama,* at hindi pupuwedeng di nila tunay na pakinggan ang kanilang mga kapatid para malaman ang mga pagpapahayag ng Espiritu Santo na pumapatnubay sa Iglesya. Magkakasala ang Iglesya kung tatratuhin nito ang mga obispo at apostol nito ayon sa "pag-idolong" ginagawa ng lipunan ng tao para itaguyod ang kapangyarihan ng kanilang mga lider.

• 13. *Isinara ninyo ang kaharian ng Langit* (b. 13). Alalahanin nating Kaharian ng Diyos ang ibig sabihin ng Kaharian ng Langit. Isinasara ng mga gurong ito ang daan tungo sa tunay na pagkakilala sa Diyos Ama at hinaharangan ang landas tungo sa kalayaan at pagtitiwalang sadyang para sa mga anak ng Diyos. Paano natin makakalimutan na maging sa Iglesya mismo'y isang klase ng pangangaral at edukasyon sa relihiyon ang nabuo na mas binibigyang-diin ang mga aral na may kinalaman sa moralidad, kagandahang-asal at pagtupad sa mga tungkulin ng isang mamamayan? Ngunit hindi naman nito ginigising sa mga tagapakinig ang paghahangad sa higit na kaalaman sa pananampalataya, ang mas personal na karanasan sa Salita ng Diyos, ang sigasig at pagkukusang-loob bilang mga apostol. Gaano karaming Kristiyano ang nabubuhay sa pag-aalinlangan, takot at mga tradisyon ng tao!

*Sinasabi ninyo: Kung sa Templo nanunumpa* (b. 16-22). Mga kaugalian ng kanyang panahon ang tinutukoy ni Jesus. May ilang mga guro na nakakita ng mga argumento para pawalang-bisa ang ilang sinumpaang pangako. Kaya makapanunumpa nang di totoo ang magaling sa relihiyon at malilinlang ang kanyang kalaban sa paggawa ng waring mabibigat na pangako pero sa paraang wala namang pinanunumpaang mabigat.

*"MGA TAGAPAGTANGGOL NG PANANAMPALATAYA"*

Paanong matatawag ni Jesus na *mapagkunwari* ang mga taong iyon na kabisado at alam na alam ang Biblia?

Sa lengguwahe ni Jesus, hindi lamang pagkukun-

ng Langit sa harap ng mga tao. Hindi kayo
pumasok at hindi rin ninyo pinapasok ang
mga makapapasok.

14 Kawawa kayo, mga guro ng Batas at
mga Pariseo, kayong mga mapagkun-
wari. 15 Nililibot ninyo ang dagat at lupa
para maghanap ng isang bagong taga-
paniwala at pagkapaniwala niya, gina-
gawa ninyo siyang anak ng impiyerno, na
mas masahol pa sa inyo.

16 Kawawa kayong mga bulag na taga-
akay! Sinasabi ninyong 'Walang bisa kung
sa Templo nanunumpa, pero may bisa
kung sa ginto ng Templo.' 17 Mga bulag at
baliw! Alin ba ang mas mahalaga? Ang
ginto sa Templo o ang Templong nagpa-
banal sa gintong ito? 18 Ang sabi ninyo'y
walang bisa kung sa altar manunumpa
pero may bisa kung sa handog na nasa
altar. 19 Mga bulag! Alin ba ang mas ma-
halaga: ang handog o ang altar na nagpa-
pabanal sa handog? 20 Ang manumpa sa
ngalan ng altar ay dito at sa lahat ng narito
nanunumpa. 21 Ang sinumang sumumpa
sa Templo ay sumusumpa dito at sa Diyos
na naninirahan sa Templo. 22 Ang sinu-
mang manumpa sa ngalan ng Langit ay
sa trono ng Diyos at sa nakaupo rito nanu-
numpa.

23 Kawawa kayong mga guro ng Batas
at mga Pariseo, kayong mga mapagkun-
wari! Hindi ninyo nalilimutan ang mint,
anis at kumino sa pagbabayad ninyo ng
ikapu, ngunit hindi ninyo tinutupad ang
pinakamahalaga sa Batas: ang kataru-
ngan, awa at pananampalataya. Ito ang
nararapat isagawa na hindi kinakaligtaan
ang iba. 24 Mga bulag na tagaakay! Sina-
sala ninyo ang lamok, pero nilulunok ang
kamelyo.

25 Kawawa kayong mga guro ng Batas
at mga Pariseo, kayong mga mapagkun-
wari! Nililinis ninyo ang labas ng plato at
kopa ngunit pinupuno naman ninyo ang
loob ng pagnanakaw at karahasan. 26 Bu-
lag na Pariseo! Linisin mo muna ang loob,
at lilinis din ang labas.

27 Kawawa kayong mga guro ng Batas
at mga Pariseo, kayong mga mapagkun-
wari! Para kayong mga pinaputing libi-
ngan na maganda sa labas pero puno ng
buto ng mga patay at ng iba pang karu-
mihan ang loob. 28 Gayundin naman,
mukha kayong mga taong banal ngunit
puno naman ng pagkukunwari at kasa-
maan ang kalooban.

• 29 Kawawa kayong mga guro ng Batas
at mga Pariseo, kayong mga mapag-
kunwari! Nagtatayo kayo ng mga monu-

---

wari ang ibig sabihin ng salitang "mapagkunwari" o "ipokrito". Higit sa ano pa man ay tinutukoy nito ang bumabalewala sa mga bagay ng Diyos at dahilan ng kawalang-galang sa mga iyon. Hindi naman siyempre ipokrito ang lahat ng Pariseo, pero ang kanilang institusyon ang inaatake ni Jesus: isa iyong masamang puno (Mt 15:13). Bakit? Sapagkat isa iyong elitistang grupo, isang grupo na mas magaling ang tingin sa sarili kaysa iba, ang grupo ng mga "tagapagtanggol ng pananampalataya". Inoobliga tayo ng bigat ng mga pananalita ni Jesus na huwag masyadong pagtiwalaan ang mga institusyong galing sa mga may mataas na pinag-aralan at mapera, na naghahangad patnubayan ang iba at pamunuan ang Iglesya nang hindi muna natututo sa mga dukha ni nararating ang kalayaan ng Espiritu.

Napakahiwaga ng misteryo ng Diyos kayat walang sinumang makatatayong pinakakanangkamay niya. At pagsapit ng ating panahon para maglingkod sa Diyos, gawin natin ito nang may kapakumbabaan, sa pagkaalam na ang paraan ng paglilingkod natin sa kanya at pagsasakripisyo ng ating mga sarili ay hindi ligtas sa mga pagkakamaling maaaring makapagpawala ng paggalang sa mga bagay ng Diyos. Isinabuhay at itinuro ng mga Pariseo ang pananampalataya, at nagkaroon sila ng mga bagong tagasunod. Ngunit hindi nila napansing winawalang-saysay nila ang lahat ng kanilang ginagawa dahil sa kanilang kayabangan at pagmamahal sa pera. Wala sa kanila ang diwa ng dukha at ni hindi nila ibinigay sa Diyos ang susi sa kanilang puso.

Ang lumalayo sa mga makasalanan at mga hamak ay lumalayo sa awa ng Diyos at sa Diyos mismo.

*MGA PROPETA*

• 29. *Ang mga propeta* sa isang dako, at sa kabila nama'y *ang mga pumapatay sa mga propeta*. At pinatay nila ang propeta para ipagtanggol ang mga institusyon ng relihiyon!

Kailangan natin ang mga institusyon ng relihiyon tulad ng mga parokya, mga paaralan at mga grupong apostoliko para manatili tayo sa tamang daan. Ngunit

mento para sa mga propeta at pinapala-
mutian ang mga bantayog ng mga banal
na tao. 30 Sinasabi ninyo: 'Kung tayo ang
nabuhay sa panahon ng ating mga ninu-
no, hindi sana tayo sumang-ayon na
patayin ang mga propeta.' 31 Kaya kayo
ang umaamin na mga anak kayo ng mga
pumatay sa mga propeta. 32 At ngayon,
tapusin ninyo ang sinimulan ng inyong
mga ninuno!

33 Mga ahas, lahi ng mga ulupong! Pa-
ano kayo makaiiwas sa parusa sa im-
piyerno? 34 Mula ngayo'y padadalhan ko
kayo ng mga propeta at mga pantas at
mga guro ng Batas; may pupugutan kayo
ng ulo sa kanila at may ipapako sa krus,
at hahagupitin naman ang iba sa mga
sinagoga o uusigin sila sa mga bayan-
bayan.

35 Kaya mananagot kayo sa dugong
walang-sala na dadanak sa mundo, mula
sa dugo ng matuwid na si Abel hanggang
sa dugo ni Zacarias na anak ni Barekias
na pinatay ninyo sa altar sa loob ng Tem-
plo. 36 Talagang sinasabi ko sa inyo: ang
lahing ito ang magbabayad sa lahat ng
ito.

• 37 Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay
mo ang mga propeta at binabato ang mga
sinugo sa iyo ng Diyos. Gaano kadalas
kong inibig na tipunin ang iyong mga
anak gaya ng paglimlim ng inahin sa
kanyang mga sisiw ngunit tumanggi
kayo! 38 Ngayon *maiiwan sa iyong wa-
lang laman ang iyong Templo.* 39 Sinasabi
ko nga sa inyo na hindi na ninyo ako
makikita hanggang hindi ninyo sinasabi:
'*Mapalad ang dumarating sa ngalan ng
Panginoon*'."

---

habang tinutulungan tayo ng mga institusyong ito na isabuhay ang pananampalataya, nagiging daan naman ang mga ito para hindi tayo lubos na magsikap. Madali tayong nasasanay na mamuhay ayon sa mga pamantayan ng "karaniwan" at "maalwang" Kristiyanismo.

Gusto ng pinakamabuti sa atin na sagutin nang may higit na pagmamagandang-loob ang mga tawag ng Diyos. Pero alam din nilang ang pinakamalapit na grupong nagkakatipon sa gayon o ganitong institusyon o parokya ay hindi naman handang lumabas mula sa mga siguradong daan at makipagsapalaran.

Sa oras na magsimula sila sa isang bagong daan, naliligalig na kaagad ang ating konsiyensiya sapagkat nagiging maliwanag na hanggang sa pagkakataong iyo'y wala palang "buhay" ang ating buhay at nabubuhay tayo sa kasinungalingan. At puwede na tayong makinig at magbago, at puwede na rin tayong sumalungat sa mga ito. Ganito rin madalas na binabalewala ng mga institusyon mismo ng Iglesya ang mga propeta o silang nakarinig sa tawag ng Diyos. Ngunit pagkatapos naman ng limampu o sandaang taon ay ipagdiriwang nama't pararangalan ng lahat ang "propetang" itinakwil sa kanyang panahon.

Matindi ang pamimilit ng mga dayuhan sa bayang Judio kayat sa Templo, sa mga kaugaliang relihiyoso at sa samahan ng mga Pariseo sila nagkabuklod. Dahil sa takot, ginawa ng mga Judio ang gagawin ng anumang lipunang nasa panganib: naging mga panatikong konserbatibo sila. Nakadama sila ng kasiguraduhan sa mga institusyong bigay sa kanila ng Diyos. (Ganito rin ang mapapansin natin sa mga tinatawag na grupong pundamentalista, sa loob man o labas ng Iglesya.)

Para naman sa mga lider at tagapagtanggol sa pananampalataya, sila man ay hindi rin handang makinig. Isang bagay ang parangalan ang mga propeta ng lumipas na panahon at ingatan ang mga sagradong libro. Pero ibang usapan na ang tanggapin ang mga puna na pinararating sa kanila ng Diyos nang panahong iyon, hindi nakasulat sa isang sagradong libro kundi binibigkas ng karpinterong si Jesus.

Kaya pinalampas nila ang oras ng *pagdalaw sa kanila ng Diyos* at nagpatuloy sa daang naghatid sa kanilang bansa sa pagkawasak. Mula noo'y hindi na nila matatagpuan ang Diyos sa kanilang mga libro man o sa *kanyang Bahay* na Templo sa Jerusalem. At hindi na kikilos ang Diyos para muling itayo at tipunin ang bayang Judio hanggang sa araw na kilalanin nila si Kristo.

Magsilbi sanang babala sa atin ang halimbawa ng bansang Judio. Mapapahamak din tayo kung dahil sa masyado nating pagkapit sa lumipas na Kristiyanismo ay ayaw na nating magtayo ng mas pobreng Iglesya, na mas mabigat ang hinihingi at hindi gaanong pinagkakaabalahan ang sariling kapakanan kundi ang pagliligtas sa mundo.

• 37. Napakabigat ng mga pananalita ni Jesus! Nawasak ang Jerusalem sa taong 587 B.C. Kung babasahin natin ang mga propeta, makikita nating parusa ang pagkawasak ng Jerusalem para sa mga kataksilan nito. Iba namang pagkawasak ang ipinahahayag ngayon ni Jesus bilang parusa para sa pagdanak ng dugo, ng dugo ng mga propeta, ng dugo ni Kristo, ng dugo ng mga unang Kristiyanong pinatay ng mga Judio.

Dumating si Jesus para tipunin ang nakakalat na mga anak ng Israel pero hindi nila nalaman *ang oras ng pagdalaw* sa kanila ng Diyos. Muli silang lalayasan ng Presensya ng Diyos (Ez 8) para manirahan sa piling ng mga paganong naniwala sa Ebanghelyo.

**Pagkawasak ng Jerusalem at katapusan ng mundo**

*(Mc 13; Lc 21; 17:23; 12:36)*

**24** • 1 Lumabas si Jesus sa Templo
at habang papalayo siya, lumapit
sa kanya ang mga alagad at itinuro ang
malalaking gusali ng Templo. 2 Ngunit
sinabi niya: "Nakikita ba ninyo ang lahat
ng ito? Talagang sinasabi ko sa inyo na
walang batong matitirang nakapatong sa
isa pang bato. Babagsak ang lahat."
3 Nang nakaupo na si Jesus sa Bundok
ng mga Olibo, at sila-sila na lang, lumapit
sa kanya ang mga alagad at nagtanong:
"Sabihin mo sa amin kung kailan ito
mangyayari. Ano ang magiging palatan-
daan ng iyong pagdating at ng kaganapan
ng kasaysayan?"
4 Sumagot si Jesus: "Mag-ingat kayo at
baka may makapagligaw sa inyo. 5 Ma-
raming aangkin sa pangalan ko sa pagsa-
sabing: 'Ako ang Mesiyas,' at maraming
tao ang malilinlang nila. 6 Mababalitaan
ninyo ang mga digmaan at mga banta sa
digmaan pero huwag mabagabag. Mang-
yayari muna ang mga ito pero hindi pa ito
ang katapusan. 7 Magdidigmaan ang mga
bansa at maglalaban-laban ang mga ka-
harian. Magkakaroon din ng taggutom at
lindol sa maraming lugar, 8 ngunit simula
lamang ng kagipitan ang lahat ng ito.
9 At huhulihin naman nila kayo at pahi-

---

• **24.**1 Tingnan ang paliwanag sa Marcos 13 tungkol sa diskursong ito.

Para sa mga Judio ng panahon ni Jesus, medyo subersibo ang ipahayag ang pagkawasak ng Templo (na katatapos pa lamang itayong muli, mas maganda at mas maluho) dahil para sa Templo nabubuhay ang buong bansa. Kaya naman tinanong si Jesus nang sarilinan ng pinakamalapit niyang mga apostol (b. 3).

May dalawa silang tanong: *Kailan ito mangyayari? Kailan magwawakas ang kasaysayan?* Medyo ipinagkakamali ng mga apostol ang dalawang tanong pero nililinaw ito ni Jesus:

– Sa talata 24:4-28, nagsasalita si Jesus tungkol sa *mga araw ng pighati* (21 at 29) na magtatapos sa pagkawasak ng Jerusalem at masasaksihan mismo ng mga nakikinig kay Jesus. Puwede pa silang tumakas bago mangyari ang kapahamakan (15-20). Magiging panahon ito ng pag-eebanghelyo, ng mga pag-uusig at ng pagpapatotoo ng mga Kristiyano sa harap ng daigdig ng mga Judio at mga pagano (9-14). Hindi nga kinilala si Jesus ng bayang Judio bilang kanilang tagapagligtas pero magpapatangay naman sila sa isang tagapagligtas o *mesiyas* (na ibig sabihi'y sugo ng Diyos) para mag-aisa laban sa mga Romano.

– Sa talata 26-28, ipinakikita ni Jesus na ang pangkalahatang pagkalitong ito tungkol sa tunay na tagapagligtas ay napakalayo sa mangyayari pagdating niya sa katapusan ng kasaysayan.

– Sa talata 29-31, sinasabi naman ni Jesus ang tungkol sa maluwalhati niyang pagdating. At dalawang bagay ang muling binibigyang-diin ni Jesus: magaganap sa kasalukuyang henerasyon *ang mga bagay* at mga tanda tungkol sa wakas ng Jerusalem (32-35). Ngunit mas matagal pa bago mangyari *ang araw* ni Jesus (36 at 42).

Ang paghahambing ng *dalawang lalaki* (o *babae*) na magkasamang nagtatrabaho ay nangangahulugan na sa pagdating ni Jesus magaganap ang Paghuhukom. At magkakaroon ng pagkakahiwa-hiwalay sa bawat isang grupong panlipunan o pampamilya: papunta ang ilan kay Kristo at sa kapahamakan naman ang iba (37 at 41).

Bakit iniuugnay ni Jesus ang pagkawasak ng Jerusalem sa katapusan ng kasaysayan? Dahil kapwa malungkot na wakas lamang ng dalawang yugto ng banal na kasaysayan ang dalawang pangyayari.

Una'y ang panahon ng Matandang Tipan. Tinuruan ng Diyos sa pananampalataya ang bayang Israel at pinalago sila upang ang kanilang kasaysayan at mga karanasan ay magsilbing halimbawa para sa pag-unlad ng iba pang mga bayan. Sa katapusan ng yugtong ito, sa pagsapit ng Israel sa ganap na paglago at pamumunga nito, dumating si Jesus sa panahon ng isang krisis sa bansa para ibigay sa kanila ang ganap na pagkakilala sa Diyos at tulungan silang malaman ang tunay na kahulugan ng kanilang misyon bilang bayan ng Diyos. Abala naman ang mga Judio noon sa parahas at palubhang paglalaban-laban. At nang sabihin sa kanila ni Jesus, *"Maniwala o mapahamak,"* tinutukoy rin niya ang pagkawasak ng bansa: kakaunti nga ang naniwala at nawasak ang bansa.

At dinala naman sa ibang mga bansa ang mensahe at nagsimula ang panahon ng Bagong Tipan. Ang Iglesya ang naging tagapagturo ng lahat ng bayan na lumalago bilang mga bayan at mga Kristiyano. Pagsapit ng sangkatauhan sa isang antas (gaya ng nangyari sa bayang Judio), magkakaroon din ng bagong kamulatan ang Iglesya sa kahulugan ng Ebanghelyo at ito ang gagawing sentro ng lahat niyang pangangaral at pagkilos. Ngunit maaaring mangyari na tulad ng bayang Judio, tatanggihan ng marami ang pag-asang iniaalok ng Ebanghelyo. Kayat puwedeng magkaroon na naman ng krisis, at pandaigdigan na sa pagkakataong ito, kung saan malulubog sa karahasan at pagkamuhi ang sangkatauhan. Magkakaroon ng bagong panahon ng maalab na pag-eebanghelyo na pakikipagkasundo ang pangunang paksa: *"Maniwala o mapahamak."* At kapwa magwawakas ang Bagong Tipan at ang kasaysayan ng sangkatauhan sa pagdating ni Jesus.

hirapan at papatayin. Kamumuhian kayo
ng lahat ng bansa dahil sa aking panga-
lan. 10 Marami ang matitisod, ipag-
kakanulo rin nila at aawayin ang kanilang
mga kapatid. 11 Maraming huwad na pro-
peta naman ang lilitaw at magliligaw sa
maraming tao.

12 At dahil sa pagbaha ng kasamaan,
manlalamig ang pagmamahalan ng ma-
raming tao. 13 Ngunit maliligtas naman
ang makatatagal hanggang katapusan.
14 Ipahahayag ang ebanghelyong ito ng
Kaharian sa buong mundo para malaman
ng lahat ng bansa, at saka lamang
darating ang katapusan.

15 Kapag nakita ninyo na *nasa loob na
ng Banal na Lugar ang diyus-diyusan ng
manlulupig* ayon sa propesiya ni Propeta
Daniel (maunawaan sana ng bumabasa!),
16 magsitakas na sa mga bundok ang mga
nasa Judea.

17 Kung nasa bubungan ka, huwag ka
nang bumaba pa para magdala ng anu-
mang nasa bahay. 18 Kung nasa bukid ka,
huwag ka nang bumalik pa para kunin
ang iyong balabal. 19 Sawimpalad ang
mga nagdadalantao at mga inang nagpa-
pasuso! 20 Manalangin na hindi taglamig o
Araw ng Pahinga sa inyong pagtakas.

21 Sapagkat may mangyayaring ma-
tinding pagsubok sa araw na iyon; *wala
pang nangyayaring ganoon mula sa si-
mula ng daigdig* hanggang ngayon, at
hindi na mangyayari pa. 22 At kung hindi
iikli ang panahong iyon, walang mali-
ligtas. Ngunit paiikliin ito ng Diyos alang-
alang sa kanyang mga pinili. 23 Kaya hu-
wag kayong maniwala kung may magsabi
sa inyo: 'Tumingin ka, narito na ang Me-
siyas! Naroon siya!' 24 Sapagkat maram-
ing huwad na mesiyas at mga propeta ang
magpapakita at gagawa ng mga dakilang
tanda at mga kababalaghan, kahit na
dayain pa nila ang mga pinili ng Diyos,
kung maaari. 25 Ngunit ipinagpapauna ko
na ito sa inyo ngayon.

26 Kaya kung may magsabi sa inyo:
'Nasa ilang siya,' huwag kayong pupunta.
Kung sasabihin nilang 'Nasa isang tagong
lugar siya,' huwag kayong maniniwala.
27 Sapagkat gaya nga ng kidlat sa silangan
na kumikislap hanggang kanluran ang
pagdating ng Anak ng Tao. 28 At alam
ninyo ang kasabihan: 'Kung nasaan ang
katawan, doon nagtitipon ang mga bu-
witre.'

**Ang pagdating ng Anak ng Tao**
*(Mc 13:28; Lc 17:29)*

29 Pagkatapos ng kagipitan ng pana-
hong iyon, *magdidilim ang araw, hindi na
magbibigay ng liwanag ang buwan,
mahuhulog ang mga bituin* mula sa langit
at magigimbal ang buong sanlibutan. 30 At
makikita naman sa langit ang tanda ng
Anak ng Tao; *mananaghoy ang lahat ng
lahi sa daigdig at makikita nilang du-
marating na nasa ibabaw ng mga ulap ng
langit ang Anak ng Tao* na may Kapang-
yarihan at ganap na Kaluwalhatian. 31 Sa
pagtunog ng malaking trumpeta, ipada-
dala niya ang kanyang mga anghel para
tipunin ang mga pinili mula sa magkabi-
lang-dulo ng daigdig, mula sa silong ng
langit.

32 Matuto sa aral ng puno ng igos.
Kapag malambot na ang mga sanga nito
at lumilitaw na ang mga dahon, alam
ninyo na malapit na ang tag-init. 33 Ga-
yundin naman, kapag napansin ninyo ang
lahat ng ito, alamin ninyong malapit na,
nasa may pintuan na. 34 Talagang sinasabi
ko sa inyo na hindi lilipas ang lahing ito at
magaganap ang lahat ng ito. 35 Lilipas ang
langit at lupa ngunit hindi lilipas ang aking
mga salita.

36 Ngunit walang nakaaalam sa araw at
oras na Iyon kahit na ang mga anghel ng
Diyos o ang Anak; ang Ama lamang ang
nakaaalam.

37 Katulad ng nangyari sa panahon ni
Noe, gayundin sa pagdating ng Anak ng
Tao. 38 Noong mga araw na iyon bago
dumating ang Baha, kumakain at umi-

inom ang mga tao at nag-aasawa, hang-
gang sa araw na pumasok si Noe sa da-
ong. 39 Ngunit wala silang alam hanggang
dumating ang baha at tinangay silang
lahat. Ganoon din sa pagdating ng Anak
ng Tao. 40 Sa dalawang lalaking nasa
bukid, kukunin ang isa at iiwan ang isa.
41 Sa dalawang babaeng gumigiling ng
trigo, kukunin ang isa at iiwan ang isa.

**Maging handa**

42 Kaya magbantay kayo sapagkat
hindi ninyo alam ang araw ng pagdating
ng inyong Panginoon. 43 Isipin ninyo ito:
kung alam ng may-ari ng bahay kung
anong oras ng gabi darating ang mag-
nanakaw, magbabantay siya at hindi niya
pababayaang pasukin ang bahay. 44 Kaya
maging handa kayo sapagkat sa oras na
hindi ninyo inaasahan darating ang Anak
ng Tao.

45 Isipin ninyo ito: may tapat at matali-
nong katulong at sa kanya ipinagkatiwala
ng kanyang amo ang sambahayan nito
para bigyan sila ng pagkain sa tamang
oras. 46 Kung sa pagdating ng kanyang
amo ay matagpuan siya nitong tumu-
tupad sa kanyang tungkulin, mapalad ang
katulong na ito. 47 Talagang sinasabi ko sa
inyo na ipagkakatiwala sa kanya ng amo
ang lahat nitong pag-aari.

48 Sa halip ay nag-iisip naman ang ma-
samang katulong: 'Magtatagal ang aking
panginoon.' 49 Kayat sinimulan niyang
pagmalupitan ang mga katulong na ka-
sama niya samantalang nakikipagkainan
at nakikipag-inumang kasama ng mga
lasing. 50 Ngunit darating ang panginoon
ng katulong na iyon sa oras na di niya
inaasahan at sa panahong di niya alam.
51 Paaalisin niya ang katulong na ito at
pakikitunguhang gaya ng mga mapag-
kunwari. Doon nga may iyakan at pag-
ngangalit ng ngipin.

**Ang sampung abay na dalaga**

*(Mc 13:35; Lc 13:25)*

25 • 1 Tinutukoy ng kuwentong ito
ang mangyayari sa kaharian ng
Langit. Sampung abay na dalaga ang
lumabas na may dalang lampara para
sumalubong sa nobyo. 2 Hangal ang lima
sa kanila, at matalino naman ang lima pa.

3 Dinala ng mga hangal na abay ang
kanilang mga lampara nang walang reser-
bang langis. 4 Ngunit dinala naman ng
matatalino ang kanilang mga lampara na
may reserbang langis. 5 Natagalan ang
nobyo kaya inantok silang lahat at
nakatulog.

6 Ngunit nang hatinggabi na, may
tumawag: 'Dumarating na ang nobyo;

---

*KATAPATAN*

• **25.**1 Tatlong aspekto ng Paghuhukom ng Diyos ang inilalahad ng sumusunod na tatlong talinhaga. Para sa mga miyembro ng Iglesya ang una.

Inihahambing ang Kaharian ng Diyos sa isang kasalan na may ilang dalagang piniling umabay. At tulad nila, pinili rin tayo ng Diyos para ihanda ang pagiisandibdib ng Panginoong Jesus sa sangkatauhan.

Handa na ang mga dalaga para makipagkasalan. Pero wala pa ang Nobyo at lumipas ang panahon. Hindi bunga ng kapabayaan ng mga dalaga kaya sila inantok. Nangangahulugan lamang ito na tapos na ang panahon na iniisip nilang makapapasok sila nang walang problema. Ganito rin naman tayo sa simula ng ating paglalakbay sa pananampalataya, hindi natin makini-kinita na magkakaroon tayo ng mga pagsubok. Hindi naniniwala ang mga kabataan na kakailanganin ang lahat-lahat sa kanila balang araw para manatiling matapat sa kanilang komitment. Hindi nila namamalayan na sa paglipas ng panahon ay nagbabago rin ang kanilang mga pagtingin at pagsunod sa pananampalataya.

*Walang reserbang langis na dala ang mga hangal na abay.* Hindi nila iniisip na paunlarin ang kanilang kakayahan at isaayos ang kanilang buhay, o isakripisyo ang sarili o gumawa ng mga komitment na magpapatatag sa kanila. Ubos na ang langis para sa ilaw, ubos na rin ang pagpapaubaya ng sarili at ng lahat ng meron siya: ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig ay tulad ng apoy na namamatay kapag wala nang natitira na susunugin.

*Hindi ko kayo kilala.* Walang silbi sa atin ang pagpapabinyag o ang panahon ng taimtim na pagdedebosyon kung pagkatapos nama'y kuntento na tayo sa paulit-ulit at walang pagbabagong mga gawaing panrelihiyon. Katapatan at pagtitiyaga ang tanging hinihingi ng Diyos sa kanyang mga hinirang: ganito natin maililigtas ang mundo na naghahanap sa katotohanan sa lahat ng dako at hindi alam kung kaninong panginoon ipauubaya ang sarili.

lumabas kayo at salubungin siya!' 7 Na-
gising silang lahat noon at inihanda ang
kanilang mga lampara. 8 Sinabi ng mga
hangal sa matatalino: 'Bigyan naman
ninyo kami ng inyong langis dahil mahina
na ang ningas ng aming mga lampara.'
9 Sumagot ang matatalino: 'Baka kulangin
ang langis para sa amin at para sa inyo.
Mabuti pang pumunta kayo sa mga
nagtitinda at bumili para sa inyo.'

10 Nakaalis na sila para bumili nang
dumating ang nobyo; ang mga handa na
ay sumama sa nobyo sa kasalan, at
isinara ang pinto. 11 Pagkatapos ay saka
dumating ang iba pang mga dalaga at
tumawag: 'Panginoon, Panginoon, pag-
buksan kami!' 12 Ngunit sumagot siya:
'Talagang sinasabi ko sa inyo: hindi ko
kayo kilala.'

13 Kaya magbantay kayo sapagkat
hindi ninyo alam ang araw o ang oras.'

**Ang talinhaga ng mga talento**

*(Lc 19:12; Mc 4:25; 13:34)*

• 14 Ipagpalagay natin na may isang
tao, na bago mangibang-bayan ay tina-
wag ang kanyang mga katulong at ipinag-
katiwala sa kanila ang kanyang mga ari-
arian. 15 Limang talentong pilak ang ibi-
nigay niya sa una, dalawa naman sa isa
pa, at isa sa pangatlo, batay sa kaya ng
bawat isa. At saka siya umalis.

16 Agad na ipinagnegosyo ito ng naka-
tanggap ng limang talento at kumita ng
lima pa. 17 Nagnegosyo rin ang naka-
tanggap ng dalawa at kumita ng dalawa
pa. 18 Humukay naman sa lupa ang may
isang talento at itinago ang pilak ng
kanyang amo.

19 Pagkaraan ng matagal na panahon,
bumalik ang amo ng mga katulong na ito
at hiningan sila ng pagsusulit. 20 Kaya lu-
mapit ang nakatanggap ng limang talento
dala ang tinubong lima pang bareta, at
sinabi: 'Panginoon, ipinagkatiwala mo
ang limang bareta sa akin, at tingnan mo,
tumubo pa ako ng limang talento.'
21 Sumagot ang amo: 'Mabuti, mabait at
matapat na katulong; dahil naging tapat
ka sa kaunting bagay, pagkakatiwalaan
kita ng higit pa rito. Halika at makibahagi
sa kaligayahan ng iyong panginoon.'

22 Lumapit naman ang may dalawang
talento at nagsabi: 'Panginoon, ipinagka-
tiwala mo ang dalawang talento sa akin,
at ngayo'y tumubo pa ako ng dalawang
talento.' 23 Ang sabi ng amo: 'Mabuti, ma-

---

*MAGTRABAHO – MAGTIWALA SA SARILI*

• 14. Sa panahon ni Jesus, ang isang *talento* ay mga 35 kilo ng mamahaling metal. Pero sa talinhagang ito, ginagamit ni Jesus ang mga talento para ilarawan ang mga kakayahang bigay ng Diyos sa bawat isa sa atin. At mula noon, ganito na ang naging pagkaintindi ng mga tao sa salitang "talento".

Magtrabaho para sa ikatutupad ng Kaharian ang siyang paraan ng paghihintay dito. Kinakatawan ng utusang nagtago ng kanyang talento ang tamad o walang pakialam na ibinibilang ang kanyang pananampalataya sa mga mana ng pamilya, o ang duwag na hinding-hindi mangangahas na simulan ang mga bagay na magiging kapaki-pakinabang sa lahat. Kailangan ng Diyos ang pakikipagbayanihan ng lahat ng tao.

Sa ating pananampalataya tayo nagtatayo, sa ating pagtatrabaho, sa kakayahan nating umunawa sa kapwa. Ngunit panghabampanahon ang itinatayo natin sa daigdig. Kaya sinasabi ng Diyos: Pagkakatiwalaan kita ng higit pa. Magiging iba pa ang Katarungan ng Kaharian at ang dignidad ng tao, at iba pa rin ang mga kayamanang ipamamahagi. Nagtrabaho tayo sa kaunti at ilalagay tayo ng Diyos sa marami.

*Alam mo palang inaani ko ang hindi ko itinanim.* Lumalabas dito ang Diyos na parang isang among pinagsasamantalahan ang kanyang mga manggagawa. Ngunit kung may hinihingi ang Diyos sa tao, dahil ba ito sa may kung anong kailangan siya o dahil gusto niyang mapagtagumpayan natin ang ating sarili? Hindi matatanggap ng Diyos na maging mapurol ang ating diwa. Hindi nang-aapi ng mga tao ang mapaghanap na panginoong ito, gaya ng sinasabi ng ilan. Sa halip ay inoobliga niya silang kumilos.

Ang magtiwala sa Diyos ay magtiwala rin sa sarili. Maraming katangian at kakayahang ipinagkatiwala sa akin ang Diyos para sa kabutihan ng aking kapwa. At sa pagtanggap ko ng mga pananagutan na hindi natatakot sa mga puna o kabiguan, pagkakatiwalaan niya ako ng higit pa. Sapagkat marami ang di gumagamit sa kanilang mga talento. Posibleng balang araw ay ipagkatiwala sa akin ang isang trabahong wala akong kakayahan. At ano kung nagtakbuhan na ang mga may kakayahan? *Kunin ang talento sa kanya at ibigay ito sa iba.*

bait at matapat na katulong; dahil naging
tapat ka sa kaunting bagay, pagkakati-
walaan kita ng higit pa rito. Halika at ma-
kibahagi sa kaligayahan ng iyong pangi-
noon.'
24 Sa bandang huli, dumating ang
nakatanggap ng isang talento at nagsabi:
'Panginoon, alam kong mahigpit kang
tao. Inaani mo ang di mo itinanim at nili-
likom ang hindi mo ipinagnegosyo. 25 Na-
takot ako kaya itinago ko ang iyong
talento sa lupa. Heto ang sa iyo.' 26 Ngunit
sinagot siya ng kanyang amo: 'Masama at
walang kuwentang katulong, alam mo
palang inaani ko ang hindi ko itinanim at
nililikom ang hindi ko ipinagnegosyo.
27 Sana'y dinala mo sa bangko ang aking
pilak at mababawi ko ang sa akin pati na
ang tubo pagdating ko.

28 Kaya kunin ang talento sa kanya at
ibigay ito sa may sampu pa. 29 Sapagkat
sa sinumang meron, bibigyan pa siya at
magkakaroon nang sagana; ngunit ang
wala, maging ang sa kanya ay aagawin sa
kanya. 30 Para sa walang silbing katulong,
itapon siya sa dilim kung saan may iya-
kan at pagngangalit ng ngipin.'

**Ang huling paghuhukom**

*(Lc 9:26)*

• 31 Pagdating ng Anak ng Tao sa kan-
yang Kaluwalhatian kasama ng lahat
niyang mga anghel, uupo siya sa ma-
luwalhati niyang trono. 32 Dadalhin sa
harap niya ang lahat ng bansa at parang
isang pastol na inihihiwalay ang mga tupa
sa mga kambing, gayundin niya pag-
hihiwa-hiwalayin ang mga tao. 33 Ilalagay
niya ang mga tupa sa kanan niya at ang
mga kambing sa kaliwa.

34 Sasabihin ng Hari sa mga nasa kanan
niya: 'Halikayo, pinagpala ng aking Ama!
Manahin ninyo ang kahariang inihanda
para sa inyo mula pa sa simula ng daig-

---

*ANG PAGHUHUKOM SA MGA DI-KRISTIYANO*

• 31. Paano huhukuman ni Kristo ang isang bilyong taga-China na mga di naniniwala sa Diyos ayon sa kanilang batas? At paano naman ang 800 milyong Hindu? At ang mga Muslim at ang lahat ng iba pang mga tao na wala pang naririnig tungkol kay Jesus? Alam natin na kakaunti lamang sa daigdig ang mga Kristiyano. Tulad natin ngayon, iniisip din paminsan-minsan ng mga Judio noon ang nakakaraming bahaging ito ng sangkatauhan na hindi kabilang sa Bayang Pinili at hindi pa nakakakilala sa Diyos at sa kanyang mga pangako. Isang napakalaking grupo ng mga tao na handang lumamon sa kanila ang nakikita ng mga Judio, isang maligalig na daigdig na balang araw ay ipapatupad ng Diyos ang kanyang Batas. At tinatawag nilang *mga bansa* ang mga iyon.

Sa huling talinhagang ito ng Ebanghelyo ni Mateo, sinasagot ni Jesus ang mga pangambang iyon. Babalik siya bilang *Hari ng mga bansa.* Huhukuman niya ang lahat ng nakibahagi sa pambalanang patutunguhan ng sangkatauhan kahit na hindi nila nakikilala si Kristo. Sa katunaya'y hindi niya sila kailanman pinabayaan kundi inilagay niya sa kanilang tabi *ang maliliit na kapatid* nila bilang kanyang mga kinatawan.

Sino ang maliliit na ito? Ang mga Kristiyano kayang nabubuhay sa piling ng mga pagano? O baka naman ang lahat ng maliliit na nakikita natin sa iba't ibang bahagi ng lipunan? Ngunit narito si Jesus sa pamamagitan nila, sa mga pinakawalang-pakialam at di-naniniwalang kalagayan at hinuhukuman ang mga tao ayon sa pag-aasikaso nila sa maliliit na ito.

Inilalantad ni Kristo ang di-mabilang na gawa ng tao na nagtayo sa pinakamabuti sa ating sibilisasyon. At sa harap niya'y namamangha ang mga tao sa pagtingin sa Diyos na kanilang minahal o binale-wala sa katauhan ng kanilang kapwa. Hindi man naisip ng karamihan sa kanila ang kabilang-buhay, sa Paghuhukom ay ipakikita sa kanila ang Kahariang *inihanda mula pa sa simula ng daigdig* at ang tangi nitong batas: pag-ibig.

Walang *neutral* na lugar. *Ang apoy* ang larawan ng paghihirap ng mga nagpahamak sa kanilang sarili nang sarhan nila at patigasin ang kanilang puso hanggang hindi na nila magawang magmahal. Sa buhay nila'y nagwalang-kibo sila sa kasawiampalad ng mga itinakwil at nagugutom na kapatid nila. Ngayon nama'y sinusunog sila at pinahihirapan ng ningning ng Diyos na pag-ibig.

*Anuman ang gawin ninyo sa isa sa maliliit na ito na mga kapatid ko.* Tinutukoy ni Jesus ang pag-aasikaso sa ating kapwa, kaibigan man o kaaway, at hindi paglilingkod sa pamayanan o sa isang partido, o sa bansa sa kabuuan. Sapagkat ang bansa pati na ang partido o maging ang sangkatauhan ay mga kaisipan lamang ng tao na binubuo natin at binabaluktot ayon sa ating ideolohiya. Sa paggamit sa mga salitang ito, kadalasa'y hindi natin isinasama ang isang grupo ng ating mga kapatid na hindi natin kababayan o kalipi. Ngunit kinikilala naman ng tunay na nagmamahal ang kanyang mga kapatid nang walang masyadong pagpapahalaga sa mga etiketa: mga tao silang buhay at nabubuhay para sa Diyos.

Isa pang pagninilay sa pangungusap sa itaas: naki-

dig. 35 Sapagkat nagutom ako at inyong
pinakain, nauhaw ako at inyong pina-
inom. 36 Naging dayuhan ako at pinatuloy
ninyo ako. Nang ako'y hubad, dinamitan
ninyo ako; nang maysakit ako, binisita
ninyo ako. Nang ako'y nasa bilangguan,
dinalaw ninyo ako.'
37 At itatanong sa kanya ng mabubuti:
'Panginoon, kailan ka namin nakitang na-
gugutom at pinakain, nauuhaw at pina-
inom, 38 isang dayuhan at pinatuloy, at
walang suot at dinamitan? 39 Kailan ka na-
min nakitang maysakit o nasa bilangguan
at nilapitan?' 40 Sasagutin sila ng Hari:
'Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman
ang gawin ninyo sa isa sa maliliit na ito na
mga kapatid ko, sa akin ninyo ginawa.'
41 Pagkatapos ay sasabihin naman niya
sa mga nasa kaliwa niya: 'Mga isinumpa,
lumayas kayo sa harap ko tungo sa apoy
na walang katapusan na inihanda para sa
diyablo at sa mga anghel nito! 42 Sapagkat
nagutom ako at di ninyo binigyan ng
makakain, nauhaw at di ninyo pinainom,
43 naging dayuhan ako at di ninyo pinatu-
loy, maysakit at nasa bilangguan at di
ninyo binisita.'
44 Kaya itatanong din nila: 'Panginoon,
kailan ka namin nakitang nagugutom,
nauuhaw, dayuhan, hubad, maysakit o
nakabilanggo, at di ka namin pinagling-
kuran?' 45 Sasagutin sila ng Hari: 'Tala-
gang sinasabi ko sa inyo: anuman ang di
ninyo ginawa sa isa sa maliliit na ito, hindi
ninyo ginawa sa akin.'
46 At pupunta ang mga ito sa walang
hanggang parusa, ngunit sa walang hang-
gang buhay naman ang mga makatarungan."

**26** 1 Pagkatapos ni Jesus sa lahat
ng pangangaral na ito, sinabi niya
sa kanyang mga alagad: 2 "Alam ninyong
ipagdiriwang ang Paskuwa pagkaraan ng
dalawang araw at ibibigay naman ang
Anak ng Tao para ipako sa krus."
3 Nagtipon noon ang mga punong-pari
at mga Matatanda ng mga Judio sa
palasyo ng Punong-paring si Caifas. 4 At
nagkasundo sila na gumawa ng pakana
para hulihin at patayin si Jesus. 5 Ngunit
sinabi nila: "Hindi ngayon sa piyestang
ito, at baka magkagulo ang mga tao."

### Ang pagpapahid ng langis sa Betania

*(Jn 12; Mc 14:9)*

6 Nang nasa Betania si Jesus sa bahay
ni Simong ketongin, 7 isang babae ang
lumapit sa kanya, dala-dala ang isang
sisidlang may mamahaling pabangong-
mira. At ibinuhos niya ito sa ulo ni Jesus
na noo'y nasa hapag. 8 Pagkakita rito ng
mga alagad, nagalit sila at kanilang
sinabi: "Bakit sinasayang ito! 9 Ma-
ipagbibili sana ito sa malaking halaga at
maibibigay sa mga dukha."
10 Nang malaman naman ito ni Jesus,
sinabi niya sa kanila: "Bakit ninyo ginu-
gulo ang babaeng ito? Mabuting gawain
ang ginawa niya sa akin. 11 Ang mga duk-
ha'y laging nasa inyo pero ako'y hindi
laging nasa inyo. 12 Sa pagbubuhos niya
ng pabango sa aking katawan, inihanda
niya ito sa paglilibing. 13 Talagang sina-
sabi ko sa inyo: saan man ipahahayag
ang Ebanghelyong ito sa buong daigdig,
mababanggit din ang ginawa niya sa akin
bilang pag-alaala sa kanya."

---

kiisa si Jesus sa "pinakamaliit sa ating mga kapatid." May mahiwagang pakikiisa si Jesus sa lahat ng tao anuman ang kanilang kalagayan sa lipunan. Ngunit natatangi na presensya naman ni Kristo ang hatid ng pinakahamak nating kapwa – ang mga itinakwil, mga nagdurusa at mga api.

May kinalaman din sa atin ang sinasabi ni Jesus tungkol sa paghuhukom sa mga bansang di-Kristiyano. Pero magkakamali tayo kung ipagpipilitan nating sa talinhagang ito nalalahad ang kabuuan ng mga tungkuling-Kristiyano. Higit sa lahat, hindi tinapay at tubig at damit ang kailangan ng daigdig kundi ang katotohanan at pag-asang ipinagkatiwala ng Diyos sa kanyang bayang pinili. Magtataksil sa kanilang misyon ang mga Kristiyano kung hanggang sa pagtulong, pagpapabahay at iba pang paglilingkod na lamang sila mananatili, at nakakalimutan naman kung ano nga bang talaga ang buhay para sa sangkatauhan: una sa lahat ang pagkakilala at pagmamahal sa kanilang Panginoon. Ipinalalagay niyang sa kanya ginawa ang lahat ng gawin natin sa ating mga kapatid pero ayaw niya na ipagkamali natin siya sa kanila.

14 At pumunta sa mga punong-pari ang
isa sa Labindalawa, ang tinatawag na Ju-
das Iskariote, at sinabi: 15 "Magkano ang
ibibigay ninyo sa akin kung ibibigay ko
siya sa inyo?" Inalok nila ito ng tat-
lumpung baryang pilak, 16 at mula noon,
naghanap ito ng pagkakataong maipag-
kanulo siya.

**Ang huling hapunan**

*(Mc 14:12; Lc 22:7; Jn 13:1)*

17 Sa unang araw ng Piyesta ng Tinapay
na Walang Lebadura, lumapit kay Jesus
ang mga alagad at sinabi sa kanya: "Saan
mo kami gustong maghanda ng
Hapunang Pampaskuwa para sa iyo?"
18 Sumagot si Jesus: "Puntahan ninyo ang
lalaking ito sa lunsod at sabihin sa kanya:
'Sinasabi ng Guro: malapit na ang oras ko
at sa bahay mo ako magdiriwang ng
Paskuwa kasama ng aking mga alagad'."

19 At ginawa ng mga alagad ang lahat ng
iniutos ni Jesus at inihanda ang Paskuwa.

20 Pagkalubog ng araw, nasa hapag si
Jesus kasama ng Labindalawa. 21 Habang
kumakain sila, sinabi ni Jesus: "Talagang
sinasabi ko sa inyo: ipagkakanulo ako ng isa
sa inyo." 22 Lubha silang nalungkot at nagta-
nong ang bawat isa: "Ako ba, Panginoon?"

23 Sumagot siya: "Ang kasabay kong
nagsasawsaw ng tinapay sa plato ang
magkakanulo sa akin. 24 Patuloy sa kan-
yang daan ang Anak ng Tao ayon sa isi-
nulat tungkol sa kanya ngunit kawawa
ang nagkakanulo sa Anak ng Tao; mas
mabuti pa para sa taong ito kung hindi na
siya ipinanganak pa." 25 Nagtanong din si
Judas na magkakanulo sa kanya: "Ako
ba, Guro?" Sumagot si Jesus: "Ikaw na
ang nagsabi."

26 Habang sila'y kumakain, kinuha ni
Jesus ang tinapay, at matapos magpuri sa
Diyos, pinaghati-hati niya iyon at ibinigay
sa mga alagad habang sinasabing "Kunin
ninyo at kanin; ito ang aking katawan."
27 Pagkatapos ay kinuha niya ang kalis,
nagpasalamat siya at ibinigay sa kanila
habang sinasabi: "Inumin ninyong lahat
ito 28 sapagkat ito ang aking dugo, ang
dugo ng Tipan, na ibinubuhos para sa
marami, para sa ikapagpapatawad ng
mga kasalanan. 29 Sinasabi ko rin sa inyo:
hindi na ako iinom pa ng katas na ito ng
ubas hanggang sa araw na inumin kong
kasalo ninyo ang bagong alak sa kaharian
ng aking Ama."

30 At pagkaawit ng mga salmo, pumun-
ta sila sa Bundok ng mga Olibo. 31 At
sinabi ni Jesus sa kanila: "Matitisod ka-
yong lahat ngayong gabi dahil sa akin.
Sinasabi nga ng Kasulatan: *'Hahampasin
ko ang pastol at mangangalat naman ang
mga tupa ng kawan.'* 32 Ngunit pag-
kabuhay kong muli, mauuna ako sa inyo
sa Galilea."

33 Sumagot si Pedro: "Kahit na matisod
ang lahat dahil sa iyo: hinding-hindi ako
matitisod." 34 Sumagot si Jesus: "Tala-
gang sinasabi ko sa iyo: sa gabi ring ito
bago tumilaok ang tandang, tatlong beses
mo akong itatatwa." 35 Sumagot si Pedro:
"Kahit mamatay pa akong kasama mo,
hinding-hindi kita itatatwa." Gayundin
ang sinabi ng ibang mga alagad.

**Getsemane**

*(Mc 14:26; Lc 22:39)*

36 At nagpunta si Jesus na kasama sila
sa isang lugar na tinatawag na Getsemane
at sinabi niya sa mga alagad: "Maupo
kayo rito habang nagdarasal ako sa dako
roon."

37 Isinama niya si Pedro at ang dala-
wang anak ni Zebedeo, at nagsimula
siyang labis na mahapis at mamighati.
38 At sinabi niya sa kanila: "Labis na
kalungkutang parang kamatayan ang
aking nadarama. Manatili kayo rito at
makipagpuyat sa akin."

39 At pumunta siya sa malayu-layo pa
at napatirapa habang dinarasal: "Ama,
kung maaari, palampasin mo sa akin ang
kalis na ito. Ngunit hindi ang loob ko
kundi ang sa iyo." 40 At pagbalik niya sa

mga alagad, nakita niya silang natutulog,
at sinabi niya kay Pedro: "Hindi ba kayo
makapagpuyat na kasama ko nang kahit
isang oras lamang? 41 Magpuyat at manal-
angin para hindi kayo madaig ng tukso.
Talagang masigasig ang espiritu ngunit
mahina ang laman."
42 Umalis siya uli para manalangin nang
makalawa at sinabi: "Ama, kung hindi ito
lalampas at kailangan kong inumin, ang
kalooban mo ang matupad." 43 At sa pag-
balik niya, muli niya silang nakitang natu-
tulog; mabigat nga ang kanilang mga
mata. 44 Kaya muli niya silang iniwan para
manalangin nang makaitlo, na gayon din
ang sinabi.
45 At saka niya nilapitan ang kanyang
mga alagad at sinabi sa kanila: "Sige,
matulog kayo at magpahinga! Dumating
na ang oras at ibinibigay na ang Anak ng
Tao sa mga taong makasalanan.
46 Gumising na kayo at tumindig. Narito
na ang magkakanulo sa akin."

**Dinakip si Jesus**

• 47 Nagsasalita pa si Jesus nang duma-
ting si Judas na isa sa Labindalawa.
Marami siyang kasama na ipinadala ng
mga punong-pari at Matatanda ng bayan.
May dala silang mga tabak at pamalo.
48 Nagtakda sa kanila ang taksil ng isang
senyas: "Ang siya kong hahalikan, siya
ang tao, hulihin ninyo siya." 49 Kaya luma-
pit siya kay Jesus at sinabi: "Magandang
gabi, Guro," at hinalikan niya ito. 50 Ngunit
sinabi ni Jesus sa kanya: "Kaibigan, gawin
mo ang sadya mo rito." At nilapitan ng
mga tao si Jesus, sinunggaban at dinakip.
51 Hinugot naman ng isa sa mga kasa-
ma ni Jesus ang kanyang tabak; tinaga
niya ang isang katulong ng Punong-pari,
at naputol ang tainga nito. 52 Ngunit sinabi
ni Jesus sa kanya: "Ibalik mo ang iyong
tabak sa lalagyan nito; ang gumagamit
nga ng tabak ay sa tabak din mama-
matay. 53 Hindi mo ba alam na matatawag
ko ang aking Ama, at magpapadala agad
siya ng higit pa sa labindalawang hukbo
ng mga anghel. 54 Ngunit kung magka-
gayon, paano matutupad ang Kasulatan?
Ito ang nararapat mangyari."
55 Nang oras na iyon, sinabi ni Jesus sa
mga tao: "Isa ba akong tulisan at pumarito
kayong may mga tabak at pamalo para
hulihin ako? Nasa Templo ako araw-araw,
nakaupo sa piling ninyo at nagtuturo, at
hindi ninyo ako hinuli." 56 Nangyari nga
ang lahat ng ito para matupad ang sinabi
ng mga propeta. At iniwan siya ng mga
alagad at sila'y nagsitakas.

**Si Jesus sa harap ng Kataas-taasang Sanhedrin**

*(Mc 14:53; Lc 22:54)*

• 57 Dinala si Jesus ng mga humuli sa
kanya sa bahay ni Caifas na Punong-pari;
doon nagtipon ang mga guro ng Batas at
mga Matatanda ng bayan.

---

• **26**.47. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 14:43.

Ang *halik* ni Judas: sapagkat para sa isang alagad, ito ang karaniwang paraan ng pagbati sa kanyang guro.

*Hinugot ng isa ang kanyang tabak*. May dalang mga tabak si Pedro (Lc 23:38) na tulad ng ilan sa mga apostol ay naging kasama rin sa mga kilusang lumalaban sa pang-aapi ng mga Romano.

*Ang gumagamit ng tabak*. Hindi kinokondena ng pangungusap na ito ang mga sundalo at mga pulis na humahawak ng sandata sa daigdig na puno ng karahasan. Ngunit ipinahahayag ni Jesus na hindi lakas ang nagtatayo sa Kaharian ng Diyos o naghahatid sa buhay. Kamatayan ang lagi nitong inihahatid sa gumagamit nito kahit na ito ang hinihingi ng pagkakataon.

• 57. Dalawang akusasyon laban kay Jesus ang makikita natin. Ang una – *Magigiba ko* (b. 61) ay di totoo sa isang banda, pero tinutukoy nito ang mga salitang sinabi ni Jesus na papalitan ang Templo sa Jerusalem ng ibang relihiyon na sa kanya mismo nasesentro (Jn 2:19). At napakasubersibo nito.

Para sa mga Judio, wala nang mas sagrado pa kaysa Templo ng Jerusalem. At ang pag-atake sa Templo ay pagbabanta rin sa posisyon ng mga paring ang kapangyariha'y nakasalalay sa pangyayaring sila lamang ang makapagdiriwang ng pagsamba at pag-aalay ng mga handog sa Templo. Nagpayaman sila mula sa mga handog at buwis na ibinabayad ng mga tao sa Templo. Sa pagtatanggol sa mga bagay na banal, pinangangalagaan din nila ang sarili nilang interes.

[58] Sinundan siya ni Pedro sa malayo hanggang sa patyo ng Punong-pari; pumasok siya roon at nakiupo sa mga utusan habang hinihintay kung ano ang mangyayari.

[59] Naghahanap ang mga punong-pari at ang Kataas-taasang Sanggunian ng gawa-gawang patotoo laban kay Jesus para maipapatay siya. [60] Ngunit wala silang nakita kahit na maraming bulaang saksi ang nagprisinta. [61] Sa bandang huli, may dalawang humarap at nagpahayag: "Sinabi nito: Magigiba ko ang Templo ng Diyos at itatayong muli sa loob ng tatlong araw."

[62] At tumayo ang Punong-pari at sinabi sa kanya: "Wala ka bang maisasagot sa lahat ng ito? Ano ang patotoo nilang ito laban sa iyo?" [63] Ngunit nanatiling tahimik si Jesus.

Kaya sinabi sa kanya ng Punong-pari: "Iniuutos ko sa iyo sa ngalan ng Diyos na buhay, sabihin mo sa amin: ikaw ba ang Kristo, ang Anak ng Diyos?" [64] At sumagot si Jesus: "Sinabi mo. At sinasabi ko sa inyo: sa hinaharap ay makikita ninyo *ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanang kamay ng Makapangyarihang Diyos at dumarating na nasa ibabaw ng mga ulap ng langit."*

[65] Pinunit ng Punong-pari ang kanyang damit habang sinasabi: "Nilait niya ang Diyos! Kailangan pa ba ang mga saksi? Kayo na mismo ang nakarinig sa paglapastangang ito. [66] Ano ang inyong pasya?" Sumagot sila: "Kamatayan ang dapat sa kanya!" [67] At sinimulan nilang duraan at sampalin si Jesus, at sinapok naman siya ng iba [68] habang sinasabi: "Kristo, humula ka! Sino ang humampas sa iyo?"

**Itinatwa ni Pedro si Jesus**

*(Mc 14:66; Lc 22:56)*

• [69] Samantala, nakaupo naman sa labas si Pedro. Lumapit sa kanya ang isang batang utusang babae at sinabi: "Kasama ka ni Jesus na taga-Galilea." [70] Ngunit ikinaila niya ito sa harap ng lahat sa pagsasabing "Hindi ko naiintindihan ang ibig mong sabihin."

[71] Lumayo si Pedro at pumunta sa may pintuan. Nakita siya ng isa pang babae at sinabi sa mga naroon: "Kasama ni Jesus na taga-Nazaret ang taong ito."

[72] Ngunit makalawa niya itong ikinaila nang may panunumpa pa: "Hindi ko kilala ang taong iyon."

[73] Makaraan ang ilang sandali, lumapit naman kay Pedro ang mga nakatayo roon at sinabing "Isa ka nga sa mga taga-Galilea; halatang-halata sa iyong punto." [74] Ngunit nagsimulang magmura at manumpa si Pedro: "Hinding-hindi ko nakikilala ang tao." At noo'y tumilaok ang tandang. [75] At naalala ni Pedro ang mga sinabi ni Jesus: "Bago tumilaok ang tandang, tatlong beses mo akong itatatwa." At umalis siyang buong kapaitang umiiyak.

---

Tungkol naman sa ikalawang akusasyon na siyang mas mahalaga, tingnan ang paliwanag sa Mc 14:53.

*Nanatiling tahimik si Jesus.* Hindi dahil sa paghamak sa mga taong iyon na mga nasa kapangyarihan sa relihiyon, kundi dahil nakita niyang walang silbi ang makipagtalo sa kanila. Nanatili siyang tahimik taglay ang kapanatagan ng loob ng mga sa Diyos ipinapaubaya ang sariling kapakanan.

*Sinabi mo.* Dapat sigurong isalin ang sagot na ito ni Jesus: *'Yan ang sabi mo,* na ibig sabihi'y hindi sang-ayon si Jesus sa mga terminong ginagamit ni Caifas. Mga hari at mga tagapagligtas ng Israel ang tinutukoy ng ekspresyong *anak ng Diyos,* at si Jesus ang *Anak ng Diyos* na ibang-iba naman ang ibig sabihin. Kaya agad na tinutukoy ni Jesus ang sarili sa propesiya ni Daniel (7:13) na nagbabalita ng isang Tagapagligtas, ng isang Anak ng Tao na galing mismo sa Diyos mula sa kawalang-hanggan.

• 69. Lubos na nakapagtataka ang pagtatatwang ito ni Pedro. Kilala sa bahay ng Punong-pari ang kanyang kaibigang si Juan, at ipinakilala siya nitong kasama niya (Jn 18:16). Alam ng dalagita kung sino si Juan at wala siyang anumang sinasabi. Isang pahaging na salita lamang para kay Pedro. Wala namang nagbabanta sa kanya, kahit na ang mga lalaki, na maaaring pinagtatawanan lamang ang kanyang puntong probinsyano na taga-Galilea gaya ni Jesus! Pero sapat na iyon para magwala si Pedro at madapa.

**27** • 1 Kinaumagahan, nagpulong ang
lahat ng punong-pari at Matatanda
ng bayan tungkol kay Jesus para patayin
siya. 2 Kaya iginapos nila siya at ipinadala
kay Pilato na siyang gobernador.

### Ang kamatayan ni Judas

• 3 Nang malaman ni Judas, ang taksil,
na nahatulan na si Jesus, nagsisi siya at
isinauli ang tatlumpung baryang pilak sa
mga punong-pari at Matatanda, 4 at si-
nabi: "Nagkasala ako, ipinapatay ko ang
isang taong walang kasalanan." Sinabi
nila: "Ano ang pakialam namin diyan?
Problema mo iyan." 5 Kaya inihagis niya
ang pera sa Santuwaryo, saka umalis at
nagbigti.

6 Pagkadampot naman ng mga pari
sa pera, sinabi nila: "Hindi puwedeng isa-
ma ang perang ito sa kabang-yaman ng
Templo dahil halaga ito ng dugo." 7 Kaya
napagkaisahan nilang gamitin ang pera
sa pagbili sa Bukid ng Magpapalayok, at
gawin itong sementeryo ng mga dayuhan.
8 Kaya tinawag na Bukid ng Dugo ang
lugar na iyon hanggang ngayon.

9 Kaya natupad ang sinabi ni Propeta
Jeremias: *"Kinuha nila ang tatlumpung
baryang pilak, ang halaga ng hinalaga-
han ng mga anak ng Israel.* 10 *At ibinayad
nila iyon sa Bukid ng Magpapalayok,
gaya ng iniutos ng Panginoon sa akin."*

### Si Jesus sa harap ni Pilato

*(Mc 15:1; Lc 23:2; Jn 18:29)*

11 Tumayo si Jesus sa harap ng gober-
nador at tinanong siya nito: "Ikaw ba ang
Hari ng mga Judio?" Sumagot si Jesus:
"Ikaw ang nagsasabi."

12 Pinaratangan naman siya ng mga
punong-pari at Matatanda pero hindi siya
sumagot. 13 Kaya sinabi sa kanya ni Pila-
to: "Naririnig mo ba ang marami nilang
sakdal laban sa iyo?" 14 Ngunit hindi siya
umimik ni isa mang salita kaya nagtaka
ang gobernador.

• 15 May kaugalian sa Piyesta na pinala-
laya ng gobernador ang sinumang bilang-
gong gustuhin ng bayan. 16 At may tanyag
na bilanggo roon na nagngangalang Ba-
rabbas. 17 Sa kanilang pagtitipon, nagta-
nong si Pilato: "Sino ang gusto ninyong
pakawalan ko: si Barabbas o si Jesus na
tinatawag na Kristo?" 18 Alam nga niya na
ipinadala nila sa kanya si Jesus dahil sa
inggit.

19 Habang nakaupo sa hukuman si Pi-
lato, nagpasabi ang kanyang asawa:
"Huwag kang makialam sa matuwid na
taong iyan. Labis akong pinahirapan ng
panaginip ko kagabi dahil sa kanya."

20 Sinulsulan naman ng mga punong-
pari at Matatanda ang mga tao para hingin
si Barabbas at ipaligpit si Jesus. 21 Kaya
nang tanungin uli sila ng gobernador:
"Sino sa kanila ang gusto ninyong pala-
yain ko?", sumagot sila: "Si Barabbas."
22 Tinanong sila ni Pilato: "At ano ang ga-
gawin ko kay Jesus na tinatawag na
Kristo?" At nagsisagot ang lahat: "Ipako
siya sa krus!" 23 Ipinilit ni Pilato: "Ano ang

---

• **27.**1 Bakit kailangan pa ang ikalawang pagharap ni Jesus sa Sanhedrin o Kataas-taasang Sanggunian? Hindi nagkakaisa ang mga Ebanghelyo, at ang sumusunod ang malamang na nangyari:

Iniharap nang gabing iyon si Jesus kay Anas na dating Punong-pari; ang lima niyang anak na lalaki at ang kanyang manugang na si Caifas ang humalili sa kanya. Malakas pa rin ang kanyang impluwensiya sa mga punong pari, o mga pinuno ng mga angkan ng mga pari na pinagbabahaginan ang mahahalagang katungkulan gayong ayon sa Batas ay panghabambuhay ang pagiging Punong-pari. Hindi kumpleto ang Kataas-taasang Sanggunian dahil hindi legal ang magmiting sa gabi at hindi magkakasya sa bahay ni Caifas ang 71 miyembro ng Sanggunian. Kinaumagaha'y saka nagtipon ang Sanggunian. Ngunit para sa mga kaaway ni Jesus, ang pribadong pagsisiyasat ang pinakaimportante. Kaya sa lugar na ito inilalagay ni Mateo (26:57-64) at ni Marcos ang lahat ng alam nila sa paglilitis kay Jesus na talaga namang sa umaga naganap.

• 3. Agad na nawala sa eksena si Judas at namatay matapos maipagkanulo si Jesus. Ni hindi natin alam kung ano ang nangyari sa tatlumpung baryang pilak: tingnan sa Mga Gawa 1:18.

• 15. Ayon sa ilang napakatandang teksto ng Ebanghelyo ni Mateo, Jesus din ang pangalan ng

kanyang kasalanan?" Ngunit lalo nilang
nilakasan ang sigaw: "Ipako iyan sa krus!"

• 24 Nakita ni Pilato na wala siyang ma-
gagawa at baka magkagulo pa ang mga
tao. Kaya humingi siya ng tubig at nag-
hugas ng kanyang kamay sa harap ng
mga tao habang sinasabi: "Wala akong
pananagutan sa kanyang dugo. Kayo ang
mananagot." 25 At sumagot ang lahat:
"Mabuhos nawa sa amin at sa aming mga
anak ang kanyang dugo." 26 Kaya pina-
laya ni Pilato si Barabbas ngunit ipinaha-
gupit naman si Jesus at ibinigay para
ipako sa krus.

**Ang daan ng krus**

*(Mc 15:16; Lc 23:11)*

• 27 At ipinasok si Jesus ng mga sun-
dalo ng gobernador sa Pretorio o bul-
wagan, at tinawag ang buong hukbo sa
paligid niya. 28 Hinubaran nila siya at
dinamitan ng kulay-pulang balabal. 29 At
pumilipit sila ng isang koronang tinik,
ipinutong ito sa kanyang ulo at inilagay
ang isang patpat sa kanyang kanang
kamay. At saka sila lumuhod sa harap ni
Jesus at nilibak siya sa pagsasabing:
"Mabuhay ang Hari ng mga Judio!" 30 Di-
nuraan nila siya, kinuha ang patpat sa
kanyang kamay at inihampas ito sa
kanyang ulo.

31 Matapos nila siyang libakin, inalis
nila ang pulang balabal, isinuot sa kanya
ang sariling damit at inilabas para ipako
sa krus.

32 Paglabas nila, may nasalubong sila
na isang lalaking taga-Cirene na nagnga-
ngalang Simon, at pinilit nila siyang
pasanin ang krus ni Jesus. 33 Pagkarating
sa lugar na tinatawag na Golgota (o Kal-

---

tagapanggulo at Barabbas ang palayaw nito. Iniharap ni Pilato sa bayan na mamili kina Jesus na tinatawag na Barabbas at Jesus na tinatawag na Kristo.

• 24. *Humingi si Pilato ng tubig...* (b. 24). Para sa mga Judio, ang ginawang ito ni Pilato ay malinaw na pagpapahayag ng pagtanggi niyang maging hukom o tagausig ni Jesus (tingnan Dt 21:6; Slm 26:6).

• 27. Sa patyong nasa loob, na tinatawag na pretoryo, pinaglaruan ng mga sundalo si Jesus na nakikita ni Pilato at ng lahat ng taong naninilbihan sa palasyo.

*Isang koronang... ipinutong sa kanyang ulo* (b. 29). Malamang na mga tangkay ng halaman ang ginawa na parang helmet at saka pinuluputan ng mahahabang tinik.

Nalibang ang mga sundalo sa larong "bagsak-hari". Isang maladiyos na tao ang hari sa maraming kultura; at siya rin ang biktimang may pananagutan sa lahat ng masama. Kaya alam sa maraming lugar ang larong "bagsak-hari". May natagpuang tayl sa Jerusalem na may nakatatak na isang laro ng mga sundalo. Makikita rito ang pagdaan ng hari sa maraming pagsubok hanggang magtapos sa pagpatay sa kanya.

Tinotoo ng mga sundalo ang larong ito nang hindi namamalayan na totoo na pala ang kanilang ginagawa. Ang tagumpay ng mga Palaspas ang naghatid sa pagdakip kay Jesus. Ngunit ang kahihiyan naman ni Jesus ang naghatid sa kanya para maging haring nagliligtas sa lahat, gaya ng nasasaad sa matandang kasaysayan ni Josef (Gen 37-44) at mas matinding inilalarawan sa propesiya ni Isaias (52:13-53:12).

Tagapagligtas si Jesus sapagkat biktima siya. Winasak ni Jesus ang buong mekanismo ng karahasan sapagkat natiis niya ang pinakagrabeng karahasan nang hindi nagiging marahas. Ipinamalas ni Jesus ang kadakilaan at lakas ng Diyos sa kahihiyang kanyang dinanas. Tinipon ni Jesus sa kanyang sarili ang lahat ng kahihiyan ng mga walang kalaban-laban, ng mga itinakwil, ng mga biktimang pinagbubuntunan ng mga walang kinikilalang karahasan ng mga tao at ng kanilang mga pinuno. Pinasan ni Jesus ang kasalanan ng daigdig ayon sa ipinahayag ni Isaias. At mula noo'y wala nang makakatingin sa kanya nang hindi nadidiskubre ang sariling kasamaan at nagluluksa para sa kanya na kanilang biktima (Zac 12:12). Mula sa di-inaasahang pakikipagtagpong ito sa Diyos na hinamak at iniligpit, at kaibang-kaiba sa Diyos na sinasamba sa langit, aagos para sa mga tao ang bukal ng patawad at paglilinis (Zac 13:1).

*Pinainom nila siya ng alak na hinaluan ng apdo* (b. 34). Ayon kay Marcos, pinainom nila siya ng alak na mapait-na-matamis na inumin ng mga sundalo; may halo itong mira para maampat ang kirot. Maaaring inihanda ang inuming ito ayon sa kaugalian ng mapagkawanggawang kababaihan ng Jerusalem, na siya rin sigurong binabanggit ni Lucas sa 23:28. Pero *alak na hinaluan ng apdo* (napakapait at napakahirap inumin) ang sinasabi ni Mateo para ipahiwatig ang lahat ng pait na kailangang lunukin ni Jesus para sa atin, at para alalahanin din ang Salmo 69:22.

*Ipinako nilang kasama niya ang dalawang kriminal* (b. 38). Malamang na mga terorista rin silang gaya ni Barabbas na mga makabayang laban sa mga Romano. Maaari rin namang mga kasamahan sila ni Barabbas at binibigyang-diin ng pagbitay sa kanila ang kagandahang-loob na ginawa kay Barabbas. At dahil wala na si Barabbas, sa tabi ni Jesus sila mamamatay. Pero maaari rin namang kabilang sila sa mga tulisang

baryo) na ibig sabihi'y Lugar ng Bungo,
34 *pinainom nila siya* ng alak na hinaluan
*ng apdo.* Tinikman ito ni Jesus ngunit
hindi niya ito ininom.

35 Doon nila siya ipinako sa krus at
*pinaghati-hatian sa sugal ang kanyang*
*mga damit.* 36 At saka sila naupo para
bantayan siya. 37 Ipinaskel naman nila sa
ulunan niya ang nakasulat na sakdal
laban sa kanya: "Ito si Jesus, ang Hari ng
mga Judio." 38 Ipinako rin nilang kasama
niya ang dalawang kriminal, isa sa kan-
yang kanan at isa sa kanyang kaliwa.

39 Umiiling ang mga nagdaraan at iniin-
sulto siya: 40 "Aha! gigibain mo pala ang
Templo at itatayong muli sa loob ng
tatlong araw. Kaya iligtas mo ngayon ang
iyong sarili at bumaba ka sa krus kung
ikaw nga ang Anak ng Diyos!"

41 Pinagtawanan din siya ng mga
punong-pari, mga Matatanda at mga guro
ng Batas. 42 Sinabi nila: "Nailigtas niya
ang iba, at sarili niya'y di mailigtas! Bu-
maba ngayon ang Hari ng Israel mula sa
krus at maniniwala kami sa kanya. 43 *Nag-*
*tiwala siya sa Diyos kaya iligtas siya nito*
*kung mahal siya ng Diyos. Sinabi nga*
*niyang: Ako ang Anak ng Diyos."*

44 At ininsulto rin siya ng mga kriminal
na kasama niyang ipinako.

45 Mula tanghaling-tapat hanggang
hapon, nagdilim ang buong lupain.
46 Nang ikatlo ng hapon, sumigaw si Jesus
nang malakas: *"Eloi, Eloi, lamma sabac-*
*tani?"* na ang kahuluga'y *"Diyos ko, Diyos*
*ko, bakit mo ako pinabayaan?"* 47 Nang
marinig ito ng ilan sa mga naroon, sinabi
nila: "Tinatawag niya si Elias." 48 Tumak-
bo ang isa sa kanila, kumuha ng espong-
ha, isinawsaw ito sa suka, inilagay sa
patpat at *pinainom* siya. 49 Sinabi naman
ng iba: "Huwag, tingnan natin kung
ililigtas siya ni Elias."

50 Muling sumigaw si Jesus nang ma-
lakas at pinayaon ang espiritu.

**Ang pagkamatay ni Jesus**

• 51 Sa sandaling iyon, napunit mula
itaas hanggang baba ang kurtina ng
Santuwaryo; nayanig din ang lupa at
nabiyak ang mga bato. 52 May mga libi-
ngang nabuksan at may mga nabuhay sa
mga banal na yumao. 53 Lumabas nga sila
sa kanilang mga libingan matapos ang
pagkabuhay ni Jesus, at pumasok sila sa
Banal na Lunsod at napakita sa marami.

54 Lubhang natakot ang kapitan at ang
mga sundalong nagbabantay kay Jesus
nang makita ang lindol at lahat ng
nangyari, at sinabi nila: "Anak nga siya ng
Diyos."

55 May mga babae ring nagmamasid
mula sa malayo; sumunod sila kay Jesus
mula sa Galilea at naglingkod sa kanya.
56 Kabilang sa kanila sina Maria Magda-
lena, Mariang ina nina Jaime at Jose, at
ang ina ng mga anak ni Zebedeo.

**Ang paglilibing kay Jesus**
*(Mc 15:42; Lc 23:50; Jn 19:38)*

57 Nang magtatakipsilim na, dumating

---

nagnanakaw sa mga pa-Jerusalem sa kaburulan ng Palestina.

*Ito ang Hari ng mga Judio* (b. 37). Para kay Pilato at para sa mga tao, isang makabayang lider na may tangkang mamuno sa pagpapalaya mula sa pagkaalipin ng mga Romano ang tinutukoy ng ekspresyong ito.

Ang mga Judio ang bayan ng Diyos at niloob ng Ama na maugnay sila sa natatanging paraan sa pagliligtas ni Kristo. Sa katunaya'y dumanas sila ng maraming pagsubok at pag-uusig. Maraming walang salang Judio ang nagdusang gaya ni Jesus, nang hindi naniniwala sa kanya, pero nananalig sa mga pangako ng Diyos at sa Paghahari ng Katarungan. Si Jesus nga ang Hari nila.

Ang mga letrang I.N.R.I. (na nababasa natin sa mga krusipiho) sa Latin ay mga unang titik ng Jesus Nazareno, Hari ng mga Judio.

• 51. Sa pagbangon ni Jesus mula sa kamatayan, binigyang-interpretasyon ang ilang aparisyon ng mga patay bilang isang tanda ng katuparan ng mga propesiya nina Daniel (14:4) at Zacarias (12:12) tungkol sa Araw ng Kaligtasan. Nangangahulugan din ito na "nanaog sa mga patay" si Jesus bago siya muling nabuhay, o pinuntahan niya ang mga kaluluwa ng lahat ng mabubuting taong naunang namatay kaysa kanya at naghihintay sa kanya para makapasok sa presensya ng Diyos.

ang isang mayamang taga-Arimatea na
nagngangalang Jose, alagad din siya ni
Jesus. 58 Lumapit siya kay Pilato para
hingin ang katawan ni Jesus, at iniutos
naman ng gobernador na ibigay ito sa
kanya. 59 Kaya kinuha ni Jose ang kata-
wan ni Jesus, binalot sa malinis na telang
linen 60 at inilibing sa bago niyang libingan
na inuka sa bato. Pinagulong niya ang
isang malaking bato sa bukana ng libi-
ngan at saka siya umalis. 61 Nakaupo
naman si Maria Magdalena at ang isa
pang Maria sa harap ng libingan.

**Ang mga bantay sa libingan**

62 Nang sumunod na araw (na kasunod
ng paghahanda sa Paskuwa), sama-
samang pumunta kay Pilato ang mga
punong-pari at mga Pariseo, 63 at sinabi sa
kanya: "Natatandaan po namin ang sinabi
ng sinungaling na iyon na 'Babangon ako
pagkatapos ng tatlong araw.' 64 Kaya
pabantayan ninyo ang libingan at baka
dumating ang kanyang mga alagad at
nakawin ang katawan at sabihin sa bayan
na 'Nabuhay siyang muli.' Mas masahol
pa ang huling pandarayang ito kaysa
una." 65 Sinagot sila ni Pilato: "Hayan ang
mga tanod, ayusin ninyo ang pagbaban-
tay ayon sa palagay ninyo." 66 Kaya pu-
munta sila at pinabantayan ang libingan;
tinatakan ang bato at pinabantayan.

**Napakita si Jesus sa mga babae**
*(Mc 16:1; Lc 24:1; Jn 20:1)*

**28** • 1 Kinahapunan ng Araw ng Pahi-
nga, sa paglabas ng unang bituin,
sa unang araw ng sanlinggo, pumunta sa

---

*ANG IGLESYANG MULING NABUHAY*

• **28.**1 Binabanggit ng ebanghelista si Maria Magdalena at ang isa pang Maria na ina ni Jaimeng Maliit, na kamag-anak ni Mariang ina ni Jesus. Bago pa sila dumating sa libingan, *bumaba* na *ang Anghel ng Panginoon:* isa itong paraan sa Biblia para sabihing may naganap na supernatural na pagpapahayag. Pero walang sinuman siyempre, kahit na ang mga guwardiya, na nakakita kay Kristo na lumalabas sa libingan. Hindi makikita ang Kristong muling nabuhay kung hindi niya ito loloobin.

Makikita siya ng mga babaeng *naghahanap* sa kanya; hindi siya hinahanap ng mga sundalo at mga pinuno kayat hindi nila ito maiintindihan.

*Nakasalubong nila si Jesus sa daan* (b. 9). Maliwanag na pinagsasama ni Mateo ang dalawang magkaibang pangyayari: ang isa'y ang pagkadiskubreng walang laman ang libingan, at ang isa nama'y ang sumunod na pangyayari na pagpapakita ni Jesus kay Maria Magdalena na isinasalaysay sa Juan 20:11-18.

*Sabihin na pumunta sila sa Galilea* (b. 10). Bakit sinasabi ni Jesus ang pagtatagpong ito kung magpapakita naman siya sa araw ding iyon sa Jerusalem? (Tingnan sa Lucas 24:13-42.) Medyo malabo nga.

Maaaring pinagsama-sama ng ebanghelista ang iba't ibang pagpapakita para pasimplihin ang pagsasalaysay sa mga ito. Ngunit sa lahat ng ito'y panahon ang kailangan ng mga alagad para maniwala sa Pagkabuhay at medyo maintindihan ito.

Pagkatapos ng dalawang pagpapakita sa Jerusalem, kung saan sila sinikap na kumbinsihin ni Jesus na hindi siya multo o espiritu, kakailanganing umuwi sila sa kanilang probinsya at kapaligiran, na malayo sa kapitolyong ito na nagbigay sa kanila ng sakit at sugat ng kalooban, para maisaloob ang bagong karanasang ito. Magpapakita si Jesus sa Galilea sa naiibang paraan, ipauunawa sa kanila na niluwalhati na siya at hindi tulad ng dati ang kanyang buhay ngayon.

Isang babae, si Mariang taga-Magdala, ang maghahatid ng mensahe para sabihin na sa Iglesya'y hindi sa mga awtoridad manggagaling ang lahat. Nakikipagugnay ang Diyos sa sinumang gusto niya, ibinibigay ang mga mensaheng propetiko sa mga karaniwang tao at mga babae.

Ang pagkabuhay ni Kristo ang pinakasentro ng Ebanghelyo, pero napakaikli naman ng pagkakasalaysay dito ni Mateo. Bakit? Dahil nang sulatin ni Mateo ang kanyang Ebanghelyo, ang Pagkabuhay para sa mga unang taon ng Iglesya ay napakaimportanteng pangyayari at napakahiwaga para isulat. Kaya dapat itong ipahayag at patotohanan ng Espiritung gumagawa sa mga pamayanang Kristiyano.

Iba ba ang sitwasyon natin ngayon? Hindi ang isang makapangyarihang Iglesya ang tamang nangungusap tungkol kay Kristong Muling Nabuhay kundi isang Iglesyang Muling Nabuhay. Kung ang Iglesya ay nasa sitwasyon na para bang wala nang pag-asa ng kaligtasan para sa kanya ngunit muli siyang nabubuhayan ng loob sa kapangyarihan ng Diyos, kung parang sa kamatayan papunta ang Iglesya sa bawat salinlahi dahil sa matatandang istruktura nito, mga pagbabago sa daigdig o malakihang pag-uusig ngunit binibigyan naman siya ng Panginoon ng panibagong sigla at bagong mga apostol sa bawat salinlahi – ang Iglesya, kung gayon, ay saksi na muli ngang nabuhay ang Panginoon at binigyan siya nito ng kapangyarihang muling mabuhay.

Higit na maipahahayag ng mga pamayanang Kristiyano ang pagkabuhay kung magpapatuloy sila, halimbawa, sa kabila ng pagkawala ng kanilang mga lider, kung sinasalungat ng mga may mapurol na diwa at masasama ang pinakamahalaga nilang mga apostol,

libingan si Maria Magdalena at ang isa
pang Maria para tingnan ang libingan.
2 Walang anu-ano'y lumindol nang ma-
lakas at bumaba mula sa langit ang
Anghel ng Panginoon at nilapitan ang
bato,pinagulong ito at naupo roon. 3 Pa-
rang kidlat ang kanyang mukha at simputi
ng niyebe ang kanyang damit. 4 Nanginig
naman sa takot ang mga bantay at naging
parang mga patay.

5 Sinabi ng Anghel sa mga babae: "Hu-
wag kayong matakot; alam kong hina-
hanap ninyo si Jesus na ipinako sa krus.
6 Wala siya rito; binuhay siya ayon sa
kanyang sinabi. Tingnan ninyo ang lugar
na pinaglibingan sa kanya. 7 Pumunta
kayo agad ngayon at sabihin sa kanyang
mga alagad na muli siyang nabuhay at
mauuna sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo
siya roon. Ito ang mensahe ko sa inyo."

8 Agad nilang iniwan ang libingan na
natatakot at labis na nagagalak, at tu-
makbo sila para balitaan ang kanyang
mga alagad.

9 Nakasalubong nila sa daan si Jesus at
sinabi niya: "Kapayapaan." Paglapit sa
kanya ng mga babae, niyakap nila ang
kanyang mga paa at sinamba siya. 10 Si-
nabi naman ni Jesus sa kanila: "Huwag
kayong matakot. Humayo kayo at sabihin
sa aking mga kapatid na pumunta sila sa
Galilea; doon nila ako makikita."

11 Samantalang pabalik ang mga ba-
bae, nagbalik naman sa lunsod ang ilang
mga bantay at ibinalita sa mga punong-
pari ang lahat ng nangyari. 12 Nakipag-
usap naman ang mga ito sa mga Mata-
tanda ng bayan kaya kumuha sila ng
sapat na halaga at ibinigay sa mga
sundalo, 13 at tinagubilinan silang "Sabihin
ninyong dumating nang gabi ang kanyang
mga alagad at ninakaw ang katawan
habang natutulog kayo. 14 Kung mabali-
taan ito ng gobernador, kami ang bahala
sa kanya at hindi kayo magkakaprob-
lema." 15 Tinanggap ng mga sundalo ang
pera at ginawa ang itinuro sa kanila; at
laganap pa hanggang ngayon ang kuwen-
tong ito sa mga Judio.

**Isinugo ni Jesus ang mga apostol**

• 16 Pumunta naman sa Galilea ang

---

kung nagdurusa ang komunidad ngunit hindi pa rin nawawalan ng kaligayahan sa kabila nito.

*PAG-EEBANGHELYO – ANG TRINIDAD*

• 16. Isinugo ni Jesus ang kanyang mga apostol para ebanghelyuhin ang mundo. *Ngunit may nag-aalinlangan pa.* Binubuod dito ni Mateo ang mga huling pagpapakita ni Jesus. Hindi lahat ng alagad (ang Labing-isa at ang iba pa) ay agad na naniwala sa Pagkabuhay ni Jesus.

*Gawing mga alagad ang lahat ng bansa.* Tulad ng mga gurong Judio ng kanyang panahon, isang grupo ng mga alagad na nabuhay na kasama niya ang tinipon ni Jesus. Kilala ng guro ang kanyang mga alagad at kilala naman ng mga alagad ang kanilang guro sa sama-samang pamumuhay sa araw-araw. Ganito rin sa ngayon: nangangahulugan ng pagbabahaginan at pagsasamahan ang pag-eebanghelyo.

Gusto ni Jesus na magkaroon ng mga alagad sa lahat ng bansa pero gusto rin niyang umunlad sa kultura at lipunan ang mga bansang iyon sa pamamagitan ng pagbabago ng mga taong naniwala.

Gusto ni Jesus na magkaroon ng mga alagad o mga taong sumusunod sa kanya bunga ng isang personal na desisyon para ipailalim sa kanya ang kanilang pag-iisip, mga paniwala, mga sukatan at mga desisyon.

Ang pag-eebanghelyo ay pagtulong sa kapwa na pagnilayan ang nakaraan hanggang sa makilala niya kay Kristo, sa pagkamatay at muling pagkabuhay nito, ang katotohanang nagbibigay-liwanag sa kanyang buhay. Ganito ang ginawa ni Jesus, ipinakita niya sa kanyang mga apostol na ang kanyang kamatayan at pagkabuhay ang ipinahahayag ng kabuuan ng Biblia at ng lahat ng nagdaang karanasan ng kanilang lahi (Lc 24:27-44).

Ang mga naniwala ay bibinyagan sa iisang *Pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo,* ang Tatlong Personang itinuro sa atin ni Kristo. Inisa-isa niya siyempre ang Tatlo dahil hindi ang Anak ang Ama at hindi ang Espiritu Santo ang Anak; sa kabila nito'y iisang Diyos lamang ang Tatlo. Sa pagpasok sa Iglesya, ang mga binyagan ay papasok sa pakikipagbuklod sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Ang Iglesya, una sa lahat, ay pagkakabuklod.

Nabanggit na natin sa Mateo 6:9 na tinutukoy natin sa *Ngalan ng Diyos* ang kapangyarihan niyang ipagkaloob ang sarili at gawin tayong kanyang mga anak.

Tingnan sa Mga Gawa 19:5 ang tungkol sa binyag sa *Ngalan ng Panginoong Jesus.*

Binabanggit dito ni Jesus *ang mga utos* niya sa Iglesya. Ngunit wala siyang ibinigay na ano pa mang mga utos liban sa mga ito na nalalaan nga sa pagtataguyod at pagpapatatag sa pamumuhay sa pagkakabuklod.

*Kasama ninyo ako sa lahat ng araw.* Inisip ng

Labing-isang alagad, sa bundok na itinak-
da ni Jesus. 17 Pagkakita nila sa kanya,
sumamba sila, ngunit may nag-aalinla-
ngan pa.
18 At nilapitan sila ni Jesus at sinabi:
"Ibinigay sa akin ang buong kapang-
yarihan sa langit at sa lupa. 19 Kaya hu-
mayo kayo at gawing mga alagad ang
lahat ng bansa. Binyagan sila sa Ngalan
ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo,
20 at turuan sila na sundin ang lahat ng
iniutos ko sa inyo. Kasama ninyo ako sa
lahat ng araw hanggang sa wakas ng
panahon."

---

unang henerasyon ng mga Kristiyano na hindi magtatagal at babalik na si Kristo. Pero nang maisulat na ang Ebanghelyo, naintindihan nila na hindi pa sumasapit ang kasaysayan sa wakas nito. Ganap na ibinuklod at ipinangako ni Jesus ang kanyang sarili sa Iglesya ng kanyang mga apostol tulad ng pagbubuklod at pangangako ng Diyos sa kanyang sarili noon sa bayang Israel.

Iba ang Iglesya Katolika sa iba pang mga iglesyang Kristiyano dahil mga apostol ni Jesus ang nagtatag nito. Tanging siya lamang ang nakadaramang obligadong manatiling nagkakaisa sa mga kahalili ng mga apostol, ang mga obispo. May mga pagkakataong mahirap panatiliin ang pagkakaisa at pagpapatuloy na ito, lalo na't parang mas madali pang magtayo na lamang ng isang bagong komunidad na nireporma sa tabi nito. Ngunit ang pagsunod na ito sa kalooban ng Ama ang siya ring paraan ng pagdalisay at pagpapatatag ni Jesus sa ating pananampalataya. Si Jesus nga at siya pa rin ang "Panginoon" ng patutunguhan ng "kanyang" Iglesya.

Sumasakanya si Kristong Diyos at Panginoon sa mapapait at mabubungang karanasang gusto nitong pagdaanan niya. Bilang Iglesyang naglalakbay, naglalakbay siya sa mga daan-dantaon hanggang sa wakas ng panahon at ng gawa ng kaligtasan.